"Eh, ano kase eh... Si Barium kasi!!!! Kinuha yung number ko!!!!" sabi ni Khas habang nag ngingingiti... Sabi na e... May gusto nga 'to kay Barium!

"Binigay mo naman?" tanong ko na lang...

"Ah... Oo naman!!! Sabi nga nila... Grab the Opportunity!!!!" sabi n'ya...

"Eh?" yun na lang yung nasabi ko. Grabe naman 'tong si Khas. Walang pakipot epek?

Nga pala, nandito kami sa clinic. Sa halip na si Khas ang samahan ko, ako ang sinamahan nya...

Kase naman! Lintek na kutse yun! Uurong pala hindi pa nadelay! Muntikan tuloy akong mahagip buti na lang tinulak ako ni---- Ayyy! Wala akong sinasabe! = \_\_\_\_\_ =

Hindi na kami umattend ng YEHEY! COLLEGE ALGEBRA!!! >:D

Excuse na daw kami tatal, LUMPO ako kunwari at kailangan ng BANTAY kunoh.

Kung tinatanong nyo kung malaki yung sugat ko. Hindi naman gaano... Mga kasing laki lang ng isang ordinaryong platito! Napakiskis kaya sa semento! =\_\_\_\_=

"Aika, sweet naman ni Tungsten!!! Binuhat ka pa papunta dito!!! Yeee!!!" nabaling tuloy sakín yung usapan. Naman e! Wag gay-on! =\_\_\_\_=

"Sweet ka dyan! Tingnan mo nga! Sinugatan ako!!!" sabi ko sabay turo dun sa sugat na may benda...

Bale ganito nga pala yun, may UNIFORM kami nuh! Sa boys, Naka Coat sila tapos may necktie then pants. Sa mga babae naman, naka blouse tapos may blazer tapos skirt. Gets?

Kaya ayoon. Napakiskis yung tuhod ko. Nakaskirt ako e.

Ito namang si Khas, sa halip na tumingin sa tuhod ko, nagtext na lang. Di na ako kinausap! Meganun?!

"HOY! Sino yang katext mo?!" tanong ko sa kanya...

"Ah, eh... Si Barium! ^\_\_\_\_\_^" sabi n'ya. Tek, ang lapad ng ngiti!

Pinabayaan ko na lang tatal, dun s'ya masaya... Supportive friend here! >:D

Pagkatapos naming tumambay sa clinic.

LABASAN na!!! HAHAHA. >:D

Alam n'yo yung feeling na, ginamit mo yung pagiging lumpo mo para maexcuse sa klase! HAHAHA >:D Ako yun e! Nadamay ko lang si Khas. >:D

Tinext naman nitong si Khas sina Danna at yung iba pa... Pinadala na lang yung bag sa clinic.

Pagkadala nung bag, kinamusta lang ako nina Danna, ano daw nangyare? At ayoon, kinuwento ni Khas. Pati yung pagkuha ni Barium ng number nya napasama! =\_\_\_\_= at yung... Awkward na pagbuhat sakín ni Tungsten!

Pagkatapos nun umuwi na kami sa aming mga bahay bahay...

Ito palang sina Danna at Khas, nagboboarding house, malayo daw house nila sa school e... So ayoon, hinatid ni Tyrone.

Si Myka, hinatid ni Luke. Yiiiiee! Wala ako sa mood kiligin. Sensya.

Sina Camcam at Xenon naman sabay din. Pati yung si Neon ba yun?

Bale, wala akong kasama...

HEH! Ano ba naman yun? Lahat sila may partner. So no choice. Mag-isa ako.

Eh? Teka ako yung lumpo dito! Pakigawan naman ng paraan! Lul! Hoho~

So ayoon nga, buti may nakaramdam na ako ay LONER at yun ay si seatmate LUKE! >:D

So nagpasya (eeh? Ansaveeh ng napasya! Lalim!), so nagpasya na nga sila ni Myka na ihahatid daw ako! Yey! >:D

Mayaman 'tong si Luke. May car s'ya! Impeyrness...

Si Xenon naman, may car din!

Pati si Tyrone meron din naman...

K, sila na ang mayaman! Waaaah! HAHAHA >:D Makikisabay lang.

Pagkahatid sakín nina Luke at Myka, pumasok na ako sa house...

Bale, ang tao lang sa house ay AKO. Wala pa yung kapatid ko. As mentioned earlier, may kapatid ako! Si Ayame. Girl Version ni Nickel.

Si Father, busy yun! Kulang na lang wag umuwi dito sa bahay at magtayo ng sarili nyang bahay sa opisina n'ya. Remember, he is a LAWYER.

Si MOTHER naman nasa Eternal Gardens Cemetery. Remember, she's already resting in peace.

Bale, si Father namin ni Ayame, mga once a week lang nauwi dito. Busy talaga e. Pag Sunday lang s'ya nandito. Eh sakto pa naman! Sunday ROTC ako so parang wala din. =\_\_\_\_\_ =

So balik sa bahay. Para maiba ang settings, nasa bahay ako! At ang tuhod ko ay pagang paga pa din so manunuod muna ako ng TV. >;D

Boring manood ng TV so maglalaptop na lang ako! Facebook mode. >:D

Nga pala, hindi ko ugaling magpalit agad ng uniform pagkauwi! HAHA. >:D

Ninanamnam ko ang presensya ng aming Uniform hanggang gabi!

So, balik sa FACEBOOK mode.

Browse. Browse. Browse!!!

Wew. May 6 friend requests ako, 5 notifications at walang nag-message. Eeh? Meganun?!

Binuksan ko yung Friend requests...

Bale ang mga nag-add ay sina...

Camella Sy

Luk Estrella

Ma Ysabelle Kairah Atienza

Tryone Oliver Matias

Danna Eloise Niva

Khasella Aleya Tiangco

Sina FRIENDS! So CONFIRM lahat tapos...

Merong pa palang group invitation...

Ito yung mga nakalagay...

**Tungsten's Fansclub** (Tungsten's Angels) – 5869 members

**Barium's Fansclub** (The Ba Fanatics) – 4756 members

**Xenon's Fansclub** (Xe Crusaders) – 3695 members

**Neon's Fansclub** (Neon Lighters) – 2596 members

**Nickel's Fansclub** (Mr. Cutie Nerd Believers) – 1896 members

At isang FANPAGE invitation:

**The Chemical Element Gods** (The Casanova Supporters) – 18812 Likes

Ako: O \_\_\_\_\_ O Waaah?! Sikat pala sila nuh?!

Well, di na ako magugulat! Pinagkakaguluhan kaya sila sa school nuh! = \_\_\_\_\_ =

Hindi ko na tiningnan pa kung anong mga nagaganap sa mga page nila at eep! Hindi ako nagjoin at di ko din ni LIKE yung fanpage nila! Yae sila!

Nagtingin tingin lang ako sa mga profile nina Danna, Khas at nina Tyrone... Bale, naka "In a Relationship" sina Tyrone at Danna. Si Khas naman "It's Complicated". Eeh?! Padali ba ga! HAHA >;D

Yun namang profile ni Luke naka "It's Complicated", yung kay Myka naka "Single" at yung kay Camcam ay naka "Engage?", pero walang nakalagay kung kanino? Eep! Showbiz! >;D

At ako naman, walang nakalagay kung SINGLE, IN A RELATIONSHIP o MARRIED, WIDOWED, DIVORCED o IT'S KOMPLIKADO! Pede naman diba? Hoho~ Pake ba nila? XDD >;D

Mayamaya, nirefresh ko yung page. Malay mo may bago diba?! ;D

Pagkarefresh ko, may bago nga! Eep! May isang friend request! :D

Tiningnan ko kung sino...

Bale si...

O\_\_\_\_O

Si Lady Vana Corpuz. Ayy! Si cute little girl! So confirm agad! :D

Mayamaya, may nagpop out sa chatbox.

Lady Vana: Hi ate Aika!!! Miss you! :\*

Eeh?! Namiss ako ni Cute Little Girl! So nireplyan ko na lang...

Aika Tiffany: Hello Cute Little Girl! Miss ka na din ni Ate! :\*

Nagchatchat lang kami... Biruin n'yo? Ke bata bata pa, marunong ng mag FB! Wew! Kunsabagay. Richkid/Richgirl. ^\_\_\_\_^

Pagkatapos kong mag laptop, pinatay ko na! Haha. Bale 5pm pa lang. Ambagal pala ng oras nuh?!

Mayamaya, dumating na si kapatid! >;D May kasama na din ako sa wakas!!!

Kapatid ko nga pala, si Ayame Tamia Evangelista. 4<sup>th</sup> year high school sa SS International School. Bale, isa yun sa pinakasikat na school dito sa aming lugar kasi mga englishera daw mga napasok dun e. International School kasi. Well, hindi naman englishera 'tong kapatid ko. Waimik nga to e. For short, DEADMA type. Pero pag nasa mood, kinakausap ako n'yan. Likas na mahinhin at tahimik lang. ^\_\_\_\_\_^

Diba nga? Girl Version ni Nickel. So Ayoon. Welcome Home Sister! >;D

Pumasok si Ayame ng bahay, eep! Di ako pinansin, sabi ko sa inyo e. Deadma yan!

Well, hayaan na lang natin si Kapatid. Pagod siguro?! = \_\_\_\_\_ =

"Ate, samahan mo 'ko sa mall..." –Ayame.

Kakasabi ko lang sa inyo e, so hindi pala s'ya pagod! HAHA. >;D

Umoo na lang ako, eep! Minsan lang kasi yan magyaya e.

As I've said, hindi ko ugaling magpalit agad ng pambahay, ninanamnam ko muna yung uniform namin so umalis na kami ni kapatid ng naka uniform pareho! ;)

Parehong sikat yung school namin dito sa aming lugar. Pang mayayaman daw kasi yung pinapasukan namin pero wala kaming care. Basta nakakapag-aral kami, yun ang mahalaga! ^\_\_\_\_\_^

Pagkadating namin sa mall, well, sakay lang kami sa taxi. May car din naman kami, kaso walang drayber.

Nakalimutan kong itanong kay Ayame kung anong bibilhin n'ya. Naman e...

"Yame... Anong bibilhin mo?" tanong ko sa kanya...

Di ako pinansin. Eep! Ganyan talaga ang kapatid ko, hayae na.

Sinundan ko na lang s'ya kung saan s'ya pupunta...

Bibili lang pala ng starbucks! Di agad sinabe. = \_\_\_\_\_ =

Pero teka. O\_\_O

STARBUCKS!?

Konting info:

Alam n'yo ba na napunta lang si kapatid sa starbucks pag may mabigat na dinadamdam or something like that. Basta pag may problem, dito s'ya napunta!



Yun lang ang ipinunta namin sa mall, ang "Starbucks".

Tumambay lang kami sa starbucks ni kapatid, may problema nga ata 'to pero di ko na tinanong. Bale mga 7pm na. Eep! Sabi nga nila, wag magpagabi sa daan so...

Wag n'yo kaming gagayanin ha! >:D

Mayamaya, may nagtext sakin...

From: Danna

Ui Aika! May gagawin ka ba now? Nagyaya kasi si Camcam! Punta daw tayo sa TCEC, treat daw n'ya! Kasama din sina Luke at Myka! Sama kana! Hanggang 10pm lang naman tayo dun e! Please? Reply. Asap. Sunduin ka namin! :">

-message ends here-

Eep?! Ano daw? TCEC??? Ano yun?!

Napatingin ako kay Ayame... Nakatingin lang si Kapatid sa kawalan. Eh? Lagi naman nuh! = \_\_\_ =

Pupunta ba ako? Eh, hello! Paga pa kaya ang tuhod ko!

"Yame... Ah, eh... Kasi... Alam mo ba yung TCEC?" tanong ko kay Ayame, bale "Yame" yung tawag ko sa kanya...

Napaganito naman s'ya: ;?

Ano kayang expression yun?

"Bakit?" tanong niya...

"Kasi, yung klasmeyt ko, nagyayaya. Punta daw kami dun ngayon. Treat nila... kaso..." sabi ko sa kanya. Teka? Parang nagpapaalam ako ke kapatid e.

Nagbago yung facial expression n'ya, naging ganito: = \_\_\_ =

"E di pumunta ka... Pero dapat, kasama ako... = \_\_\_ =" -Yame.

Eeh?! Ano daw????!!!

Sama? As in sasama??!!! Teka???

Kapatid ko ba talaga 'to!?

Eep. Kaso, yung tuhod ko! Paga pa e!

Pero, si kapatid. Makiki join sakín for the first time!

So, sabi nga ni Khas. Grab the Opprtunity! Hoho~

TInext ko sina Danna, sabi ko Ok, pero kasama ko si kapatid...

Pumayag naman sila... Mas ok daw ang marami...

Umuwi muna kami sa bahay... Nagpalit ng damit. Random ako ngayon so kung anong makuha ko e s'yang susuutin...

Ano ba kasi yung TCEC???!?!!

San ba yun???!?!!

Baka mamaya formal place yun tapos ako naka jeans at bolero lang...

Tss...

Bumaba na ako...

Pagtingin ko kay Ayame. Wow! Bunggahan!

Nakamake-up pa ang kapatid ko, teka. Kapatid ko ba talaga 'to???!!

Para kasing nag-iba yung hitsura n'ya e... = \_\_\_\_\_ =

Parang hindi e. Tss. Bahala na.

Dumating na sina Danna, sinundi kami. >:D Free ride again! >;D

Pinakilala ko si Ayame sa kanila...

Si kapatid naman bigla na lang bumait? Eh? Nangyayari dito?

Bale, kumpleto kaming magfefe-friends here. Si Camcam daw nandun na sa TCEC.

Tinanong ko sina Danna kung saan at ano yung TCEC, alam n'yo reply nila sakin...

"Basta!". Eeh? Naman?! Nuh daw?

Tumigil na bigla yung car, siguro, nandito na kami...

Dun sa TCEC...

Isa-isa na kaming bumaba, Eeh? Red Carpet lang?

Pagtingin ko sa harap...

O \_\_\_\_\_ O

Ano yan?!

**[TCK 3.2]\***

**(Aika's POV)**

Eeh?! Ano yan?!

**"The Chemical Element Club" (TCEC)**

"Club?" napanatong ako bigla.

"Oyes Aikii!!!" sabi ni Danna. Huh? Ano daw? Aikii? Bagong tawag sakin? Aikii? Loka. Pampagulo pa e...

Pumasok na kami dun sa The Chemical Element Club daw?

Ano bang ginagawa namin sa isang club aber?

Sinalubong kami ni Camcam, treat n'ya remember?

"Ate, punta lang ako dun..." sabi ni Ayame sakin sabay punta dun... Ee? San ba yung dun?

"Hi guys! Kayo lang? ^ \_\_\_\_ ^" bungad sa'min ni Camcam.

"Yep, bale kasama ni Aika yung sisteret n'ya..." -Danna.

"Ah, eh. Camcam, may pinuntahan lang saglit..." sabi ko kay Camcam. San ba kasi nagsuot si Ayame? = \_\_\_\_\_ =

"Ah, sige. Ano bang suot ng kapatid mo? Sasabihin ko na lang sa guard na papasukin if ever na bumalik..." sabi ni Camcam.

"Ah, naka pedal s'yang brown then a leather jacket..." sabi ko sa kanya...

Si Camcam naman napaganito: O.O?  
Ano daw yun?

After a few seconds natauhan na naman ata, bigla na lang umimik...

"Ah? Manong guard, d'you hear that? So, pag may nakita kang girl na naka BROWN na PEDAL at LEATHER JACKET, papasukin mo ha. ^ \_\_\_\_ ^ So guys, shall we?" tapos nun, pumasok na kami sa loob. Papapasukin naman siguro si Ayame nuh?

Dinescribe ko na sa guard ii...

"Camcam! Si Luke din e, may bibilhin lang daw saglit..." sabi naman ni Myka...

"Eh? Ano naman daw?" tanong ni Camcam.

"Ah, di ko alam e... Basta si Luke, nakapants at Polo Shirt lang, kulay red. ^ \_\_\_\_ ^" -Myka.

"Ah, gurad. Isang guy nan aka Polo shirt na red at pants din huh? Papasukin n'yo..." sabi ni Camcam.

So ayoon nga...  
Pagkapasok namin.

Grabee... Ang ingay naman dito! = \_\_\_\_\_ =

*(Now Playing: Remix Music)*

Mayamaya, pinaupo na kami ni Camcam dun sa isang reserved na table dun sa may kaliwa...

"Huy, Danna? Ano bang meron? Bakit tayo pinapunta dito ni Camcam?" tanong ko kay Danna.

"Huh?! ANO?! Di kita mapakinggan?!" -Danna. = \_\_\_\_\_ = Eh? Naman!? Binge.

Medyo nilakasan ko yung volume ng pag imik ko... Lakas ng sounds e...

"Anong meron?! Bakit tayo ininvite ni Camcam dito?!" tanong ko sa kanya. High Pitch pa.

"Ah?! Yun ba?! Ipapakilala daw ni Camcam yung isa pa n'yang SUITOR!!!" –Danna na medyo pasigaw pa...

"Ah! Ok!" ipapakilala lang naman pala e... So ayoon, nanahimik na ako sa kinauupuan ko...

Sino naman kaya yung isa pang suitor ni Camcam?

For sure, no match yun kay Xenon! Bait nun e. ^ \_\_\_ ^

Boto agad?

Mayamaya dumating na si Camcam kasama yung suitor n'ya ata?

O \_\_\_\_\_ O –kaming lahat.

"Ah, guys. Meet my suitor, Hmm..." –Camcam.

"Hi."

"TUNGSTEN?!" kaming lahat in koro. Kelangan sabay sabay e. Lul!

"Oo, ako nga bakit?" sabi naman ni Tungsten? Eh? Kelan pa yan naging friendly? = \_\_\_\_\_ =

"S'ya yung suitor mo Camcam?!" Khas na may sprakling eyes pa...

"Yes. ^ \_\_\_ ^" –Camcam na may pagmamalaki. Eeh?! Wag mong sabihing mas gusto mo yan kay Xenon?! Naman?!

"Guys, order muna tayo ha... I'm thirsty na e. Waiter?!" –Camcam.

After umorder ni Camcam which is puro alcoholic beverages na hindi ko naman hilig inumin, nagsasayaw na sila sa dancefloor.

Nasa Club kami e. Remember?

Party dance yung tugtog. Sina Danna, Khas at Tyrone, nandun sa may gitna. Sinakop nilang tatlo ang dancefloor.

Sina Camcam at Tungsten naman, lumipat dun sa may isa pang reserved table, may pinag-uusapan ata? Future nila? Lul! De ah.

Nakakapagtaka lang, nandito si Tungsten pero wala si Barium. Wew. Bago. Share lang.

Si Myka, here, katabi ko, si Luke kasi hindi pa nabalik. Pati yung kapatid kong si Ayame nawala na din.

Nasan ba yung dalawang yun? Impossible namang magkasama yun kasi, di naman si close noh! Kakakilala pa lang kanina sa car e.

Party Party pa din yung sounds. Anong magagawa, nasa club e?

\*\*\*

**(Myka's POV)**

Nasan na ba si Luke? >:(

Sabi n'ya may bibilhin lang daw s'ya e. Nasan na yun? :(

Nag-excuse ako kay Aika, sabi ko pupunta lang akong CR.

Kami lang kasing dalawa yung natira dun sa seat.

Ang bad ko naman ata? Dadalawa na lang kami iniwan ko pa si Aika.

Eh hahanapin ko si Luke e. Kasi naman. Boyfriend ko nawawala! Ayt. O.O

Ssh! Atin-atin lang yun ha. Yes. Kami na po ni Luke. ^\_^

Secretly Committed to each other. Ayoko kasi malaman nila e. Saka na lang. :)

Ayun nga, iniwan ko si Aika. Hahanapin ko kasi si Luke e.

Lumabas ako ng TCEC. Nasan naman kaya yun?

Yung kapatid din ni Aika nawawala. Hindi kaya? Magkasama sila?

Hindi naman siguro! Di naman sila close e. Tsaka may tiwala ako sa bf ko...

Lumiko ako sa may likuan, syempre. Eh. Kornii.

Medyo madilim.

Nakita ko si boyfriend, nasa may tindahan!

May binibili nga ata. Eeh?

Nilapitan ko s'ya...

\*\*\*

**(Luke's POV)**

May binili lang naman ako! Yung gf ko talaga... May pagsunod pa e. ^ \_\_\_\_\_ ^

[A/N: The longest POV ever! HAHAHA. Anong say n'yo? >:D ]

\*\*\*

**(Ayame's POV)**

Bakit pa ba ako sumama dito?

= \_\_\_\_\_ =

Boring. Makauwi na nga lang...

Nakasalubong ko yung Myka at Luke, nagpaalam ako sa kanila...

Uuna na ako. Boring. = \_\_\_\_\_ =

[A/N: Isa pa 'to sa pinakamahabang POV na ginawa ko. HAHAHA. Anong say n'yo? >:D ]

**[TCK 3.3]\***

**(Aika's POV)**

Party's OVER! = \_\_\_\_\_ =

Sa wakas! Natapos din.

So, si Tungsten pala yung isa pang suitor ni Camella?

Eep. E di sila na... = \_\_\_\_\_ =

Malas ni Camcam! HAHAHA.

Back to reality. Nandito na naman ako sa bahay. Sabado ngayon. Bale, wala namang maganda nangyari sa buong linggo ko nuh.

Aral-Tambay-Shopping-Uwi ng Bahay. Ganyan lang.

Pagkatapos nung party sa club na eep! Ako lang mag-isa ang nagdusa kasi naman, si Myka, iniwan ako kasi hinanap si Luke. Yun namang kapatid ko, inunahan akong umuwi, tapos sina Camcam at Tungsten naman may sariling mundo, tapos sina Danna, Khas at Tyrone naman, nagsasayaw lang, so for short, ako ay nagdusa. = \_\_\_\_\_ =

Basta nagdusa ako! Iwanan ba naman daw mag-isa.

Pero after that party alam n'yo ba, nagwalk out si Camcam!

Hindi nga namin alam kung bakit e.

Tapos parang si Tungsten, hindi naman nililigawan. Mga Lul lang nuh?!

Siguro, di type ni Tungsten si Camcam?

O kaya naman, turn off si Tungsten kay Camcam.

Eeh?! Hayae sila! HOHO~

Bale, sabado nga ngayon, bukas linggo meaning ROTC. Kasama ko sa bahay itong si Ayame.

Naglalaptop ako tapos naga-ipod lang s'ya...

Si Ayame nga pala, bumalik sa pagiging deadma! Eeh? Itong kapatid ko may pagka BIPOLAR. = \_\_\_\_ =

Bale...

Browse lang ng browse.

Facebook mode! >:D

Online sina Danna, Khas at Camcam!

Pati si Lady Vana online din. ^ \_\_\_\_\_ ^

Pinindot ko yung recently news tatal naipon na yung mga bagong status.

Ito lang naman ang mga status:

Danna Eloise Niva: "Because there is no reason for me to leave you. It is just that I love you. ♥"

Heh!? Ate gumaganun na?! Yeee! Inlove mats 'to kay Tyrone n'ya... LIKE!



Khasella Aleya Tiangco: "Waaaah! MU na kami ni --- Yhiieeee!!! Kilig talaga ako! Like n'yo nga ito! <3"

For sure si Barium yun! Ano pa nga ba!? Pinindot ko yung LIKE, napag-utusan. Hoho~ Lol. >:D

Camella Erina Sy: "B\*tch PLEASE! Sh\*t! If you wanna die, FLIRT HIM! >\_<"

Huh? May problema ba si Camcam?

Nagcomment ako sa status n'ya...

Commentan lang kami.

Aika: Prob?

Camcam: Yea?

Aika: Ok lang yan. ^ \_\_\_\_\_ ^

Camcam: Not in mood, pero sana nga. Thanks.

Aika: Np. :)

Ano daw?! Walang kwenta nuh?!

Hoho~ >:D

Bigla na lang nagchat si Lady Vana...

Lady Vana: Ate Aika ko! Bored me here! Punta ako senyoo!!! Please?! :(

Huh? Ano daw? Si Lady Vana? Punta here? Ee? ^ \_\_\_\_\_ ^

Kunsabagay, miss ko na ang batang iyan! Weeee!

Aika: Sige baby sister. Punta ka dito?

Lady Vana: Opo ate!!! Pahatid ako kay kuya a! San po ba ang inyo? ^ \_\_\_\_\_ ^

Aika: Hmm. Dito sa S.Ville Subd., Magnolia St. 3<sup>rd</sup> house mula sa kanto. Yung kulay pink! >:D

Lady Vana: Sige po ate! Punta me dyan ah! Now na! Babye!!! >:D

At ayoon nga, nag log out na si Lady Vana pero teka.

Eep! Pahatid daw sa kuya n'ya e! Sino naman kayang kuya yun?! Sana naman wag si Tungsten! Mabwibiwiset lang ako pag yun naghatid sa kanya e! >:( Yung tuhod ko kasi! Nagka SCAR dahil n'ya. T\_\_\_\_T

Mayamaya lang, may nagdoorbell...

Tatayo na sana ako pero naunahan ako ni Ayame...

Binuksan n'ya yung door, then gate.

Nakasilip lang ako sa bintana. Di nga ako nagkamali...

Si Lady Vana yung dumating! At ang naghatid! Si NICKEL! >:D Waaaaah! Walang Tungsten! Yes!

Pinapasok naman sila ni Ayame. Aba, mga bisita ko yan nuh! >:)

"Ate, bisita mo..." sabi ni Ayame sabay upo dun sa may harapan ng laptop ko. Sige, dyan ka muna!

"Hello ate Aika ko!!!" sabi ni Vana.

"HELLO! Miss ka na ni Ate!!! ^\_\_\_\_^" sabi ko sa bata! >:D Ang cute!

"Sige Vana, sunduin na lang kita mamaya ha..." sabi ni Nickel tapos tumingin kay Ayame.

Eeh?! Kung makatitig sa kapatid ko! Type mo si Ayame nuh?! Hoho! Ang hyper ko ata ngayon ah! >:D Ang cute kasi ni Vana!!! >:D

"Sige kuya! Babye!!!" sabi ni Vana then tinaboy na si Nickel.

So ayoon, nandito kami ni Vana sa living room. Nandito din si Ayame kaso DEADMA naman yang kapatid ko e. Bipolar kasi!

"Ate, sino s'ya?" tanong sa kin ni Vana sabay turo kay Ayame.

"Ah... Kapatid ko si Ayame... ^\_\_\_\_^" sabi ko kay Vana.

"Ah! Ate, pede ko din s'yang tawaging Ate?!" tanong ni Vana.

"Ah... Eh... Oo naman! Hehe..." sabi ko kay Vana.

Mayamaya, lumapit si Vana kay Ayame...

"Hi Ate Ayame!!! ^\_\_\_\_^" -Vana.

Tiningnan lang s'ya ni Ayame. =\_\_\_\_=

Nakuh! Baka umiyak si Vana! Ayaw ng batang yan na dinedeadma sya.

"Huy ate!" kulit ni Vana kay Ayame.

Hindi pa din pinapansin...

Bumalik na lang si Vana sa tabi ko...

"Ate, bakit ang taray ni Ate Ayame? :( " tanong nya sakín, parang sad.

"Eh, yaan muna! Haha. Ganyan lang talaga yan... EMO!" sabi ko kay Vana.

"Ah. Ganun pu ba? Hehe. Sige ate. Laro na lang tayo ha!" -Vana.

Naglaro lang kami...

"Ah, Vana. Bakit nga pala, ang bilis n'yong nakapunta dito? Eh, kakachat ko pa lang sa'yo, nandito ka na agad?" tanong ko kay Vana.

"Eh kasi ate! Taga d'yan lang naman kami sa Cattleya St. Eh! Magkasubdivision lang kaya tayo! Hehe. :D" sagot sakín ni Vana.

Eeh?! O\_\_\_\_O

Ganun? Magkasubdivision lang kami?!

Edi meaning, kasubdivision ko din si Tungsten?!

Syempre. Kapatid nuh...

Naglaro lang kami ni Vana, sarap naman magkaron ng bebe sister! >>D

Si Ayame deadma pa din. Parang may niresearch na kung ano...

Mayamaya, bigla na lang umimik si Ayame...

"Ate, gaano mo kakilala si Camella?" tanong n'ya...

Huh? Bakit? Ano naman kayang naisipan nitong kapatid ko.

Layo ng tanong sa reality...

"Ah... Classmate ko lang s'ya... Actually, kakakilala ko pa lang e... Bakit?" sabi ko sa kanya...

"Wala..." yun lang ang sagot n'ya... Eep! Napaka Deadma talaga nitong si Ayame. = \_\_\_\_ =

"Ate, sino po pinag-uusapan n'yo?" tanong ni Vana.

"Ah... Yung classmate ko bebe, si Camella. ^ \_\_\_\_ ^" sabi ko sa kanya...

"Yun po bang Camella Erina Sy?" tanong ni Vana...

Eeh? Bakit kilala ni Vana 'tong si Camcam?!

"Oo bebe. Bakit mo s'ya kilala?" tanong ko sa kanya... Nagtataka ako e...

"Ah. Kasi halos araw-araw nasa bahay s'ya e! Kinukulit si Kuya Tungsten!" sabi ni Vana.

"Huh? Bakit? Paanong kinukulit???" tanong ko sa kanya... Well, I'm so curious na talaga...

"Kasi ate, alam mo ba, patay na patay yun kay kuya!!! Si papa naman botong boto dun kay Camella!!! Naiinis nga ako dun sa Camella!!! S'ya na yung nanligaw kay kuya!!!" sabi ni Vana parang inis.

"Oh, chill lang baby girl... Sige, kwento ka pa..." sabi ko. HAHAHA. Interesting e! Si Camcam, s'ya yung nanligaw kay Tungsten? HAHAHA! >:D

"Bale ganito po kasi yun ate e... Dapat si kuya Tungsten manligaw sa kanya... blahblahlah\*\*\*\*\*" sabi ni Vana.

Kinuwento n'ya kung anong mga nangyari sa personal nilang buhay! HAHA. Eep. Naghimasok na ako e...

So ayoon, kinuwento ni Vana na for Business daw yun... Damay pati si Xenon. Kaya naman pala nililigawan nun si Camcam...

Sabi na e... Parang may ano... May...

Yung sinabi ko dati...

Parang may kakaiba! Wala silang chemistry. HAHA. >:D Yun yun e!

Tapos sabi pa ni Vana, haling na haling daw si Camcam kay Tungsten...

Eeh? Sa hitsurang yun ni Camcam? Kunsabagay, di ko pa naman s'yang lubos na kilala. Tsaka, HINDI nagsisinungaling ang BATA! Tandaan! >:D

So ayoon, ang dami kong nalaman... Masama daw ugali ni Camcam sabi ni Vana...

Eep? Para namang hindi s'ya ganun samin e... Pag kaming magfefefriends... Parang ang bait-bait nya tapos medyo mahinhin...

"Ate, lalabas lang ako..." sabi ni Ayame...

"Pasaan ka?" tanong ko.

"Bibiling pagkain... Wala ka atang balak pakainin yang bisita mo... Tanghali na kaya... Gutom na pati ako..." sabi ni Ayame. Ayy! Concern din naman pala 'to sa amin e! Pasimple pa! HAHA. >:D

"Sige! Sarapan mo ha! Kung ano mang bibilhin mo!" sabi ko sa kanya... At ayoon, umalis na si Ayame...

Pagkabalik n'ya, medyo natagalan pa nga e... Kumain na kami nung binili n'ya... Sosyal! PIZZA for lunch. >:D

Pagkatapos nun, kami ni Vana, naglaro, kwentuhan at kung ano ano pa...

Si Ayame, pumunta na lang sa kwarto nya... Dinala pa nga yung laptop ko e... Ano naman kayang niresearch nun...

Mga 5pm na, sinundo na ni ehem... BARIUM! Si Vana... May ginagawa daw sina Nickel at Tungsten kaya s'ya na yung sumundo...

Eeh? Si Nickel at Tungsten? CLOSE?!

Di nga?!

Then after nun...

Natapos ang Saturday! Hoho~

Ang dami kong nalaman...

Yeee. Camcam... Haling kay Tungsten! HAHAHA >:D

Uy, sikreto lang yun! XDD

Wag n'yo ipagkakat ha... Masisira ang reputasyon ng anak ng may-ari ng aming school! Lul! >:D

## **[TCK 4]\* -- The "TUNGSKA" Fans/Haters?**

### **(Tungsten's POV)**

"Sige na Nickel!!! Gawin mo na!!! P\*ta naman! Alam ko namang may gusto ka sa napakakulit na babaeng yun!!!!" sabi ko kay Nickel.

"Ayoko nga... tsaka halata namang ikaw gusto nun..." --Nickel.

"HEH! Torpe!" sabi ko sa kanya. Lintek na lalaki 'to... Napakatorpe! Ay hindi nga ako tatantanan ng lintek na Camella na yun! Tae naman ni Xenon! Sa akin tuloy nagkagusto si Camella! Nagsabwatan pala yung dalawa!! Pagseselosin daw ako? Eh. Mukha nila! Asa namang magselos ako sa mga yun...

"Nickel! Dali na naman!!! P\*ta! Tulungan mo na ako!!!" sabi ko kay Nickel...

"Kuya naman! Hindi naman kasi ako katulad mo e... Di ako showy..." –Nickel.

O\_\_\_\_\_O

Eh?! Bading!!! Bading!!! Bading!!!

"P\*ta! Nickel, wag gay-on! Bading!!!" sabi ko sa kanya...

Nag-iba yung aura n'ya...

"Oh? Bakit di ka nagsasalita?! BADING!" sabi ko sa kanya. HAHAHA >;D

"Hindi ako bading! Shet! Ano bang gagawin?! Lintek na!" –Nickel.

Waaaaaaaah! Nagmura s'ya! HAHAHA. Tagumpay Tungsten, sa wakas! After 1234596789453132 years! Napa- Oo mo na din s'ya!

"O-oo din naman pala e. Hindi pa kanina!" sabi ko sa kanya then sabay akbay. Bale. FC ako ngayon kay Nickel. Aba! Kelangan ko ng tulong n'ya. Kulitin ba naman daw ni Camella Homes! Lul. De joke. Wag tatawa! Syempre, kung may Villa Estrella, may Camella Homes! Lul! = \_\_\_ = nagpahabol pa...

Bale, ee! Lintek na babae yun! Masyado obsess saakin! Biruin n'yo. Nireject ko na nga s'ya sa club! Hindi ko na nga s'ya pinahiya nung sinabi n'yang manliligaw n'ya ako tapos ayon, masyado dinbdib. Pushaaa naman oh! P\*ta! Nakipagsabwatan pa kay Xenon! >;( mga shet!

Bale, inexplain ko na kay Nickel kung anong gagawin n'ya... Ako na ang bahala. Basta ligawan lang n'ya si Camella at magkagusto sa kanya, di ga't okay na?!

Wala ngayon si Vanadium. May pinuntahan, nagpapahatid pa nga saakin kanina e. Sabi ko na lang may ginagawa ako. LOL.

So, kay Nickel s'ya nagpahatid. At ngayon, si barium yung susundo. San naman kaya nagpunta ang maliit na nilalang na yun? Batang bata pa. Gala na ng gala.

Si Camella, tuwing gabi, dito naagdidinner! Feel at home ga! Nakakasura e!

So ayoon nga, pinagplanuhan namin ni Nickel, mula mamaya, poporma na s'ya kay Camella. Naku bro! Galingan mo ng ako'y tantanan na n'yan!

Dumating na sina Barium at Vana. At hep! Ang maliit na nilalang kina Tiffany daw galing! Eeh? Feeling close naman ata ako kay Tiffany aka Aika Tiffany. Basta, ang tawag ko na sa kanya mula ngayon, Tiffany...

Mayamaya pa, dumating na din si ano... Sino pa ba!? E di ang obsess na babaeng ito...

Makatago na nga! Sige Nickel, kaya mo yan!

\*\*\*

**(Nickel's POV)**

Pumasok na s'ya... Halatang halata... Si kuya na naman ang hinahanap n'ya.

Camella naman... Di ba pwedeng ako na lang?

We're childhood friends, nakalimutan mo na ba?

Ako yung batang nagbigay sa'yo ng balloon nung time na iniwan ka ng kaibigan mo...

Ako yun e...

"Ah... Eh... Cam---" di na n'ya ako pinatapos, nagsalita agad s'ya...

"Nasan kuya mo?!" tanong niya sakina...

"Ah.. wa-wala e... E-eto nga pala... Para sa'yo..." tapos iniabot ko yung isang boquet ng bulaklak...

"Ah? Pinapabigay ba n'ya?" tanong ni Camella.

"Ah... Ano kasii... Sa-sa akin galing yan... Para sa'yo..." sabi ko sa kanya...

"Ah... Salamat na lang ha... Wala ba dito si Tungsten? Kung wala s'ya, uuwi na lang ako... Geh..." sabi niya then akmang aalis na... Naku! Anong gagawin ko?

"Ah... Camella..." pigil ko sa kanya... Tumigil naman s'ya...

"Ano?" diretso n'yang tanong...

"Pwe-pwe-pwede bang manligaw?" medyo nauutal pa ako, pero sa wakas! Nasabi ko na din!!! Sana pumayag s'ya...

"Alam mo Nickel, maghanap ka na lang ng iba... Hindi kita gusto..." sabi n'ya then humarap sakina...

"Tingnan mo nga yang sarili mo... Ang NERD NERD mo! Ayoko sayo! Hindi ka Cool! Ang baduy mo!" sabi n'ya then umalis na...

Napatulala na lang ako...

Porke't ba ganito ako, hindi na n'ya ako magugustuhan?

Bakit ganun s'ya? Anong gusto n'ya? Mga playboy? Eh lolokohin lang naman s'ya ng mga yun e! Bakit Camella?

Bakit hindi na lang ako?!

Bakit?!

Bakit?!

\*\*\*

**(Tungsten's POV)**

Lumabas na ako, nagtago ako diba?

HEH! Hayoop na babae yun! Kala mo kung sinong maganda! P\*ta!

Lumabas si Nickel, siguro mag-iisip isip! HEH! Ano ba yan!

Pero sa totoo lang, P\*ta! Nakakaawa kapatid ko e!

Buwiseet na babae yun!

At ngayon? Paano na ako?! Pustahan! Hindi na naman ako tatantanan nyan! P\*ta!

\*\*\*

**(Aika's POV)**

Waaaaaaaaah! Linggo! ROTC day! >:D

Ano kayang gagawin namin sa subject na yun? Ang alam ko lang pang lalaki yun e.

Nakarating na kami sa school...

Sa FIELD kami! Wala pala 'tong indoor lessons. = \_\_\_\_ =

Mangingitim ako n'yan e!

Kasama naming ang mga Mass Comm, Psychology at Political Science students. Meaning, nandito ang mga MENTALLY RETARDED EX KUNOH ni TUNGSTEN. At eep! Kaklaase namin sila tuwing linggo. Lahat ng course na nabanggit, mga kaklase namin...

Pinagpush-up muna kami kasi may activity daw agad! Agad na! Pauso ng school na 'to. T\_\_\_\_T

No choice, nagpush up kami...

"Girl! Tingnan mo si Tungsten! Ang gwapo magpush up!!! So HOT!!!" sabi ni girl na hindi ko alam histura. Hello? Nagpush up ako.

"Oo nga girl! Ang HOT!!! Grabe. I'm tempting!!!" sabi nung isa pa.

YUCK!

Tempting daw o?



Kadiri talaga ang mga babae dito. Mga malalande!

Pero infareness. Napatingin ako kay Tungsten! O\_\_\_O

Ang HOT nga! Waaaaaaaah!!! AIKA! ERASE! = \_\_\_\_\_ =

“Giri! Tingnan mo din si Xenon! Gaaaad!!! So HOT!!! Ang swerte naman ni Camella!!!” –babaeng maharot.

“Ayy! Kung walang balak si Camella na sagutin yan, pede AKIN NA LANG?!” sabi pa nung isang maharot.

HEH! Ano ba yan! Xenon naman daw!? Napatingin tuloy ako...

Eep?! Hindi naman ah! Mas HOT pa din si Tungsten!

BAHALA nga kayo... Mga malalandot. Walang taste! = \_\_\_\_\_ =

HAHAHA. Lul!

After 15 minutes ng pagpupush ups ... Dumami? Nagka “s”. Lul!

Yun nga, after 15 minutes ng pag-pupush ups na puro Tungsten at Xenon lang naman ang napapakinggan ko...

Pinapila na kami... Pupunta daw kami dun sa inihanda nilang activity...

Well, nandito pa kami sa campus. Malaki kaya campus namin! >:D

Nakarating kami sa may likod. Malapit sa garden.

WOOOW! Ano yan?! O \_\_\_\_\_ O

“So class, this is our activity for this day... You will go wall climbing... I will divide you into two groups, bale, by course ang activity, masyado kayong madami e...” sabi ni Prof sa NSTP. Di ko matandaan pangalan e. = \_\_\_\_\_ = Ulyanin ako, remember?

“AB Psychology muna tatal sila ang pinakamarami...” sabi ni Prof tapos idinivide na sa two groups yung mga Psychology students.

“So ganito yun mga bata ha... Or should I call you teenies... Paunahan lang kayong mag-akyat baba sa wall at kung sinumang mauna with the most number of points, yun ang panalo at eep! May automatic plus 5 sa grade. ^ \_\_\_\_\_ ^” sabi ni Prof. Eeh? Padali mo!

Bale, may safety gears naman tapos may tali din na kung sakaling mahuhulog ka, hindi matutuloy kasi may tali nga...

May mga tagasamabot din sa baba kung sakaling hindi kayanin ng tali...

Nagsimula na sila...

Bale, RED team daw yung kabila. Yung kabila YELLOW team...

Nangunguna yung RED TEAM.

Ang bibilis. Puro lalaki kase! Unfair naman 'tong prof namin magdivide ng group!

Nanonood lang kami...

Baka makakakuha ng moves...

"Baby Tungsten!!! Ang swabe mo talaga!!!" sabi nung isang girl na may RED LIPS.

Si Tungsten kasi kahilera ko, nandito sa may gilid...

Bale may isang student tapos akong katabi tapos pag inalis mo s'ya, katabi ko na si Tungsten...

Again, napatingin na naman ako kay Tungsten.

Grabe! SWABE nga!!! Kahit pawisan! Sheeeeeeeet! Watdapak! ^\_\_\_\_\_^ Di ko tuloy mapigilang ngumiti!

"Anong ngini-ngiti-ngiti mo dyan?!"

Eep?! Sino yun!??? Waaah!!! Maligno?!

Napatingin ako sa katabi ko, eep!!! Wala na akong katabi!!! Ay meron pala....!!! Si Tungsten na katabi ko! Meaning, umalis yung katabi ko kanina!!!

Kami na ni Tungsten yung magkatabi! Ewan ko pero parang lumapit ata s'ya? Eeh? Asa naman?

"Bakit? Masamang ngumiti?!" tanong ko sa kanya...

"Hindi naman... Nagmumukha ka lang luka! HAHAHA!" Sabi n'ya sabay \*EVIL laugh\* ba yun?

"Che! Ewan ko sa'yo! Wag mo nga akong iniimbyerna!!!" sabi ko sabay siring. Bwisit! Agang aga!

"Ito naman, may itatanong lang..." sabi niya sabay ipod pa sakin ng kaunti...

Eeh!!! Magkatabi na talaga kami!!! Ano ba yan!!! Di ko alam pero parang...

"Bet ka namumula?!" tanong niya...

Napahawak ako sa pisngi ko...

Waaaah! Wag kang mamula! Buwiseet!

"Hindi kaya!!! KAPAL mo talaga!" sabi ko sa kanya pero. Waaah! Namumula nga ata! = \_\_\_\_\_ = Kahiyahiya!

"Hindi daw..." sabi nya then ipod pa papalit sakin...

Ako naman... Geh, come closer Tungsten! HAHAHA. T\*ngene. Bet ang landi ko ata? >{

Eeh. Patawarin nyo ako. Ang HOT kasi ng nilalang na 'to... = \_\_\_\_\_ = Di ko mapigilan...

"Itatanong ko lang... Kamusta tuhod mo?" tanong n'ya sakin...

Whaaat?! Kinakamusta n'ya tuhod ko!!! Eee!!! Naman!!! Waaaaaaah!!!!!!!

"Ah—eh... O-ok naman... Magaling na..." sabi ko sa kanya...

"Ah. Sensya na ha... Di ko naman sinasadyang itulak ka... Kung di ko kasi yun ginawa... Siguro... Naipit ka na nung kotse..." sabi niya sakin...

Tumingin ako sa kanya... Umiwas naman agad ng tingin...

Eeh? Bakit ganun? Namumula yung tenga n'ya?!

Napasmile na naman ako... ^ \_\_\_\_\_ ^

Ang sweet pala ng HAYUP na 'to! Waaaaah!!!

"Oh? Nangiti ka na naman d'yan... Nagmumukha kang luka... T\*nga..." sabi niya sabay tayo.. (STAND)

Eeh?! Naman! Ayoos na e!!! Sweet na! nananga lang! Panira moment 'to! > \_\_\_\_\_ <

"HEH! Ewan ko sa'yo!" sabi ko sabay pout.

"Di ka pa tatayo d'yan?" tanong niya...

"Bakit?! Tayo na ba?!" tanong ko medyo napalakas...

"Oo!!!" sagot naman n'ya...

Yung mga kaklase namin pati na yung mga ibang course ganito: O \_\_\_\_\_ O

"Waaaaah!!!!!!!!!!!! KAYO NA?!" tanong bigla ni Danna.



Pa'no ba ako tatantanan ng babaeng yun!

> \_\_\_\_\_ < Buwisiit e!

As usual, pinagkakaguluhan na naman ako ng mga babae dito. Syempre. Gwapo ako e! HAHAHA! \*HANDSOME LAUGH\*

Umupo ako dito sa may gilid. Basta gilid. Ang init kasi!

May biglang babaeng umimik, ang swabe ko daw!

WOOOW! Matagal na ineng! HAHAHA! \*HANDSOME LAUGH AGAIN\*

May katabi akong lalaki, bigla na lang umalis. Nainsecure ata! Haha! Wala e, gwapo ako! Lul!

Pagtingin ko sa inalisan nung lalaki, si Tiffany! Si Tiffany pala yung katabi nung umalis na lalaki na ngayon makakatabi ko na...

Umipod ako papalapit kay Tiffany, wala FEELING CLOSE! Malakas tama ko ngayon e!

Medyo malapit na ako sa kanya...

Kita ko nakangiti s'ya... Eh? Mukhang luka oh! HAHAHA!

Inimbyerna ko lang s'ya ng inimbyerna... Bale, wala naman talaga akong maitopic sa babaeng ito! Wala lang akong kausap! Lul!

Naalala ko na lang bigla yung tuhod n'ya... Nagkasugat e... At kasalanan ko kung bakit...

HEH! Pagnaaalala ko yun, naguigilty ako! = \_\_\_\_\_ =

Kinamusta ko yung tuhod n'ya then nagsorry na din ako. Medyo naiilang ako. Di naman kasi ako ganito e. Yung magsosorry na lang basta...

Mataas kasi PRIDE ko! HAHAHA! I'm PROUD! >;D

Napatingin ako sa kanya... Waaaaah! Ang ganda nga pala ng babaeng 'to! Lalo na sa malapitan!!! Patitig muna ha!

Tumingin agad s'ya sakin... Syempre, ang tendency, iiwas ako ng tingin! Nailang ako bigla! Naman e... Weird! Weird Feeling! > \_\_\_\_\_ <

Pagtingin ko ulit sa kanya, aba. Nakangiti na naman! Luka talaga oh! May sira ata ulo nito e. Sayang maganda pa naman!

Waaah?! Ano yun kanina ko pang sinasabi! S'ya? Maganda?!

Sige na nga! MAGANDA na kung sa MAGANDA!

Maganda naman talaga e...

Ang ganda n'ya... Ang ganda ni Tiffany... Napapa smile tuloy ako! P\*ta! Bago pa ako traydurin ng ngiting ito, pangungunahan ko na!

Tumayo ako tapos sinabihan ko nga s'ya...

"Oh? Nangiti ka na naman d'yan... Nagmumukha kang luka... T\*nga..." sabi ko sabay tayo. Ayy! Parang may mali! Bakit ko nalagyan ng t\*nga! Urgh! Tungsten, t\*nga! Retard! Stupid!

Sumagot naman s'ya...

"HEH! Ewan ko sa'yo!" sabi n'ya sabay pout.

P\*ta!!! Nag pout sya!!! Di ko na talaga mapigilan! Mapapangiti na ako! Traydor na ngiti! Wag muna!

Kasi naman... Ang ganda pa rin n'ya...

P\*ta! Kanina ko pa ata s'yang pinupuri!

Nakakarami na so bago pa ako traydurin na mga ngiting ito, nagsalita na ulit ako...

"Di ka pa tatayo d'yan?" tanong ko agad...

Eeh kasi naman... kanina pang tinatawag ni Sir ang mga AB Legal Management students! mag wo-wall climbing na daw o!

"Bakit?! Tayo na ba?!" tanong n'ya na medyo napalakas...

Hayy nakuh! Oo! Tayo na kaya! Kanina pa o!

Pero yung tanong n'ya... Siguro kung iba ang makakarinig, magkakaroon yun ng ibang meaning! Pustahan?!

"Oo!!!" sagot ko sa kanya...

Yung mga kaklase namin pati na yung mga ibang course ganito: O\_\_\_\_\_O

"Waaaah!!!!!!!!!!!! KAYO NA?!" tanong bigla nung isa.

Oh? Sabi ko sa inyo e! magkakaroon ng ibang meaning!

"WAAAAAAAAAH!!!! Aika!!!! Di ka man lang nagsheshare!!! Niligawan ka pala ni Tungsten! Di namin alam!!!!" sabi naman nung isa pa.

Oh? See. Sabi sa inyo e! Tama ako!

"Ay! Si Baby Tungsten! Taken na pala!!! HUHUUH!!!!" sabi nung mga babaeng patay na patay sakin...

See? May third the motion pa! HAHAHA. >:D Sabi sa inyo e...

“So kayo na pala...” sabi ni... WAAAAAAAAAH! Sabi ni babaeng obsess na obsess sa akin. Yung Camella!

Waaaah! Tungsten! Anong gagawin mo! Akala n’yang obsess na yan kami na ni Tiffany!

Isip isip isip!!!!

Teka, pano ba! Nakuh. Utak! Gumana na! ??????????????????

Eh? Alam ko na! HAHAHA! Ang talino ko talaga!!! Tama!!! Yun ang gagawin ko! >:D

Sana effective! P\*ta! Sorry Tiffany! Madadamay ka sa gagawin ko...

“Huh? Ano bang mga pinagsasabi n’yo??? Hi---” sabi ni Tiffany pero hindi ko na pintapos pa! May plano na ako!

Hinigit ko s’ya tapos inakbayan at sinabing:

“Oo, kami na!!!” sabi ko! Bwahahaha!!! Tantan mo na akong babae ka! Shoo Camella! Shoo!

Ito namang si Camella, ayaw pang maniwala! P\*ta! Ayaw atang maniwala! Ano bang gagawin ko?! Maniwala ka ng obsess ka! Girlfriend ko si Tiffany! Kunwari!!! >\_\_\_\_\_<

“Anong?!!!!-----” sabi ni Tiffany pero pinutol ko ulit...

No choice!!!

Ito na lang ata ang paraan para maniwala yang Camella na yan!!!

:\*

Tiffany: O\_\_\_\_\_O

AKO: = \_\_\_\_\_ =

Camella and the rest: O\_\_\_\_\_O

“WAAAAH!!!! Sila na nga!!!!!! Di naman magpapahalik si Aika basta basta nuh! Amazona yan!!!” sabi nung isang lalaki. Teka, parang alam ko pangalan nun... Tyrone ata?

“Ayiiiiiee!!!” kanchaw nung iba... Yung iba naman, halatang mga disappointed...

Syempre... Casanova here...

“HEH! Di din naman magtatagal ang dalawang yan! Hello?! Pinakamatagal na GF ni Baby Tungsten, 24 hours!!!” sabi nung eeh, ex ko ata ‘to?

“Oo nga! Oo nga!!!” sabi pa nung mga iba...

Nagsalita na ako! Buwiseet! Ilalaglag pa ako ng mga ‘to!

“Tiffany is my girlfriend and there is nothing you can do about it! Mahal ko s’ya at mahal n’ya ako at para sa kanya, magbabago na ako! Im willing to change for her... Kaya magsitigil kayo!” sabi ko sabay tingin kay Tiffany...

Si Tiffany halatang shock pa rin...

Woow! Di ko akalaing masasabi ko yun! Shete! Nakapag English pa ng wala sa oras!

“Wow kuya... Kala mo ikaw lang ang nagbabago! Ako din kaya!” sabi ni Barium sabay higit dun sa... Eeh? Ito si ponyteyl girl ah... Sumegway ba naman?!

“Guys, listen. This girl is my girlfriend at katulad ni kuya, from now on, magbabago na ako para sa babaeng ito...” sabi ni Barium sabay tingin kay ponyteyl girl at sabing:

“I love you babe... :\*” –Barium sabay kiss kay Ponyteyl girl...

Ponyteyl girl: O\_\_\_\_\_O

Ako: \_\_\_\_\_ = Padali mo Barium. Gayagaya.

Sila: O\_\_\_\_\_O



“AYEEEEEE!” –karamihan.

“WAAAAAAAAAAAAAH!!! Taken na ang ating mga Casanova Prince!!! HUHUUUUH!!!” sabi nung mga babae.

Si Camella naman bigla na lang nagwalk out... Sinundan naman sya ni Xenon...

Si Nickel? Ewan... Napatingin lang sakin... Sabay iwas ng tingin... WEIRD. Pero alam ko na, deep inside! Tuwang tuwa na yan!!!

Bwahaha! Wag ang acting ko! Thanks Tiffany!

### [TCK 4.2]\*

“O sige mga bata, class dismiss... Ingat kayo pag-uwi...” –ROTC prof.

### (Aika's POV)

Hinila ko si Tungsten... Waaah! Itong lalaking 'to! > \_\_\_\_\_ >

He stole my first kiss na dapat ay sa lalaking pakakasalan ko mapupunta!!! > \_\_\_\_\_ >

Nakarating kami sa rooftop ng isa sa mga building sa school...

“Bakit mo yun ginawa?! Nakakainis ka!!!! Alam mo ba, hindi ako basta basta nagpapahalik!!! Manggagamit!!! Magnanakaw!!! Manggagancho!!! Sinungaling!!!!!!!!!!!!!! Alam mo Tungsten, nakakainis ka!!! Naiinis ako sa'yo!!!!!!!!!!!!!! > \_\_\_\_\_ <” sabi ko sa kanya! Kainis naman talaga e! > \_\_\_\_\_ <

“Look Tiffany... I'm sorry... Im very sorry... Hindi ko naman sinasadya yung kanina e... It's just that---” sabi n'ya ng nakatungo pero di ko na s'ya pinatuloy...

“HEH! Reasons mo!!! Alam mo ba!!! Nakakaasar ka!!! Nakakainis!!!” sabi ko then parang napstop kasii...

Kasi may nag-echo sa utak ko...

Yung...

“Look Tiffany... I'm sorry... Im very sorry... Hindi ko naman sinasadya yung kanina e... It's just that---”

“Look Tiffany”

“Look Tiffany”

"Look Tiffany"

"Look Tiffany"

Huh? Tinawag n'ya akong "Tiffany"? O\_\_\_\_\_O

Hindi Stupid, T\*nga o Stupid Tomato?

As in Tiffany... O\_\_\_\_\_O

Tumingin ako sa kanya... Hindi na s'ya nakatungo...

Tingin ko sincere naman s'ya...

Pero kahit na! Magnanakaw s'ya e! >{

Tiningnan ko lang s'ya...

Umupo s'ya sa may cliff na rooftop. Eeh? Wala akong maisip na term. Basta sa may cliff ng rooftop.

Kumbagaa sa bangin, yung pinakadulo, yung lugar na one step mo, mahuhulog ka! Hoho~ Ganda ng description...

Sinundan ko s'ya kung san s'ya umupo then I sat beside him...

"Bakit mo ba yun ginawa?" tanong ko sa kanya...

Nakatingin lang s'ya sa langit... Mukhang may paghuhugutan ng rason...

Nag-umpisa na s'yang magsalita...

"Alam mo... Una sa lahat... Yung kanina... Sorry talaga... Pati ikaw nadamay... Ganito kasi yun e..." sabi niya then napabuntong hininga...

Nakikingig lang ako sa kanya...

"Si Lolo kasi... Sabi n'ya... Ligawan ko daw si Camella... Bale, dalawa kami ni Xenon, dapat daw isa sa amin, mapapasagot s'ya at magiging asawa n'ya..." nakatingin pa rin s'ya sa langit...

"Hindi ko s'ya gusto... Ayokong gawin... Nalaman ko na lang, sa akin pala s'ya may gusto at tinutulungan s'ya ni Xenon para mapalapit sa'kin... Naiirita na ako... Ayoko talaga sa babaeng yun... Tapos, nasense ko, may gusto si Nickel sa kanya... Kay Camella..." sabi n'ya then tumingin na sakín...

"Then? What happened?" tanong ko na nakatingin na din sa kanya...

"Sinabi ko kay Nickel na ligawan n'ya si Camella kasi si Nickel naman ang may gusto dun at hindi ako... Pero... Si Camella... Ako talaga yung gusto n'ya... Nireject n'ya si Nickel at kung ano-anung sinabi..." sabi n'ya, nakatingin pa rin sakín...

"Yung kanina... Nung namisinterpret nila yung pag-uusap natin... Dun na ko nakahanap ng way... Sa tingin ko... Kapag nalaman ni Camella na may GF na ako... Titigilan na nya ako..." sabi n'ya then hinawakan yung kamay ko...

WAAAAAAAAAH!!!!!! Kyaaaaaaaaaaaaah!!!! Tungsten!!! >\_\_\_\_\_<

Nagpatuloy lang s'ya sa pagsasalita...

"Tiffany... I'm sorry... Pero... Yung kanina... Salamat na din... Tingin ko... Naniwala naman s'ya... Salamat..." sabi n'ya then tumayo na sa pagkakaupo...

"Kahit papano naman siguro... Lalayuan na din n'ya ako... Si Nickel kasi... Kahit tahimik yun... Alam ko... Nasasaktan din yun..." sabi n'ya then akmang aalis na...

Aw. >:(

Si Tungsten ba talaga 'to?

Ito ba talaga ang tunay na Tungsten?

Caring at Loving na brother?

>:((((((

Feeling ko tuloy ang sama sama ko kasi dati pa man kung ano anon g sinabi ko sa kanya...

Nakokonsensya ako... Gusto ko s'yang tulungan...

Pero paano?

Magpapanggap akong GF n'ya? Pananagutan namin?

Hindi naman kaya ang selfish at unfair na nun para sa iba?

Pero...

Para kina Nickel at Camella din naman 'to e...

Gusto ni Nickel si Camella pero si Camella ang gusto si Tungsten...

Eeh? Iba din naman pala ugali ni Camella e...

Magkakasakitan lang sila for sure...

So bago pa tuluyang umalis si Tungsten... Hinabol ko na s'ya...

"Ah! Tungsten! Wait..." sabi ko then sumabay na sa paglalakad n'ya...

"Huh?" tanong n'ya...

"Ah... I'm willing to help you..." sabi ko agad sa kanya... Diretsahan na...

"Huh? What do you mean?" tanong n'ya sa'kin... Napatigil na s'ya sa paglalakad so napatigil na din ako...

"I'll act as your girlfriend..." sabi ko sa kanya... Eeh? Ano ba yan ako na ang nag-offer! >\_\_\_\_< Kakahiya naman!

"Huh? What do you mean?" tanong pa n'ya...

Eeh?! Slow ba talaga 'to o likas lang na bobo?! =\_\_\_\_\_ =

"Sabi ko, I will act as your girlfriend tatal naannounce mo na din naman e... Alangan namang iwanan kita sa ere ngayong alam ko na lahat at ikaw na din ang nagsabi... Im willing to help you para layuan ka na ni Camella... Para na rin kay Nickel..." sabi ko sa kanya...

"Ta-talaga?" tanong n'ya...

Eeh? Mukha ba akong nagdadalawang isip? =\_\_\_\_\_ =

"Oo nga... But in one condition..." sabi ko...

"Sige ba... Ano yun?" tanong n'ya...

"Simple lang... Totohanin mo yung sinabi mo kanina..." sabi ko...

"Huh? Alin dun?" tanong n'ya...

Eeh? Painosente o ayaw ulitin? =\_\_\_\_\_ =

Naman?!

"Yung... Yung..." -ako.

"Ano?" -siya...

"Yung..."

"Tiffany is my girlfriend and there is nothing you can do about it! Mahal ko s'ya at mahal n'ya ako at para sa kanya, magbabago na ako! Im willing to change for her... Kaya magsitigil kayo!" ako with saktong acting ng mga sinabi n'ya kanina. Hoho~ Ayos ba?! Lul! Di naman ako papayag na magpapanggap ako tapos s'ya hindi makikiayon! Lul!

"Sige ba... Yun lang ba?...?" sabi n'ya then sabay akbay sakin...

"Oo, yun lang... Eh? Bakit ka nakaakbay?!" tanong ko sa kanya...

"Aba! Boyfriend mo na kaya ako!!! Bawal?! Di ba nga sabi mo... GIRLFRIEND na kita... Tulungan tayo... Kaya maki COOPERATE ka na lang..." sabi n'ya at eep! Ang haba nun ah!

"Oo na! At teka... Isa pa... One more thing..." sabi ko then humarap sa kanya...

"Bakit Tiffany ko?" eeh?! Yuck! Tiffany ko?! EW! Baduy!

"Yuck! Tiffany ko ka dyan! Panget!" sabi ko sa kanya...

"Eh, sige angal pa! Gusto din naman! Basta mula ngayon... Ang tawag ko na sayo ay Tiffany ko... At ikaw Tiffany ko... Ang tawag mo na sakín ay... Hmm... Tungsty!!! Tungsty ko!!!" huh? Ano daw?! Ano daw? Anong tawag ko na sa kanya? Tungsty?! Eh. Para namang Tasty Bread lang! Uy, de joke. Wag hahalakhak. = \_\_\_\_\_ =

Sige, Tiffany... Wag ng umangal... Payag na sa "Tungsty ko"...

"So ganito TUNGSTY KO... Una sa lahat... Bawal ang kiss... Sige akbay pede... Hug? Acceptable pero kiss! Nakow! Nakikita mo 'to? (sabáy turo sa fist ko...) masusuntok ka nito!" sabi ko sa kanya... Nagbabanta lang e? Haha. >:D

"Eeh?! Sige, I'LL TRY. Wag ka naman manakot Tiffany ko!!!" sabi n'ya then pout? Eeh! Nag POUT! Ang kyot! >:)))))) Ang kyot ng Tungsty KO daw... = \_\_\_\_\_ =

I'll try ka pa! Subukan mo lang at... Nakow... Talaga!!!

Bumaba na kami dun sa building kung nasan yung rooftop.

Yun lang naman ang rule namin... Bawal kiss. Aba. Subukan lang n'ya! Makakatikim yan ng TSP. Tiffany's Special Punch!

Bale, wala namang sinabi na kahit walang tao hindi kami pede mag-act... Nakalimutan ko isama sa nag-iisang rule e! Sensya!!!

So ayoon...

On and Off the "CAMERA"—pertaining to the people around us, kelangan sweet pa rin... = \_\_\_\_\_ =

Teka? May FAKE COUPLES bang ganun?

Siguro meron... At kami yun...

"Nga pala... Tiffany ko..." sabi ni Tungsty... Eeh? Kinareer na... Tungsten pala...

"Ano?" sabi ko...

"Kung may rule ka... May rule din ako..." sabi n'ya ng nakaakbay sakín... Still, pababa pa din kami ng building...

"Ano?" tanong ko...

"Kailangan... Mula bukas... Palagi na tayong magkasama... Nagdedate at higit sa lahat... Dapat palagi tayong sweet... Para mas effective! Diba? ^\_\_\_\_\_^" sabi nya then... WHAAAAAAAAAT?! SMILE! Ayy! Lentek ka Tungsten! Wag gay-an! Naka---- Eeeeh! >\_\_\_\_<

ERASE. ERASE. ERASE.

Wala akong sinasabe!

"OK" yun na lang ang nasabi ko...

"At isa pa..." pahabol n'ya.

"Oh? Ano pa? ^\_\_\_\_\_^" tanong ko... Pero, eep! Bakit ang excited ko? Waaaaah! Hoho~ May pagsmile pa o! Sensya... Nastar struck lang ako sa boyfriend kunoh ko... Gwapo e!!! Shets... >\_\_\_\_<

"Bilang isang dakilang boyfriend... Ihahatid kita palagi at ipapakilala mo ako kay father,mother,sister at brother mo... Ganun din ako... Ok ba Tiffany ko?!" sabi n'ya...

Eeh?! Meganun?! Eh FAKE COUPLE lang naman kami e!!! Bakit gumaganun!?

"Eeh?! Bakit may ganyan?! Fake lang naman 'to? Bakit gumaganyan ka?!" tanong ko sa kanya...

"Aba! Para mas makatotohanan!!!" yung lang sagot n'ya... Eeh? Walang kwenta... = \_\_\_\_\_ =

Hindi ka accept accept! Pero, sige na nga! Para mas MAKATOTOHANAN!

Pagkatapos nun... Kinuha n'ya number ko... Binigay ko naman... Text text daw kami tatal BOYFRIEND ko naman daw sya...

Lintek na lalaking yun... Kinareer?! O desperado lang talagang layuan ni Camella?

Inihatid n'ya din ako... Waaaaah! Magkasubdivision nga pala kami! Remember, nabanggit ni Vana nung pumunta s'ya sa bahay!!!

Bale wala sina Father at Ayame... Nagsimba ata? Si Tungsten naman, gustong intayin... Ipakilala ko na daw agad e? Naman!

Pauwiin ko nga... Saka na lang! Masyado excited? Eh FAKE lang naman itey!

Buti nga pumayag ang kumag...

After that first ever meeting sa ROTC. Ang daming nangyari nuh?!

Someone stole my first kiss...

Nagkaboyfriend ako, pero fake.

Nalaman kong eep. Kakaiba pala ugali ni Camella!

At, pahabol. Yun ang mga type ni Nickel. = \_\_\_\_\_ =

Nalaman ko ding mabait naman pala si Tungsten...

At pahabol, BOTO sa kan'ya sina Danna at iba pang friends! HEH! Chos!

Para namang tunay e?

Fake lang naman 'to...

As in FAKE.

Itutulog ko na lang 'to...

Goodnight Tungsty ko "DAW". = \_\_\_\_\_ =

**[TCK 4.3]\***

**(Aika's POV)**

Woow! Monday today...

Daily routine sa bahay bago pumasok sa school...

Gising-Ligo-Kain-Alis.

Nga pala, wala na ulit si Father! Nasa work na agad. Yea. 6am palang umalis na s'ya... At ang balik n'ya, sa linggo na ulit!

Si Ayame naman, umalis na din... 7am klase nun e...

Bale ano na bang oras na?

Waaaah! 7:15am na!!!

8am daw ako susunduin ni Tungsten! Oyea. Susunduin n'ya ako since lagi n'yang ipinapamukha sakina na "BOYFRIEND" ko na daw s'ya...

Diba yun makaintindi ng FAKE? Kinakareer talaga! = \_\_\_\_\_ =

Eh kung karerin ko rin kaya? Hoho~

Deh, joke lang! = \_\_\_\_\_ =

Dadami haters ko nito e.

So ayoon nga, nakaligo na ako...

Nakakain na at saktong aalis na kasi nandyan na si sundo...

Nilock ko na yung pinto ng aming bahay...

Baka may makapasok, may ginto sa loob! Hoho! >;D

Bale, waaah! Sosyal ng boyfriend wannabe ko...

May kutse! HAHAHA. Free ride me...

^ \_\_\_\_\_ ^

Buti na lang pala nakipagkasundo ako dne. >;D

Bale, hindi lang pala kaming dalawa sa car.

Kasama n'ya si Barium. Pero teka? Bakit di kasabay si Nickel?

Ang drayber, si Barium. S'ya yung nasa unahan...

Kami namang dalawa ni Tungsten, nasa backseat...

As usual nakaakbay na naman ang kumag na to sakin...

Agang-aga, nagswesweet sweetan kunwari...

Si Barium daw kasi... Di makumbinseng kami na talaga ni Tungsten...

Eeh ano yung ginawa naman kaya n'yang panggagaya kahapon?!

Kinausap ko si Barium tutal gumawa din s'ya ng eksena kahapon... Eeh? Feeling close lang?

"Huy. Ahm. Barium. Kayo na ba talaga ni Khas?" tanong ko sa kanya...

"Yea?" sagot n'ya.

Eeh? Nice talking lang?

Hindi unli kaya tipid?

"Tiffany ko! Bakit mo yan kinakausap? Di ka pa ba kuntento sa mukha ko?!" Heh! Ito namang katabi ko, selos kunwari! OA lang?

"HEH! Syempre naman Tungsty ko... Kuntento na ako sa pagmumukha mo! Ang gwapo nga e!!! Oh. Ang cute!!!" sabi ko sabay pisil sa pisngi n'ya... = \_\_\_\_ = Yuck ba? Pasado na bang FAKE COUPLE?

"Ang sweet n'yo naman kuya, ate! Mamaya na yan... Baka langgamin itong kotse..." -Barium.

Eh? Paniwala s'ya? SEE? ^ \_\_\_\_\_ ^

Pasado kami kay Barium!!! >:D

Wahahaha! ^ \_\_\_\_ ^

At tinawag n'ya akong "ATE", well, utos yun ni Tungsten na kumag.

Ang tawagin akong "Ate" nina Barium. Uy, mas matanda kaya saken sina Barium noh! 16 lang ako. Sina Barium at Nickel 17.

Nakarating na rin kami sa school and. Waaah! = \_\_\_\_ =

Pinagtitinginan kami ng mga tao. Eeh?!

Si Tungsten kasi nakaakbay pa rin saken.



Hoo! Aika, mandakana. Dadagsa haters mo.

Nakarating na rin kami sa room. Puro bulungan lang napakinggan ko like,

“Ang swerte naman n’ya!”

“Ayy. Baby Tungsten is taken...”

“Magbabago na daw s’ya just because of that girl! Urgh!”

“Wala na si Darling ko!”

“I hate that Tiffany!”

See? Dame ko agad haters. Well o well, pasesnya na po.

Ibabalik ko din naman ang Tungsten n’yo e. = \_\_\_\_\_ =

Pagdating namin sa room, sakto. 8:30 am na. 9am klase namin.

Sina Danna, Khas, Tyrone, Myka at Luke nandito na. Well, si Camella aka Camcam. Hindi na ata s’ya sasama sa amin.

Nandito din s’ya sa room but... May bago na s’yang friendships.

Nilapitan ako nina Danna, Myka at Luke...

Ipakilala ko daw sa kanila si Tungsten.

Ako naman, ipinakilala ko nga. Feel ko e? Masama? Fake girlfriend here.

Si Tungsten naman, tuwang tuwa. New friends daw. Eeh? Kiareer na ng kumag.

Bale, si Khas at Barium, confirmed. Sila na nga. Eeh? Bilis naman? Parang nung isang araw lang.

Naku Barium, pag niloko mo yang si Khas, humanda ka kay Danna! Warfreak din yun. Hoho. = \_\_\_ =

Nitatamad ako ngayon. Ewan ko? Basta tinatamad ako...

8:45am on the dot.

Si Tungsten, still nakaakbay pa din saakin...

Wala pa kami sa proper seats tatal wala pang teacher...

Naalala ko tuloy si Nickel. Bakit hindi nila kasabay kanina? Baka absent?

“Oi, Tungsten. Bet di n’yo kasabay si Nickel kanina, I mean, natin?” tanong ko sa kanya...

"Tiffany ko. It's Tungsty..." sabi n'ya. = \_\_\_\_\_ =

Eeh? Sige, pagbigye na...

"Tungsty ko... Bakit di n'yo kasabay si Nickel kanina?" tanong ko...

"AYEEEEEE! Ang sweet naman ng tawagan! Tiffany ko, Tungsty ko!!! Waaaaah! Dannana ko!! Dito ka nga!!!" eh? Sino pa ba? E di si Tyrone. Lul!  
Kahit kelan, sabog. Hoho! Lul!

Di na lang namin s'ya pinansin. Yung iba naming mga kaklase, ewan ko ba? May kinikilig, meron namang mamamatay na sa inggit.

"Ah... Si Nickel? Pinauna na kami e..." sabi ni Tungsten.

Ah... Kaya naman pala... Edi meaning papasok din... Akala ko tuluyan na silang nagkagalit dahil ni Camella.

10minutes bago magtime...

"WAAAAAAAAAH!!! Girls!!! May bago daw salta sa baba!!! SUPER GWAPO DAW!!! WAAAAAAAAH!!! Tara!!!" kaklase kong malandot. Sino pa ba?

"Eh?!! Talaga girl?!!! Baka transferee!!!!!" sabi pa nung isa, excited na excited? Eeh?

"Tara!!! Tingnan natin!!! Waaaaah!!! Sana kaklase natin!!!" si Ms. third the motion.

At bumaba na yung tatlo kong kaklaseng malalandot...

Eeh? May bago daw salta? Sino naman kaya yun? Gwapo daw e? Baka nga transferee?

Tiningnan ko 'tong katabi ko...

Walang reaction. Ganun?

Hello? Maaagawan na s'ya ng title bilang Casanova Prince ng School?

Nagbabago na nga ata ang kumag...

Mas mabuti yun... ^ \_\_\_\_\_ ^

Kung magbabago man si Tungsten... For the good naman...

Randam ko na lang, biglang humigpit yung akbay n'ya saken...

Napatingin tuloy ako sa kanya...

"Bakit?" tanong ko...

"Kung sino man yung pinag-uusapan nila... Wag kang titingin dun ha..." sabi n'ya then lumapit sa'kin ng konti pa...

Tapos...

\*HUG\*

"WAAAAAAAAAH!!! Ang sweet namang nina Aika at Tungsten!!! WAAAAAAAAAH!!! Kilig ako here!!!" –isa sa mga kaklase ko. Extra sa kwento.

"Oo nga!!! Yiiiee!!! Galing ni Aika!!! Nabago n'ya si Tungsten!!! From stick to everyone to stick to one!!! Kyaaaaaaah!!! Cute!!! Bagay sila!!!" sabi nung isa pa...

"Yaaaa!!! Certified Tungska na ako!!! Yaaaa!!!" sabi pa nung isa.

Eeh? Ganun? Sa isang hug lang? May supporters na kami? Naman?

Pero... Eep... TUNGSKA DAW OH? Fans Club???

^ \_\_\_\_\_ ^

Ano bang nangyayari kay Tungsten? Bet ang sweet?!

Kinakareer na talaga e?!

Mayamaya may pumasok na sa room...

Bale, halata... Siguro ito yung pinag-uusapan nung mga babae kanina...

Eh habang napasok ba naman si kuya, nakapalibot ang mga malalandot kong kaklase...

Di ko tuloy Makita yung mukha... Eeh?

Siguro gwapo nga.. Ang kita ko lang buhok! Eh ang gwapo ng buhok! Buhok gangster! >;D Bwahaha. Yung tipong gulo-gulo pero cool! Eep?

Pati buhok, gwapo na?

Nagkakagulo pa din yung mga kaklase kong malalandot dun kay kuya na hanggang ngayon nasa may pintuan pa din...

Sino ba kasi yan? Transferee?

Mayamaya, dumating na si Prof.

Tuloy umalis na si Tungsten sa tabi ko... Go back to your proper seats daw...

Si kuya namang nasa pinto at yung mga kaklase kong malalandot, ganun din...

Pero teka... Eep? O \_\_\_\_\_ O

Napatingin ako kay Kuyang pinagkakaguluhan lang kanina...

Umupo kasi s'ya sa tabi ni Tungsten!

Hindi s'ya transferee at hindi ko s'ya kuya kasi...

"Ate" na din itatawag n'ya sakín for sure!!!

Kung sino man ang iniisip n'yo... Tama... Kilala na!!!

Pero bakít? Anong nangyari?! Nagmukhang gangster ang kailan lang ay napakainosenteng si...

**[TCK 5]\* -- STATUE. YOU'RE so BEAUTIFUL. ♥**

**(Khas' POV)**

"Waaaaah! Girl si Nickel yun diba? ♥ \_\_\_\_\_ ♥" sabi ni girl na halatang kilig na kilig...

"Oo nga nuh! Tek, walang panama sina Tungsten at Barium!!!" sabi nung isa pa

"Kyaaaaah! Transformer e!!! A nerd turned into a Casanova Prince!!!" si ateng third the motion.

Yan lang napapakinggan namin habang papunta kami sa canteen.

Tapos na yung first subject namin... Eeh? Sikat na si Nickel.

Akala talaga namin kung sino yung bagong salta daw. Si Nickel lang pala with his new look.

Ano naman kayang nangyari dun nuh?

Tatahitahimik tapos ngayon naging gangster type na!

Umooder na kami ng food. Bale, bumili pala. Nasa canteen nga lang pala kami.

Kasama ko sina Myka, Luke, Danna, Tryone, Aika, Tungsten at syempre, ang aking babe! My Barium. ♥ \_\_\_\_\_ ♥

Friends friends na kami ng mga 'to. Wahahaha.

Pinagtitinginan nga kami e. Pa'no ba naman, yung dalawa sa mga kasama namin including my bf, ex Casanova ng school! >:D

Yea, ex Casanova na. Magbabago na sila for us e. ^ \_\_\_\_\_ ^

Ang bilis nuh? Kami na agad ni "babe". Well, ganun talaga! Nalove at first sight daw saken?! Eeh! Anong sinabe! >:DDD

Kilig mats tuloy ako! At dahil nga sa golden motto ko na "Grab the OPPORTUNITY", grinab ko agad!!! Yeee! Kami na ni "babe". ^ \_\_\_\_ ^

Si Camcam nga pala. Ewan? Hindi na nagsasasama samin e. Well, bahala s'ya sa buhay n'ya! HAHAHA. Simula palang may sense na akong masama ugali nun e pero sabi naman ni BFF Danna mabait naman daw... Pero, ewan ko na lang din? Wampake! HAHA. Bahala s'ya.

Tinanong namin sina Tungsten at Barium, anong nangyari kay Nickel. Di daw nila alam? Eeh. Sila magkakapatid, hindi alam. Mga lul.

Kyaaah! Ayan tuloy, natalbugan na sila ni Nickel. Pero ok lang. ^ \_\_\_\_\_ ^

Atleast, wala ng umaali-aligid sa bf ko noh! >;D

Thanks to Nickel! >:D

\*\*\*

#### **(Barium's POV)**

"Kuya, hangyare nga dun?" tanong ko kay kuya.

"Ewan, malay ko?" yan lang sagot n'ya...

Anong nangyari naman kaya kay Nickel?

Transformer e!

Insecure tuloy ako! Mas gwapo pala yung kambal ko kesa saken! T \_\_\_\_\_ T

Buti na lang nagretired na ako sa pagiging kasanubah.

Goodboy na 'to! ^ \_\_\_\_\_ ^

Basta ako, magbabago na ako para kay "babe" ko. Lab na lab ko 'to e! ^ \_\_\_\_\_ ^

Wala e, tinamaan ako!

\*\*\*

#### **(Tungsten's POV)**

Nandtio kami sa canteen ngayon. Kasama ko si gerlpren!

Sige, aaminin ko na! Masaya ako! ^ \_\_\_\_\_ ^

Lalo na kahapon nung pinigilan n'ya ako...

Sa may rooftop. Eh, ewan ko ba... Ang weird ng feeling! Ang saya ko...

At dahil sa sobrang saya ko, masyado ko na kiareer ang pagiging bf kay Tiffany ko! >;D

Eh pano ba naman kase...

Kakaiba 'tong babaeng 'to!

I was just totally mesmerized.

Akala ko talaga AMAZONA type 'to pero...

She's different... Kahit na iniimbyerna ko pa s'ya...

Nagkusa s'yang tulongan ako...

O sige... Eh di si Tiffany na ang mabait at ako na ang nagpapakabait! ^ \_\_\_\_\_ ^

Siguro nga magpapakabait na ako...

Feeling ko tuloy BUHAY na KARMA yung si Camella e!

Buwiseet na babae yun!

Medyo nakikipag close na din ako sa mga friends n'ya... Dun kina Danna, Tyrone, Myka, Luke at dun kay Khas na gf ni Barium...

Ang babait pala ng mga 'to... >;D

Ito namang gerlpren ko...

Syempre, katabi ko pa din! At as usual, nakaakbay pa din ako! Nakakaadik kasi e. Ang bango ni Tiffany! Amoy baby! ^ \_\_\_\_\_ ^

Di naman s'ya umaangal... Siguro gusto din... ^ \_\_\_\_\_ ^

Hoho! Yung mga lalaki nga dito sa canteen kanina pa tinitingnan ang Tiffany ko. Aba! Di ba nakakakita ang mga gagung yan.

Boypren here! Kulang na lang pumulupot ako kay Tiffany e!

Kahit fake lang 'tong samin... Ewan ko ba... naasar ako!!!

ASAR!

Kunsabagay...

She's so... BEAUTIFUL...

^ \_\_\_\_\_ ^

E di si Tiffany na ang maganda, bakit? Gwapo naman ako ah! >;D

EX CASANOVA PRINCE HERE. Lul!

Bale ang topic ay si Nickel...

Yung kasing timang kong kapatid...

Pumasok ba naman kanina ng... P\*ta! Kapatid ko ba talaga yun?!

Ay mukhang tao e!

Mas gwapo pa nga ata sakin... > \_\_\_\_ <

Naiinsecure tuloy ako! Lul!

Kumain lang kami sa canteen... Ito namang si Tiffany ko, katabi ko pa din! ^ \_\_\_\_ ^

Hindi man lang naimik...

Nakabalik na kami sa room...

Math ngayon!

First time kong umattend ng math! Haha! Remember, palagi akong cutting?! Pero dahil nga nagbabago na ako...

Para kay Tiffany ko...

Magbabago na talaga ako!

Eh? Repetition lang ng word?

Dumating na yung teacher namin...

Yung teacher pala namin sa math, head ng aming department!

Nagcheck muna ng attendance tapos may ididiscuss daw s'ya...

Event daw sa school...

"So, freshmen students... We will have an Acquaintance/Student's Night this coming Friday..." sabi nung teacher namin.

Yung mga kaklase naman namin halatang na excite.

Eh? Wala namang kaexcite excite dun e! Nakaattend na ako dun dati! Remember, proud repeater ako! >;D

Yung Acquaintance/Student's Night na yun... Party Party lang yun e... Kumbaga sa highschool ay JS Prom at Grad. Ball.

Nakadress din ang mga babae tapos coat ang mga lalaki...

Para ngang sosyal na party lang...

Tapos...

Hindi naman kailangan dun may date... Depende na yun sa'yo...

Required din na lahat ng students umattend...

Eeh? Teka?

Meaning?

^ \_\_\_\_\_ ^

“TIFFANY KO!!! Partner tayo ha!!!” sabi ko sa gerlpren ko. ^ \_\_\_\_\_ ^

Napatingin naman kaagad sa amin yung mga kaklase namin pati si ma’am...

Ngumiti lang si Tiffany ko... Ganito oh: ^ \_\_\_\_\_ ^

Yung mga kaklase ko naman...

Alam na...

“AYHHHIIIEEEE~!!!”

After magdiscuss ni ma’am ng tungkol dun sa event at sa lesson... Umalis na...

Nung last subject... Good mood pa din ako... ^ \_\_\_\_\_ ^

Bale ang subject ay Natural Science...

Nagdiscuss lang din...

After ng klase, nagdecide sina Tiffany ko na pumunta ng mall... Magtitingin daw ng damit para sa Friday...

Buti na may kotse kami...

Bale, si Tyrone, may kotse din...

Syempre... By partners kami...

Malling! First time... Ano ‘to? Date? >:D

Kasi naman...

Dun sa kotse ni Tyrone:

Si Myka at Luke... Then Danna at Tyrone...

Sa kotse naman namin:



Si Barium at Khas... At syempre... Kami ni Tiffany ko... ^ \_\_\_\_ ^

Pumunta kami sa Occasion ba yun?

Sila lang ang pumasok...

Bale... Kaming mga boys... Nasa labas lang...

Dito na lang daw kami sabi nila e...

Di namin namalayan... May lumapit na pala sa aming apat na babae...

**(Aika's POV)**

Grabe... > \_\_\_\_\_ <

Anu ba daw yun?! Kakaiba na yung sweetness ni Tungsten... Waaaaah!!!

Bale nandito kami sa Occasion, pili pili ng damit para sa acquaintance...

Yung mga boypren namin nasa labas...

Inggit nga ako kina Danna, Khas at Myka kasee...

May lovelife sila... = \_\_\_\_\_ =

Yun namang samin ni Tungsten, fake lang naman yun e...

Tanggapin na... Wag na mag-assume...

Ang galing umacting ni boypren kunoh ko noh?

Paniwalang paniwala sila na kami talaga...

"Akin blue!" sabi ni Khas.

"S'ya akin yung green!!!" sabi ni Danna.

"Friendships! Akin yung pula ha!!!" sabi naman ni Myka.

Namimili kase sila ng cocktail dress e...

"Aika, anong sayo?" tanong ni Danna...

"Ah... Hmm... Teka ano bang magandang kulay..." sabi ko then nagtingin na din...

Bale, blue daw yung kay Khas tapos green kay Danna at red kay Myka...

Ang available colors na lang ay... Black, White, Purple, Pink, Brown at Yellow...

"Ah... Sige, ito na lang ang akin..." sabi ko then hugot dun sa Purple na cocktail dress...

Bale, magkakaiba naman ng design yung mga cocktail dress... Baka kasi akalain n'yo magkakadesign...

Ano kami? Sasayaw? = \_\_\_\_\_ =

Isinukat na namin sa fitting room at eep! Alam n'yo ba, samasama kami sa iisang fitting room! Hoho!!! ^ \_\_\_\_ ^

Malaki naman kasi yung fitting room...

Pagkatapos naming maisukat yung mga cocktail dress...

Binayaran na namin...

Buti na lang may pera kami ngayon! >;D

Don't worry... Sisingilin ko 'to kay father...

Paglabas namin sa Occasion...

O\_\_\_\_\_O – kami nina Danna, Khas at Myka...

Si Danna, umuusok na...

Si Khas naman nagliliyab na...

Si Myka nakasmile lang ng ganito oh: ^\_\_\_\_~ (fake ba yan? Mukhang fake e...)

Ako? Ewan ko ba pero parang makakapatay ako ng tao ngayon!!!

Sasabog na ako! >\_\_\_\_\_<

"TUNGSTEN!!!!!! RAWR!!!!!" tapos yung isang babae napatingin sakin then humiwalay sa pagkakayapos kay Tungsten...

May tatlo pang babae... Yung isa nakayapos kay Tyrone. Yung isa nakapulput kay Luke. Tapos yung isa may pagkiliti pa kay Barium!

Si Khas nilapitan agad si Barium...

Tapos inapakan sa paa!!!

"Aw! Babe!!! Sakit nun ah!!!" –Barium.

"Eh?! Mukamo!!! Mambababae ka lang sa harap pa namin!!! GRAWR!" sabi ni Khas.

"Hindi naman ako nambababae e! Nagpapapicture lang yung mga yun!" sabi ni Barium...

"May nagpapapictue bang nangigiliti!!!! P\*ta!" si Khas na nacuss na...

Kami ganito: O\_\_\_\_\_O

Yung mga babaeng malalandot nagsitakbuhan na! Waaah! > \_\_\_\_\_ < Mga buwiset!

Niyapos na lang ni Barium si Khas tapos inamo...

Si Danna naman bati agad sila ni Tyrone... Malaki kasi trust ni Danna kay Tyrone...

Si Luke? Ayoon... Pahirapan kay Myka...

At eep! Itong si Tungsten Iron... > \_\_\_\_\_ > Bahala ka dyan!

Kahit fake lang yung satin hindi pa din tama yung nakikipag PDA ka sa mall!

"Tiffany ko... ^ \_\_\_\_\_ ^" sabi nya at aba! Nakuha pang ngumiti! Loko to a! Pang-asar!

"HEH!" sabi ko na lang sa kanya... Ewan ko ba... Naiyamot ako! Ang landing lalaki! Akala ko ba magbabago na 'to? >.<

"Ui Tiffany ko!!!" sabi niya then umakbay sakin...

"HEH! Layuan mo nga ako! Nakakadiri ka!!!" sabi ko sa kanya...

"Eh? Naman? ^ \_\_\_\_\_ ^ Tiffany ko... Selos ka noh? Aminin..." sabi niya then may pagtusok pa sa bewang ko... Yung parang nangiliti... Ansabe ng pagtusok? Lul.

"Tungsten!!!" sabi ko ng napalakas ata... Pinagtinginan kami e!

"Uy! Selos s'ya!!! ^ \_\_\_\_\_ ^" sabi niya then hinigpitan yung akbay sakin...

Eh? Feeling ka naman?!

Di kaya ako selos!!! Hindi kaya!!!

Bakit naman ako magseselos!!!

Buwiset na lalaki 'to! Nakita ko lang naman na may kayapos s'ya tapos mukhang nageenjoy pa!!!

Tapos! E naman! Basta... Hindi ako selos nuh!!!

HINDI!!!! > \_\_\_\_\_ <

"HEH! Ewan ko sa'yo! Dun ka na nga! Magpicture kayo maghapon!" sabi ko then akmang magwowaik out pero eep! Napostponed yung pagwowaik out ko... > \_\_\_\_\_ < Waaaah!!! Hindi ako selos!!!!

"Tiffany ko... Dito ka lang... Wag ka na magselos... Wala lang yun... Ikaw pa rin..." sabi niya ng naka HUG saakin!!! Walanjo! Pinagtitinginan na kami!!! At eep! Bakit kasweet nito?! Naman e! Hindi sabi ako selos! = \_\_\_\_\_ =

"Ayy. Ang sweet naman ng mga batang ireh... Di ga'y gay-an tayo dati sweetie pie ko..." sabi ni lolang napadaan...

"Oo nga sweetie pie e... Naalala ko tuloy ang ating kabataan..." sabi ni lolong asawa ata ni lola...

Eeh? Gawin ba daw kaming example?

"WAAAAH!!! Aika!!! Tungsten! Tama na yan!!! Masyado ng sweet ha!!!" sabi ni Myka. Eeh! panira moment! Myka dapat mamaya ka na lang umimik! Hoho~ Teko, ano bang mga pinagsasabi ko? Duh?! E kasi naman... Sige na nga!!! Enjoy ako!!! HAHHAH!!! >D Sarap kasi ng hug ni Tungsten! So HOT! Lul... Wala akong sinasabe. = \_\_\_\_\_ =

"Inggit ka naman! Halika nga..." sabi ni Luke then ginaya yung pose namin ni Tungsten...

Eep? = \_\_\_\_\_ =

Meganun?

Center of Attraction tuloy kami dine sa mall...

After ng madramang moment sa mall...

Kumain kami sa isang restau... Quadruple Date. Lols. DATE? >D

Eh apat kami e? At eh? Bakit parang kinakareer ko yung samin ni Tungsten? >\_\_\_\_<

Eh kasi naman! Kinakareer n'ya... E di kinakareer ko na din! Luls.

After nun... Ng aming madramang date... Umuwi na kami...

Inihatid ako nina Tungsten at Barium...

Magkakasubdivision nga pala kame...

Bumaba si Tungsten sa may bahay din namin... Nagulat naman ako...

"Oh? Bakit ka bumaba?" tanong ko...

"^ \_\_\_\_ ^" nakasmile lang s'ya...

"Eh?" -ako.

"Wala... Nag-enjoy ako... Ikaw? :)" sabi n'ya...

"Naman? HEH! Mukamo. Uwi na! Shoo!" pagtataboy ko sa kanya. Waaah! Nag-enjoy daw s'ya o! Kikilig na ba ako? Waaaah! >;D

"Wag masyado masungit..." sabi niya ng ayy... >\_\_\_< Nakatingin sakin...

"Paki mo ba?" Haha. Ang taray ko ata?

S

I

L

E

N

C

E

Ang tagal namang sumagot?!

S

I

L

E

N

C

E

Nakatingin lang s'ya sakin then...

"Wag masyado masungit kasi..."

... I'm starting to fall..." sabi niya then akmang aalis na...

Pero bago yun...

May sinabi pa sya...

"I'm like a statue. Stuck like a statue. (\*STARE\*) Tiffany ko (\*SMILE\*)..." then ngumiti s'ya at umalis na ng tuluyan...

Huh? Ano daw? O \_\_\_\_\_ O

Waaaaaaaaaaaaah!!!!!!!!!!

Wag daw ako masyado masungit???

I'm starting to fall daw???

I'm like a statue. Stuck like a statue daw???

WHAAAAAAAAAT?! O \_\_\_\_\_ O

### [TCK 5.1]\*

#### (Aika's POV)

Fastforward...

Friday today! Waaaah! Student's night na mamaya! Excited ba?!

E kasi naman. Si Tungsten. Susunduin daw ako. Waaaah! 5:45pm sharp daw.

6pm kasi start ng Acquaintance. Tapos ang tapos ay 12midnight. E teka? Ano bang oras na?

3pm pa lang! ^ \_\_\_\_\_ ^

Well, nandito sina Danna, Khas at Myka. Dito na daw sila mag-aayusan e.

At eep. Dito na din sila susunduin ng mga boypren nila... = \_\_\_\_\_ =

Gawin ba naman daw terminal 'tong bahay?

Pero ok lang! Yeepee! >:D

Nga pala, si Ayame. Nandito din, e bahay namin 'to e.

Bale, nasa kwarto s'ya. As usual. Deadma naman yun e.

Nagkukulot ng hair n'ya si Danna. Ang ganda talaga n'ya. Swerteng Tyrone!

Si Khas naman, kontento na daw s'ya sa straight n'yang hair.

Si Myka, pinagdidiskitahan yung make-up. Pinag-iisipan ata kung maglalagay s'ya o hindi...

Eep! Nga pala. Nakalimutan kong sabihin. Si Myka at Luke na nga pala! Kung pa'no namin nalaman? E obvious kaya! >:D

4pm, nagbihis na kami ng aming mga cocktail dress.

Bale, kulot na si Danna, straight hair si Khas at eep? Walang nangyari kay Myka?

Nakooo. Ito talagang girlaloo na 'to. Mag make-up man lang kahit konti. ^\_\_\_\_^

Napansin ata ni Danna na walang make up si Myka so nilagyan n'ya... Nung una ayaw pa nga e. Pero pumayag din naman!

5:30pm, sunod-sunod dumating ang aming mga sundo...

Bale, sosyalan. Tigigisang kotse lang naman! Hoho~ >:D

Nagulat nga ako e. Tig-isa sina Barium at Tungsten.

Si Luke meron din pati si Tyrone. Woo. Anong yayaman. >:D

Pagbaba ni boypren kunoh ko. WAAAAAAAAAH!!!!

♥\_\_\_\_\_♥

Tungsten?!!! Why so HOT still COOL! >\_\_\_\_\_<

"Tiffany ko?" sabi ni Tungsty ko. Eep? Ansabe ko?

\*Snap\*

"Ah?" yan lang nasabi ko. Ee?! Kakahiya!

Nagsmile lang s'ya tapos inabot n'ya sakín yung hands n'ya na parang nagsasabing "shall we?".

WAAAAAAAAAAAAH!!!!

Inabot ko yung kamay ko sa kanya... > \_\_\_\_\_ <

AWKWARD! Weird Feeling. = \_\_\_\_\_ =

Pagkapasok namin sa car. Walang nagsasalita.

Hindi ko kasi alam sasabihin ko...

Alangan namang sabihin kong...

WAAAH! Tungsten, ang wapoo mo! >;D

Baka lumaki lang ulo nito...

"You know what..." –siya.

"Huh?" –ako.

Eeh? Nagsalita din?

S

I

L

E

N

C

E

"You look gorgeous yet, still simple tonight..." sabi n'ya with matching smile. ? Tungsten, bakít na smile? Di ba dapat ako mag-ismile?

^ \_\_\_\_\_ ^

Napangiti naman ako dun, siguro nagblush na din...

Waaaah! I'm gorgeous daw o tapos simple pa daw! Naman! Nak ng! > \_\_\_\_\_ <



Di na ako umimik. HAHAHA! Baka pag binara ko 'tong lalaking 'to biglang bawiin! Ayoko naman kasing manira ng moment. Hello? Minsan lang magkamoment! ^ \_\_\_\_\_ ^

5:50, Nakarating na kami sa venue. Bale, sa school pa din. Sa may GYM!

Halos kami na lang ang hinihintay. Eeh? Naman. De, joke lang...

Samasama kami sa isang table. Bale ganito yung venue, may tables na parang pang cater sa gilid, tapos disco lights sa taas, dancefloor sa gitna, buffet table sa unahan.

Gets?

May Emcee din... Nasa unahan...

Yung mga kaklasmeyt namin nandito na din...

Pero alam n'yo ba ang center of attraction ngayon?

Yung pumasok lang naman na nakaredcarpet...

GUESS WHO.

E di si Camella...

Together with the three new casanova prince...

O\_\_\_\_\_O

Xenon, Neon and Nickel?

Waaaah!!! Three Casanova's in One Shot!

Eeh? Edi s'ya na...

Nasakin naman si Tungsten!

HAHAHA. Bad Aika! >;D

6pm, nagstart na magsalita yung Emcee.

“Good Evening... Blahblahblahblahblahblahblahblahblahblah...” –Emcee.

Ipinaliwanag lang naman kung para saan daw yung Acquaintance/ Student’s Night at ayon sa Emcee. Para daw magkakilakilala ang bawat estudyante sa campus. Kumbaga, social gathering lang ‘to...

Bumaba na si Emcee. Nagpahabol pa nga e...

Anytime daw pede kaming kumain...

For short, walang oras ang kainan...

ANYTIME talaga.

Nagsimula na ding tumugtog yung sounds. Party songs muna...

AKO? Syempre. Matakaw ako e. Kumain muna ako! ^ \_\_\_\_\_ ^

Si boypren wannabe ko nandito lang sa tabi ko...

Babantayan daw n’ya ako e...

Naman! Nak ng! Ano gang sweeeeeet!!!

Nung isang araw pa ‘to e!

Sina Danna, Khas. Barium at Tyrone, ayoon. Nandun na sa dancefloor...

Nagsasayaw sila... Nagshoshowdown ang mga kumag.

Alam n’yo ba ang tugtog?

*(Now Playing: Give me Everything by Pitbull feat. Ne-yo Afrojack Nayer)*

Nagsasayaw lang sila dun. Ako naman, busy, nakain...

Sina Myka at Luke, nandito din sa table namin...

Si Myka, nakoo. Di mo yan mapapasayaw ng party songs...

May ishesare nga pala ako...

Alam n’yo ba may nananadya dito o. Umupo ba naman sa katapat na table namin...

Sino pa, edi si Camella together with Xenon, Neon and Nickel... Eh?

Habang kumakain nga ako, tingin ng tingin sakin...

Well kung gutom ka, kumain ka din! Hoho~

Kaya naman pala itong katabi ko hindi ako nilulubayan...

Habang nakain ako nakayapos ba naman? = \_\_\_\_\_ =

Di tuloy ako makakain ng ayos...

Syempre alam n'yo na... Baka mamaya masungaban ni Camella...

"Tiffany ko... Subuan mo naman!!! Ahhh!!!" aba nag-utos si Tungsten Iron...

"Ayoko nga! Kumuha ka ng sa'yo... Kulang pa 'to sakin..." sabi ko then kain lang ng kain habang s'ya nakahug pa rin...

"Damut naman ng Tiffany ko e! isa lang... Gusto ko nun!!!" sabay turo dun sa kinuha kong chopped meat sa plato ko...

"Kumuha ka na kasi..." sabi ko sa kanya... Ang kulit! Pero eep... Ang sweet... ^ \_\_\_\_\_ ^

"Dali na... Isa lang!!!" sabi n'ya then pout...

Waaaaah!!! Tungsten, wag kang mag POUT!!! > \_\_\_\_\_ <

Alam n'yo kung bakit?

Kasi...

Everytime he pouts... It makes me weak...

Wahahaha! Nosebleed. > \_\_\_\_\_ <

Naman kasi e! Ang gwapo mag pout!

Wala na kong nagawa... Sinubuan ko na...

Ang gwapo kasi nung pout. Di ko naresist! Eek..

Ito namang sina Myka at Luke, hindi ga magsubuan ng kanila... May pag "Ayiiiie!!!" pa... HEH! Mga inggit!!!

Nakahug pa din sakin si Tungsten habang nakaupo. Bale side hug. Gets n'yo? Kung hindi, ay kawawa naman kayo! HAAAAHA. >:D JOKE.

Mayamaya, napatingin naman ako kina Camella. Ehem. Mommy! I'm scared... Kasi naman...

Iba na yung aura n'ya e... Kung kanina, kulay pula... Ngayon kulay maroon na!!! Paitim na ng paitim! What I mean is Padilim na ng Padilim!

Bigla na lang s'yang tumayo then nagwalk out...

WAAAAAAAAAH!

Tungsten naman kasi e! Bakit masyadong sweet! > \_\_\_\_ <

Napaka effective tuloy...

Lalayuan ka na nga ng tuluyan n'yan...

Nakita ko na lang, sinundan s'ya ni Xenon, Neon at Nickel...

Bahala sila. Wapakels. Basta si Tungsten nasa akin!

Hoho~ Ang bad ko ata...

9pm, nagbago na ang music genre...

From Party Songs to Love Songs...

Kyaaaah!!!

Yayayain naman kaya ako nitong katabi ko na sumayaw? Hoho~ Si Aika po, naghihintay ng invitation...

Sina Luke at Myka tumayo na...

Ayeee! Magsasayaw na sila... ^ \_\_\_\_ ^

*First Song: A Thousand Years by Christina Perri*

Waaaah! Favorite song ko 'to! Wala bang magyayaya?

Eh? Naman? Pano naman kaya ako yayayain kung may nakayapos saking gwapo?

WAAAAAAAAAH! Hindi nga lang nakayapos e... Parang natutulog na kasi yung ulo n'ya nasa balikat ko na...

Gawin ba naman daw akong kama?

Natapos yung kanta... Bakit ganun? Di ko ata maeenjoy 'tong Acquaintance na 'to kasi may kumag na nakadantay sakina...

*Second Song: Out of My League by Stephen Speaks*

Nakadantay pa din sakina si Tungsten... Eeh? Nabigat na s'ya... Nakatulog na kaya?

Nakikinig na lang tuloy ako at nanunuod sa mga taong nagsasayaw...

WAAAAAAAAAAH! Inggit na ako... T\_\_\_\_\_T

Tungsten gising ka na... Sayaw tayoo... T\_\_\_\_\_T

At natapos na yung kanta...

*Third Song: Terrified by Katherine McPhee ft. Jason Reeves*

Ang gaganda ng songs... T\_\_\_\_\_T

Ang sarap makinig... Try n'yo?

Pero mas masarap siguro magsayaw dun sa gitna!

Tungsten naman kasi e...

Gising na... Please?

Nanood na lang ako ng mga nasayaw...

Ang cute nilang lahat tingnan... Para tuloy JS Prom 'to! ^ \_\_\_\_\_ ^

Pero kahit na, hindi ata ako makakapagsaya!

Tiningnan ko si Tungsten... Nakayapos s'ya sakin...

Medyo lumapit na lang ako sa may ulo n'ya tapos inamoy ko yung buhok...

WAAAAH!!! Ang bango! Hoho~ >;D

Bakit ko yun ginawa? Wala! Wala nakong magawa e...

Nasa may Bridge na yung kanta...

Bigla na lang gumalaw si Tungsten tapos umalis sa pagkakayakap sakin...

Eeh? Yayayain na ba n'ya ako?! ^ \_\_\_\_\_ ^

Tara na. Sayaw na tayo! >;D

I'm waiting... Hoho~ ^ \_\_\_\_\_ ^

Nakatulala lang s'ya tapos tinitingnan yung mga sumasayaw...

= \_\_\_\_\_ = yayayain mo pa ba ako? Hoho~ I'm here...

Natapos yung kanta...

*Fourth Song: The Only Exception by Paramore*

Nanonood lang si Tungsten... Eh? Di man lang ba ako yayayain nito???

Eh kung makayapos sakin parang wala ng bukas tapos simpleng sayaw hindi man lang makaramdam...

= \_\_\_\_\_ = Bored na ako... pramis...

Mayamaya nagsalita na lang s'yang bigla...

"Ano ba yan!!! Ang sasama ng kanta!!! >\_\_\_\_\_<" -Tungsten...

Ako: O \_\_\_\_\_ O

Hello? Ang gaganda kaya!!!

Tumayo na lang si Tungsten tapos... Ewan kung san pumunta...

Madilim e... Disco lights lang ang bukas...

Eh? Ganun? Iwanan ba naman daw ako???

T\_\_\_\_\_T Hindi man lang ako niyaya!!!

Lumayas na ang kumag! Bipolar din yun nuh?!

Minsan subrang sweet minsan subrang sungit!

Hindi ba naman daw ako pansinin...

Mayamaya, halos patapos na yung kanta...

Bigla s'yang bumalik...

Tapos nag-uunat sa harapan ko...

Anong nangyayari dito???

Natapos na yung kanta...

Wala na nga atang magsasayaw sakin...

I hate you Tungsten!

= \_\_\_\_\_ =

**[TCK 5.2]\***

**(Tungsten's POV)**

Ano ba yan! Ang bango talaga ni Tiffany! Nakakaadik yumapos e... ^ \_\_\_\_\_ ^

Kanina pa akong nakahug sa kanya... Hindi naman s'ya umaangal so hindi ko tinatangal...

Hanggang sa nagpalit yung sounds into love songs...

Hindi naman ako tulog e...

Nakayapos lang ako sa gerlpren... Magagawa? Ang bango talaga!!! ^ \_\_\_\_\_ ^

Naku... May mapakinggan lang akong maganda gandang kanta, yayayain ko 'tong sumayaw! ^ \_\_\_\_\_ ^

(Unang kanta) Eeh. Di ko type! Ito yung kantang nasa Breaking Dawn Part I e... Ayoko pa naman kay Jacob! Mukhang aso!

(Second song) Naman! Di ko type! Masyado ng luma! Sumikat ata 'to grade 1 ako... Next song please...

(Pangatlong kanta) Ito yung favorite song ni Vanadium! Palaging kinakanta sa bahay! Ayoko nito... Next song please...

(Fourth Song) Wahahaha! Paramore! Rawr! Ito ang pinakaayaw kong kanta nila e! Wala HARDCORE part! Boring!

Hayyy... Ano ba yan!!! Ang papangit ng kanta!!! > \_\_\_\_\_ <

Ayoko namang isayaw si Tiffany sa mga ganyang kasasamang kanta nuh!

Umalis ako sa pagkakayapos sa kanya...

"Ano ba yan!!! Ang sasama ng kanta!!! > \_\_\_\_\_ <" bigla ko na lang nasabi... Ayy kasasama naman talaga e! Di ko tuloy maisayaw si Tiffany!

Tapos tumayo at pumunta dun sa may nag aasikaso ng sound systems!

Pinagsabihan ko yung nagmamamange, sinabihan kong ang papangit ng kanta n'yo! Hoho~ Eh wala e. Hindi ko maisayaw girlpren ko! Papangit talaga!!!

Nagsabi na din ako na ang susunod dapat na kanta ay... \*SECRET muna\* para naman maisayaw ko na ang napakabango kong girlpren!  
^\_\_\_\_\_^

Pumayag naman yung mga nag-aasikaso ng sounds...

May sinabi pa akong speech ek-ek na sasabihin muna nila bago nila iplay... ^\_\_\_\_\_^

Bumalik ako dun sa table namin ni Tiffany ko... Mukhang bored na bored na ang girlpren ko ah...

Tiffany ko, konting tiis na lang... ^\_\_\_\_\_^

Nag-uunat ako sa harap n'ya...

Wala e! Sasayaw kami! ;P

Natapos na yung lintek na The Only Exception na yun...

So meaning... This is it... ^\_\_\_\_\_^

Tiffany ko, hope you like this...

\*\*\*

**(Aika's POV)**

Natapos na yung kantang The Only Exception na pangit daw sabi ni Tungsten! T\_\_\_\_\_T

Boring!!!

Biglang nagsalita yung nasa sound systems:

"The next song is requested by Mr. Tungsten Iron Corpuz for her one and only "MABANGO" daw na girlfriend na si Ms. Aika Tiffany Evangelista..."

AKO: O\_\_\_\_\_O Huh?

WHAAAAAAT?!!!!!!!



Ano daw? Para sa akin?

Mabango daw ako!?

Tapos nirequest ni Tungsten?!!!

Yaaaay!!! ^\_\_\_\_\_< (kinikilig na ako! Shete ka Tungsten!)

Yung mga tao: "AYYYIEEEEE!!! Ang sweet naman!!!"

^\_\_\_\_\_^

Nakita ko na lang...

Inabot ni Tungsten yung kamay n'ya tapos biglang sabing...

"May I have this dance Tiffany ko? ^\_\_\_\_\_^" –siya.

AKO? O\_\_\_\_\_O WAAAAAAAAAAAAAH!!! Di nga???!!!!

E di meaning...

EFFORT!!! Kaya s'ya umalis kanina? Para dun?

Kyaaaaaaah!!! >\_\_\_\_\_<

Hoho~ Ang haba ng buhok ko!!!

Yeeey!!! ^\_\_\_\_\_^

Sa wakas!!!!

After 123456789 years!

Nagsmile lang ako sa kanya at inabot ang kamay ko sa kanya...

^\_\_\_\_\_^

Ang sweet ng boypren ko!!! Shets!

Para sa akin daw 'tong kanyang 'to o!

>\_\_\_\_\_<

Dinala n'ya ako sa gitna ng dancefloor...

Dun sa ilalim mismo ng disco light...

*Fifth Song: (Now Playing: Statue by Lil Eddie)*

*(Oh Yeah, Oh Yeah, Yea Oooh, Yeah)*

Inilagay n'ya yung kamay ko around his neck...

Yung kamay naman n'ya nasa may waist ko...

Hindi ko alam pero ang saya saya ko... ^ \_\_\_\_\_ ^

Ito'y hindi dahil sa makakasayaw na ako sa wakas...

Ito'y dahil... WAAAAAAH! Kinikilig ako at hindi ko mapigilang hindi mapangiti! ^ \_\_\_\_\_ ^

*When a day is said and done,  
In the middle of the night and you're fast asleep, my love.  
Stay awake looking at your beauty,  
Telling myself I'm the luckiest man alive.  
Cause so many times I was certain you was gonna walk out of my life (life).  
Why you take such a hold of me girl,  
When I'm still trying to get my act right.*

*What is the reason, when you really could have any man you want,  
I don't see, what I have to offer.  
I should've been a [season], guess you could see I had potential.  
Do you know you're my Miracle?*

Nakatingin lang ako sa kanya...

Nakasmile pa rin s'ya...

*I'm like a statue, stuck staring right at you,  
Got me frozen in my tracks.  
So amazed how you take me back,  
Each and everytime our love collapsed.  
Statue, stuck staring right at you,  
So when I'm lost for words,  
Everytime I disappoint you,  
It's just cause I can't believe,  
That you're so beautiful. (Stuck like a statue)  
Don't wanna lose you, no. (Stuck like a statue)*

Medyo lumalapit s'ya...

Napapalapit na din ako...

Teka? Ano bang gusto nitong sweet kong fake boypren?

Hug? ^ \_\_\_\_\_ ^

*Ask myself why are you even with me,  
After all the shit I put you through,  
Why did you make It hard ...?,  
It's like you're living and I make you,  
But babe your love is so warm It makes my shield melt down (down),  
And everytime were both at war,  
You make me come around.*

*What Is the reason, when you really could have any man you want,  
I don't see, what I have to offer.  
I should've been a [season], guess you could see I had potential.  
Do you know you're my Miracle?*

*I'm like a statue, stuck staring right at you,  
Got me frozen In my tracks.  
So amazed how you take me back,  
Each and everytime our love collapsed.  
Statue, stuck staring right at you,  
So when I'm lost for words,  
Everytime I disappoint you,  
It's just cause I can't believe,  
That you're so beautiful. (Stuck like a statue)  
Don't wanna lose you, no. (Stuck like a statue)  
And you're so beautiful. (Stuck like a statue)  
Don't wanna lose you, never. (Stuck like a statue)*

Halos magkahug na kami...

Wala na kaming pakielam kung sinong makakita...

Wala na akong pakialam kung peke man 'to...

Basta ang alam ko lang...

*Every single day of my life I thank my lucky stars,  
God really had to spend extra time, when he sculptured your heart.  
Cause there's no explanation, can't solve the equation.  
It's like you love me more than I love myself.*

Tungsten...

*I'm like a statue, stuck staring right at you,  
Got me frozen in my tracks.  
So amazed how you take me back,  
Each and everytime our love collapsed.  
Statue, stuck staring right at you,  
So when I'm lost for words, (Statue)  
Everytime I disappoint you, (Babe you're my Statue)  
It's just cause I can't believe,  
That you're so beautiful. (Girl you are the reason, )  
Stuck like a statue. (The reason for living, )  
Don't wanna lose you, no. (The reason for breathing)  
Stuck like a statue. (You're so beautiful)  
And you're so beautiful. (And I want you to feel It)  
Stuck like a statue. (Cause so bad I'm needing)*

*Don't wanna lose you, no. (You're the reason for breathing)  
Stuck like a statue. (You're so beautiful)*

I'm falling...

*When a day is said and done,  
And in the middle of the night you're fast asleep, my love...*

Lumapit s'ya tapos...

*I'm the luckiest man alive.*

>////////////////////<

WAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAH!!!

### **[TCK 5.3]\***

"Waaaah! Ang sweet nila nung acquaintance noh?! Kakainggit!!!" sabi nung isang girl.

"Oo nga e! Ang sweet ni Tungsten kay Gf n'ya!!! Inggit mats na ako!" sabi pa nung isa.

"Magrequest ba naman sa sound system ng kanta para lang sa gf n'ya?! Siguro yun yung theme song nila!!!" another girl.

"Certified Tungsta Loveteam na talaga ako!!!" sabi pa nung isa...

### **(Camella's POV)**

Aika Tiffany Evangelista!

Ano bang ipinakain mo kay Tungsten?!

Di hamak naman na mas maganda ako sa'yo!

Buwisit! ;(

"Why don't you fight using your pagiging anak ng may-ari ng school girl?!" sabi ni Trixie, one of my "newest" friends.

"Oo nga naman Camz! Di hamak na you're hotter than that Tiffany!" sabi naman ni Kessy, new friend din.

"No girls! I'll fight fair... I'll prove to that Tungsten that he's not worth ignoring me! He made a wrong decision!" sabi ko na lang then pumunta na kami ng canteen.

Nakakainis! Simula nung lintik na acquaintance na yun palagi na lang sila topic! Hello?! What about me!? Ako lang naman ang nag-iisang Camella Erina Sy, the one and only HOT daughter of the owner of this school! I should be the one they're talking about! >\_\_\_\_\_<

"Look girl! You're old friend! Alone here o!" –Trixie.

"Diba sya yung girlfriend ni Barium?! Bakit s'ya nag-iisa?!" –Kessy.

Ok, they are pertaining to Khas na may hawak na itim na drink. Is that a coke, coffee or what? And so? Like I care?

Pakealam ko naman dyan?!

Halata namang pinplastik lang ako nyan ever since naging friend nila ako!

Sense ata ng babaeng yan na Imma plastic too well...

Plastican na lang girl! I hate you all! I hate everyone who chooses to surround that Tiffany!

"Old FRIEND Khas! How's life? ;)" bati ko sa kanya. Err. Why am I talking to such loooooooooosers?!

"Kelangan mo?! ;/" she replied.

O ghaaad? Tinatarayan n'ya ako?! Hindi ba n'ya ako kilala?! >\_\_\_\_\_<

Hello?! May-ari ng school here! Ipapakick out kita e! >.<

"Wala naman... I just miss you old friend!" sabi ko sabay grin. Duh?! Feeling pretty ka Khas! Porket boyfriend mo lang si Barium! I hate you!

"Well, I don't miss you! Bye! ;/" sabi niya then ak mang aalis na...

Ganun?! Iniignore ako! Bakit ang taray naman nito!? >\_\_\_\_\_<

"Hey! Stop there! Huwag mo akong talikuran bastos!" sabi ko sa kanya... Humarap naman s'ya...

"Bakit ba?! Kelangan mo?! Lalaki?!" tanong n'ya ng O \_\_\_\_\_ O whaaaaaaaaat?! Ako lalaki? Kelangan! Ghaaaaaaad! I hate this na! >\_<

"I hate you Khasella! You meanie!!!" sabi ko then tinulak s'ya! Ghaad. May-ari ng school ganyan n'ya kausapin! Hay naku! Ayon. Medyo natapunan s'ya nung itim na drink na hawak nya...

"Oh, sorry girl! Natapunan ka ata n'ya toyong hawak mo. Haha! I didn't mean too! ;)" sabi ko then ak mang aalis na. Haha! Poor Khas! >;D

"Ah toyo pala ha?! O tikman mo!!! TIKMAN MO KUNG TOYO 'TO!!!" sabi n'ya then sabay O \_\_\_\_\_ O buhos sakin nung EW!!!! >\_\_\_\_\_<

"Ano?! Lasang TOYO! Hay naku Camella Erina Sy! May-ari ng school, napaka KSP!!!! Isang babaeng OBSESS na OBSESS kay Tungsten na napaka PLASTIC!!!!!" sabi n'ya then umalis na! Ghaaad! How about me!? And?! What did she just say?! >\_\_\_\_\_<

Ang daming tao! Pinagtitinginan na ako! WTF!

"Yuck? Si Camella daw obsess kay Tungsten? How poor..." sabi nung isang girl.

"KSP daw yung may-ari ng school o! Haha. How poor talaga!" sabi nung isa pa...

"Kawawa naman s'ya..." sabi pa nung isang hindi ko kilala...

Teka?! Ako yung pinag-uusapan nila ha!? >\_\_\_\_<

I hate this na talaga!

I hate this super!!!

Napatingin ako kina Trixie at Kessy. Ghaaad?! Hindi ba nila ako tutulungan!?

"Anong tinitingin tingin n'yo dyan?! Help me out here!!! I hate this!!! >\_\_\_\_<" sabi ko sa kanila.

Ghaaad! You Khasella. You Tiffany! You'll both see!!! >\_\_\_\_\_<

\*\*\*

**(Khas' POV)**

Urgh! BARIUM IRON CORPUZ!!! I hate you!!!

"BFF!!! Anong nangyari sa canteen?! Balita ko binuhusan mo daw si Camella ng COKE ah!!! Grabe!!!" –Danna.

"Ah? Yon? So?" sige, matino akong kausap ngayon! Kasi naman si Barium!!! >\_\_\_\_\_<

"BFF! Ano bang nangyari sa'yo? May problem ka ba?" tanong ni BFF Danna sakin...

"WALA!" sabi ko then nagwalk out na. Bale nasa class room ako! Magka cutting na ako! Syeeeet! I hate you BARIUM! I hate you!!!

\*\*\*

**(Danna's POV)**

Anong nangyari dun? Iwanan ba naman daw ako?

Ano ba kasing nangyari?

Nakita ko si Barium pumasok ng room...

Parang nagmamadaling may hinahanap na ewan?

WEIRD!

Matanong nga lang kung anong nangyari kay Khas tatal s'ya ang boyfriend.

"Hoy. Barium Iron, anong nangyari kay Khasella Aleya?" tanong ko sa kanya. Direct to the point na agad.

"Ah. Eh, teka! Nakita mo ba s'ya???" tanong nya...

"Eh? Panic ka? Oo, lumabas e. Mukhang badtrip. Ano ba kasing nangyari?" tanong ko ulit.

"Ah! Eh kasi!!! Naman e!!! Nakita n'ya kasi ako may kakiss na girl!!! Eh kasi Danna e!!! Hindi ko naman ginusto yun!!! Yung babae ang nag insist!!! Di ko talaga ginusto pramis!!! > \_\_\_\_\_ < Kaya ayun. Nagalit si Khas!!! Di man lang ako nakapag-explain!" sabi niya ng natatarantang ewan...

"Eh!? G\*gu ka pala e! Dapat di ka nagpapahalik! Ulul!!!" sabi ko sa kanya... Kasi naman e! Pede namang iwasan diba?!

"Hindi ko nga ginusto yun nuh! Ito naman! Sya geh! Hahanapin ko na ang aking babes!!! Naku!!! Kasi naman!!! Shet!!!" sabi nya then umalis na...

Naiwan ulit ako... Eeh? Gumaganun na mga tao ngayon?

Kakausapin ka lang saglit, lalayanan ka na! > \_\_\_\_\_ <

Nasan ba kasi si Tyrone?!

Ahh. Oo nga pala... Nasa kanila. May sakit... Hehe. Mapuntahan na nga lang ang Tyrone ko. Makapag cutting na din... Kasi naman...

\*\*\*

[A/N: Pasensya na. Pagsalitin naman natin sila! Hoho~ Mga pampagulo lang ee noh? >:D ]

**(Aika's POV)**

Nasan ako?

Eeh?! >\_\_\_\_\_<

Syempre nasa room!

Katabi ko si Luke at nasa unahan ko si Tungsten. ^ \_\_\_\_\_ ^

Regular school days.

May napansin lang ako. Bakit wala sina Danna, Khas at Barium?

Sabay sabay nagcutting? Eeh? Di man lang nagyaya! Hoho!~ De, joke lang.

Biglang pumasok si Camella, Trixie at Kessy.

Late sila...

Last subject here. May groupings daw sabi ni ma'am! ^ \_\_\_\_\_ ^

Nung una count of daw pero madami nagreklamo so si ma'am na lang ang nag groupings and tadaa!

= \_\_\_\_\_ = Hindi ko kagroup si Tungsten!

Magpeplay kami and the subject is School Values blah blah echos! Basta tungkol sa values. Eep? Kakaibang school talaga 'to. Pati college may values pa din.

So ayoon nga, nag groupings na...

7 members per group.

Ang kagroup ko ay sina Khas, Tyrone, Neon, Nickel at Myka, Trixie.

Si Tungsty?

Ang kagroup ay sina Barium, Xenon, Kessy, Luke, Danna at ehem. CAMELLA. >\_\_\_\_\_<

"So class... Punta na kayo sa mga respective groups n'yo... Pag-usapan n'yo kung paano n'yo idedeliver ang play..." sabi ni Ma'am.

Pumunta na kami sa kanya kanyang group...



Sa group namin...

Ang leader ay si Myka. ^ \_\_\_\_\_ ^

Kasi nga values ang subject at ang topic ay courtship. (napakakakaiba talaga ng subject na ito...)

Magpoprtray daw kami ng tamang panliligaw. Kahit ano pala. Basta about sa panliligaw. = \_\_\_\_\_ =

Next week pa ang presentation at may tig 30 minutes per group ang time ng pagpeplay.

As I've said, absent si Khas, si Tyrone naman may sakit...

"So, groupmates... May naisip na ako... So ang atin ay yung way ng panliligaw noon at ngayon... Ok lang ba?" tanong ni Myka.

"Sige, Ysabelle... Basta ako ang lead role huh?!" sabi naman ni Trixie...

"Ah? Kaw leader teh? Ako magdedecide nuh!" sabi naman ni Myka. Haha! Bhelat Trixie. FC lang? >;D HAHA. Ang bad ko ata...

"Blah... Blah... Blah... Blah..." sige, nag-uusap lang sila ng lagay na yan...

Napatingin ako kay Tungsten...

O \_\_\_\_\_ O

Eeh? Naman! Bakit nakatingin din lang sakin?!

Ang adik nito...

Umiwas na ako ng tingin... Si Tungsten naman kasi ang lapad ng ngiti...

"So Aika... Ikaw at si Nickel ang mga magulang ni Neon... tapos sina Khas at Tyrone naman mga magulang ni Trixie... at ako narrator... ok lang?"

"Ah... Ok lang. Hehe..." sagot ko na lang... di naman kasi ako nakikinig!

Pinaexplain ko na lang ulit kay Myka kung anong sinabi niya kanina. Eeh? Ang bad lang diba? Hoho~

So ganito daw yun...

Si Neon daw ay anak namin ni Nickel... tapos si Trixie naman daw ay anak nina Khas at Tyrone...

Dun sa way ng panliligaw noon, tinuturuan daw namin ni Nickel yung anak naming kung ano ang tamang panliligaw blah...blah.. ek-ek..

Kasama na dun yung mga pag-iigib ng tubig... etc.

Sa panliligaw naman ngayon, halos wala na kaming pakealam...

Kaming mga magulang wala ng pakealam sa anak... ito naman kasing si anak hindi na nagpapaalam na may nililigawan na compare sa sa way ng panliligaw noon...

Eeh? Anu daw? Basta ganun yung ipeplay namin... = \_\_\_\_\_ =

Ang boring lang kasi... Ang bida ay si Trixie nga...

Pagkatapos nun, dinismis na kami ni ma'am...

Sabi ni Myka, may practice daw kami sa Saturday...

At eep! Sa bahay nina Nickel! Hoho~ >:D

As usual, hatid ako ni Tungsten pauwi... ^ \_\_\_\_\_ ^

Ewan ko ba pero simula nung acquaintance mas naging sweet s'ya...

Naman e! At ito pa ha...

May ginawa siya na ikinawindang ko talaga! >////////////////////<

**(Flashback)**

Pagkatapos naming sumayaw, umupo na ulit kami.

Nakita namin si Camella, mukhang inis na inis...

Kasi naman itong si Tungsten! Hindi ko akalaing gagawin nya yun! Nasa gitna kaya kami ng maraming tao... >////////////////////<

Ganito kasi yun e...

Halos patapos na yung kanta...

Nasa part na na...

*When a day is said and done,  
And in the middle of the night you're fast asleep, my love...*

Lumapit s'ya tapos...

*I'm the luckiest man alive.*

>/////////////////<

WAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAH!!!

He kissed me on my lips! Smack lang pero for sure kita yun ng lahat!

Kyaaaaaaaaaah!!!

Bigla na lang nagsigawan yung mga tao...

Puro: "AYYHIEEEEE!!!!!!!!!" –sila.

**( End of Flashback )**

Nung una naiilang ako sa kanya...

Pero nagsorry naman s'ya at sabi wag na daw ako mailang...

Nagawa lang naman daw yun kasi...

>/////////////////<

Waaaaaaaaaah!!! Ito pa...

Share ulit...

**(Flashback)**

Naiilang talaga ako! Kase naman... Ikaw halikan ng gwapo! Tapos kakasabi ko palang na I'm falling at ayun! Nahulog na ako ng tuluyan!  
>/////////<

Bakit ba naman kasi ang sweet mo Tungsten! >/////////<

"Huy... Tiffany ko... Sorry na ha... Alam ko namang number 1 rule is no kissing allowed pero kasi... Nagawa ko lang naman yun kasi..." – Tungsten.

Nakikinig lang ako... Eh, kasi naman! >/////////<

"kasi ano e..." –siya pa rin..

Kasi ano nga ba?! >/////////<

"kasi... kasi... kasi..."

“Kasii... Tiffany... Ang ganda ganda mo , ang bait bait mo... Hindi ko alam pero... unti unti na ata akong nahuhulog sa’yo...” –siya...

Huh? O \_\_\_\_\_ O

Ano daw?!

Ano daw ho?! Pakiulit?!

Nabibingi ata ako e?!

Ano daw sabe?!!!

“Tiffany... I’m falling for you!!!!!!!!!!!!!!!!!!!! I think I LOVE YOU!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!” sabi niya then inalog ako...

Meganun?!

Kyaaaaaaaaaah!!!!!!!!!!

>/////////////////<

**(End of Flashback)**

Si Tungsten Iron po, gumaganun na!!!

Alam n'yo ba ang ginawa ko after n'ya magconfess?!

Edi namula!!! TOMATO ako e! >/////////<

Stupid face! Why keep on blushing?!

Wala tuloy akong nasabi pero I think nagets na din naman nya! ^\_\_\_\_\_^

At ayon nga... We both know na that the feelings are mutual. Hoho~ LOL.

Mutual kasi pareho kaming in the stage of "falling".

Hoho~ >:D

Ang haba talaga ng buhok ko e nuh?!

So ayoon... Inihatid na nga n'ya ako at nagpaalam pa na sa Saturday daw may practice sila ng group nila sa bahay nila... Kung gusto ko daw pumunta? Ee? Dun din kaya practice namin sa kanila! Hahayy... Di ko nga sinabi... Surprise e. Surprise! ^\_\_\_\_\_^

Excited ako hindi dahil nandun si Tungsten...

Kasi naman makikita ko ulit si Vana! ^\_\_\_\_\_^

Pero syempre, nandun na din ang fact na...

Nandun nga din si Tungsten! Pero waaaah. >\_\_\_<

Nandun din for sure si Camella...

Magkagroup nga pala sila...

Pero still... nandun pa din si Tungsten!!! ^\_\_\_\_\_^

Pagkhatid sakín ni Tungsten...

Umuwi na din agad s'ya...

Nandun daw kasi ang Lolo n'ya e...

Diba nga... Nabanggit sa isang past chapter, may scene na parang takot si Tungsten kay Lolo n'ya...

Eh bakit naman kaya?

Siguro strtight lang talaga...

Well...

Waaaaaaaaah! So much for this day...

Nakakapagod! Naeexcite tuloy ako sa mangyayari sa Saturday! ^ \_\_\_\_\_ ^

Group nina Tungsty "plus" Group namin "is equals to" sa iisang bahay ang practice! :D

Lotsa love♥

**[TCK 6]\* -- "HE" turned into a MONSTER and not into a GANGSTER.**

**(Lolo Iron's POV)**

Tungsten Iron is such a disaster! > \_\_\_\_\_ <

Walang kwetang apo!

**[A/N: OUCH naman!]**

Nandito ako sa bahay ng lintik na Tungsten Iron na yan!

Kausap ko ngayon si Nickel ang aking paboritong apo at ehem.

Ang gwapo ng apo ko! Nag evolve?!

"Lolo, as I've said. I'm gonna replace kuya in courting Camella..." –Nickel.

"But why? You love her?" tanong ko sa apo ko.

"Yes lolo! And I'm willing to marry her!" sabi nya.

"So that's the reason why you change ganun?" –Lolo Iron.

"Opo... Ayaw n'ya kasi sa mga loser na nerd that's why I changed... Effective naman diba lolo? Madaming nagkagusto sakin..." sabi ni Nickel.

"Sige na apo... Do what you want... I won't even block your ways..." sabi ko sa kanya.

Umalis na ako...

Naaawa ako sa apo ko... :(

Para lang magustuhan ng babaeng mahal n'ya, kinailangan pa n'yang magbago...

How lucky Camella is...

Nickel really loves her...

\*\*\*

### **(Tungsten's POV)**

Pagdating ko sa bahay, WALA na!

Lintek na matanda yan! Nagpaspas pa ako para lang makauwi agad tapos pagdating ko, wala na!

Di ko tuloy naenjoy ang moment with my Tiffany! >\_\_\_\_\_<

Bale, nandito si Nickel, Barium at Vana.

Yung nanay ko nga pala...

Wala, deads na!

Namatay nung pinapanganak si Vana.

"Oo nga e... Si Xenon pala daw yung kasama sa garden... Yung nagbigay ng gamot daw na nirefuse ni Camella..." –yung kachikahan n'ya...

"Ang landi naman pala ni Camella... 17 pa lang kaya s'ya tapos buntis na!" –yung babae...

"At ito pa girl... Si Tungsten daw yung ama!!! Kawawa naman yung si Aika? Aika nga ba yun?" –kachikahan...

"Oo ata... Yung anak nung sikat na Lawyer?" –yung babae...

"Yea... S'ya nga... Sayang! Mas bagay pa man din sila ni Tungsten... Kaso si Tungsten, magkakaanak na!" –kachikahan...

"HAHAHA! Oo nga..." –yung babae...

"Girls, anong pinag-uusapan n'yo?" may biglang dumating, chismosa din ata...

"Yung issue about Camella!!! S'ya pala yung nasa blog noh?!" –yung babae...

"Duh?! Girls. Kupas na yang chika n'yo!!! Last last week pa nabalita..." –yung dumating...

"GANUN?!" –yung dalawang kanina pang nagchichikahan...

Yea right... Mga chismosa... Kupas na nga yang mga pinag-uusapan n'yo... = \_\_\_\_\_ =

Bakit ang daming chimosa sa mundo?!

At after nilang magchismisan, umalis na din sila...

Well, nandito ako ngayon sa may labas ng school library...

Hinihintay ko si Myka, magpapaturo ako sa Math e, hello, FINALS na bukas!

Firs time, hindi ko kasama si Tyrone...

Kalat na nga pala sa school yung kay Camella at Tungsten...

Akala ko nung una, inengage lang si Camella kay Tungsten dahil ng business, yun pala, si Camella yung nasa Blog na Blind Item na buntis...

Kaya naman pala atat ipakasal kay Tungsten... Now we know...

And Aika Tiffany knows...

Si Aika nga pala, speaking speaking...

Dumaan sa tapat ko, kasama ni Khas...

Hawak hawak ang tuhod... May sugat?

Ayoon, papunta atang clinic...

Lumiko e...

Hindi ata nila ako napansin...

Pagkaliko nila...

Eep! Si Tungsten... Speaking speaking! Haha... Magkasunod lang?

Nga pala...

Hindi ko na 'to nakakausap...

Nagpalipat na ng section e...

Ewan? Siguro utos ni Mr. Owner ng School...

Kumalat din kasi dati yung kina Aika at Tungten, siguro nalaman na classmate si Aika so pinalipat...

Saan naman kaya 'to pupunta? Mukhang nagmamadali...

Wooooow...

"Huy!" tawag ko sa kanya...

Lumingon naman s'ya...

Aba, effective! Kung si Tyrone 'to, hindi yun lilingon e... Sasabihin pa nun, hindi ako si 'huy' noh! May pangalan ako... Hehe. >:D

"Oh? Bakit?" tanong niya...

"Wala... Musta? Hehe. Long time ah! :)" sabi ko kay Tungsten...

"Ah... O-ok naman..." sagot n'ya...

"Weh?!" sabi ko, pang-asar lang nuh? Haha...

"So pa saan ka? Mukhang nagmamadali ka ah..." dagdag ko pa...

"Ah... Wa-wala..." sagot naman n'ya...

"Wala daw... Sinusundan mo lang si Aika e!!! Hahahaha!!!" sabi ko sa kanya... Hoho~ Eh kasi naman, halos magkasunod lang sila...

"Huh?! HINDI NOH!!!" tapos namula s'ya...

"Haha... Mukamo... Mapula!!! TOMATO!" pagkatapos nun, natigilan s'ya... Ewan? May nasabi ba akong mali?

After 3 seconds, dumating na si Myka...

Ang bilis! Haha... Inaasar ko pa si Tungsten e...

"Sige Tungsten! Baboo!!! Hoho~ Best wishes nga pala sa inyo ni Camella... Don't worry... Ok lang si Aika! :)" sabi ko sa kanya then pumasok na kami ni Myka ng library...

Teka? Ano ba yung sinabi ko?

Don't worry? Ok lang si Aika?

Lul! May best wishes pa!!! Ano ba yan Danna!

Boto ba ako kay Camella at Tungsten?

NO WAY! = \_\_\_\_\_ =

"Mukhang maka "CAMSTEN" ka na Danna ha..." bigla namang umimik si Myka, nagpapahabilin kami ng bag...

"Hindi nuh! Maka "TUNGSKA" pa din ako noh! Turuan mo na nga lang ako..." sabi ko sa kanya...

"Ok, whatever... HAHAHA." sabi naman n'ya sabay tawa then pumasok na kami...

Nangyayari dito keh Myka?

### [TCK 10.3]\*

#### (Barium's POV)

Miss ko na si Khas! >:(

I miss my girlfriend badly...

Kung bakit ba naman kasi nakipag cool off! Wala naman akong ginagawang masama sa kanya ah...

Except dun sa hindi ko pag inform na ieengage si Kuya kay Camella...

Aba! Pakelam ko naman sa mga yun...

Tsaka biglaan yun! Lahat nga kami nabigla nung araw na yun!

Biglaan nga kasi...

Pero kung sa bagay...

Kawawa naman si Aika...

Nakita ko nga s'ya sa party nun e!

Ang gulat ko...

Bakit s'ya nandun?

Wala naman kaming nasabihan kasi biglaan nga!

Pati si Khas my babe, nandun din...

Naman oh...

Napasama na din ako kay Kuya paglipat ng section...

E kasi naman, nagmakaawa...

Wala daw siyang kilala dun sa kabilang section...

Forced paglipat yung nangyari kay kuya e...

The school owner ordered too...

Alam kasing may Aika si Kuya sa room...

So that explains all...

Tinitingnan ko na lang mula sa malayo si babe Khas...

TT \_\_\_\_\_ TT

I miss her badly! > \_\_\_\_\_ <

\*\*\*

**(Khas' POV)**

Ano ba naman 'tong si Aika...

Masyadong pabaya...

Ayan tuloy nagkasugat sa tuhod...

Dinala ko s'ya sa clinic since may sugat s'ya...

Pa'no ba naman kasi, tinisod/tinakid nina Kessy at Trixie kanina sa hallway.

Kasalanan ba ni Aika na naging sila ni Tungsten? Di naman diba?

Mga inggitera...

Kalat na sa school...

Engage na sina Camella at Tungsten...

And so?

= \_\_\_\_\_ =

I care much. Yea, I care a lot...

Nga pala, cool off kami ni Barium.

Waley lang. trip ko lang. Nakakasawa na kasi hitsura n'ya...

So para di ako magsawa, cool off muna.

Hoho~ >;D

Bayae n'yo s'ya... Kung maghanap s'ya ng iba, bahala s'ya...

Meaning, hindi siya loyal, right? ^ \_\_\_\_\_ ^

Nandito lang kami sa clinic...

Simula nung party nina Camella, hindi na din masyado nag-iiimik 'tong si Aika...

Affected much talaga...

Wawa naman si Tiffany...

Talking about Xenon...

Umalis na s'ya and before he leave...

Alam n'yo na naman siguro...

We talked...

Yung mga gusto n'yang sabihin kay Aika, sa akin n'ya sinabi...

Baka daw kasi hindi na s'ya makabalik bago ang kasal nina Tungsten.

And speaking of kasal...

Sa birthday daw ni Camella gaganapin mismo yung kasal...

Sa mismong debut ni Camella, kasabay na ang kasal...

Well, kailangan kong masabi kay Aika yung mga nalalaman ko bago pa mangyari yun pero hindi talaga ako makahanap ng tiyempo...



Pa'no ba naman, sa tuwing iopen ko yung topic bigla na lang n'yang sasabihin ay:

"Hep, don't talk about it Khas. It's over... Kapag inopen mo pa yan, magagalit na 'ko"

Yun lagi ang sinasabi niya...

Hayy. Kupo. = \_\_\_\_\_ =

Paano ko sasabihin lahat?

Paano ko sasabihin na inano lang ni Camella si Tungsten...

Paano ko sasabihin na hindi yun ginusto ni Tungsten?

Paano ko sasabihing yung baby na dinadala ni Camella ay----

"Khas, tara na... Balik na tayo sa room..." naputol yung pag-iisip ko, bigla s'yang nagsalita e...

"Okii... Kaya mo na?" tanong ko sa kanya...

"Oo naman... Strong 'to... :)" sabi niya then fake a smile...

Ok, as she said... Kaya n'ya...

Napatingin ako sa tuhod n'ya...

May naalala ako...

Parang kailan lang, nung sa parking lot...

Tinulak s'ya ni Tungsten para lang hindi maurungan ng kotse...

Nagkasugat din s'ya nun...

Sa tuhod din...

Si Tungsten ang dahilan...

At ngayon, may sugat ulit s'ya...

Si Tungsten ulit ang dahilan...

Haaaay. Bakit ba kailangan pang umepal ni Camella kung kelan, ok na ang lahat?

Nagpabuntis pa kasi e... = \_\_\_\_\_ =

Ay, BAD.

\*\*\*

**(Tungsten's POV)**

[A/N: Ayaaa na. Hoho~ Let's here it from him. Lul!]

Engage na ako...

Sa babaeng hindi ko naman gusto!

Magkakaanak na ako...

At sa babaeng hindi ko naman gustong anakan!

Pushaaaa! > \_\_\_\_\_ <

Bakit ang saklap ng buhay ko?!

Bakit si Camella pa?!

Pushaaa naman oh!!!

Bakit sa babaeng yan pa?!

RAPIST yan e! RAPIST!!!

Pushaa talaga!!!

= \_\_\_\_\_ =

Si Tiffany...

Wala na akong mukhang maiiharap sa kanya...

Nasaktan ko s'ya...

Mula nung engagement party which is monthsary namin, hindi ko na s'ya nakausap pa...

Nasamsam kasi cellphone ko pati lahat...

Ni hindi ko man lang s'ya nabati...

Oo, kasalanan ko...

Pero...

Kasalanan din niya!!! (point to Camella)

Nasa bahay ako ngayon...

Itong babaeng 'to, nandito din...

Pushaaa naman! > \_\_\_\_\_ <

Magkasama kami sa bahay...

Yun kasi ang napagpasyahan ni Mr. Sy at ng aking lola...

Oo, may lola ako...

Si Lady Cassandra Corpuz...

Bagong uwi galing States...

At eep. Botong boto s'ya kay Camella...

Pushaaa naman! Kung gusto n'ya kay Camella, s'ya na lang magpakasal!

Isa pang kontrabida, dapat di ka na lang umuwing matanda ka!!!

= \_\_\_\_\_ =

Ito namang kasama ko dito, buwisitt!!!

Kung hindi lang 'to buntis nasapak ko na 'to...

Dikit ng dikit, parang lintal! Pushaa naman!

Ang kafal pa ng muka!!! Kaya lalo akong napilitan sa engagement na 'to...

Magpakita ba naman daw ng picture naming dalawa! Magkatabi sa kama!!!

Pushaaa!!! Ayan tuloy, nadiin na talagang ako yung ama nung batang nasa tiyan niya!!!

Pushhaaa! Ni wala nga akong maalala!!!

Ayoko sa engagement na yun nuh!!! Pushaa naman, si matandang Cassandra kasi epal!!!

Hindi na nga pumayag si matandang hukluban/Lolo Iron, ipinagpilitan pa!!!

Pushaaa talaga!!!

Bakit ba aksi umuwi ka pang matanda ka!!!

Ketagal tagal mong nawala!!!

MATANDANG CASSANDRA + RAPIST na BABAENG CAMELLA = Pushaaa!!!

Ng dahil sa inyo, nawala si Tiffany ko!!!

= \_\_\_\_\_ =

Miss ko na si Tiffany ko... TT\_\_\_\_\_TT

Tuwing nasa school, palagi ko s'yang sinusundan...

Mukha na nga akong Stalker e...

Araw-araw maaga akong naalis dito sa impyernong bahay na 'to...

Pumupunta ako sa bahay nila... Sinusundan ko siya...

Mula sa bahay nila pag papasok s'ya hanggang sa makauwi s'ya...

Napapansin ko lang, tumamlay s'ya...

Kasalanan ko ba? Ako ba?

Sorry Tiffany ko...

Sorry... >:(

Kanina sa school, habang sinusundan ko siya, nakita ako ni Danna...

Si Danna, yung girlfriend ni Tyrone...

Mabait yun! Kaclose yun ni Tiffany e...

Tinawag n'ya ako...

### **(Flashback)**

"Huy!" may tumawag sakin, nasa may tapat ako ng library, sinusundan ko si Tiffany, hindi ko alam ang nangyari pero nung pagkita ko, may sugat yung tuhod n'ya... Nag-alala ako... :(

Lumingon ako, may tumawag sakin e...

Nakita ko si Danna, nasa labas ng library, mukhang may iniintay...

"Oh? Bakit?" tanong ko sabay lapit sa kanya...

"Wala... Musta? Hehe. Long time ah! :)" sagot n'ya saakin...

"Ah... O-ok naman..." yun lang ang nasabi ko, PUSHAAA! Hindi ako OK!!! Miss ko na si Tiffany!!! >\_\_\_\_<

"Weh?!" sabi naman n'ya... Teka, nang-aasar ba 'to o obvious lang ako?

"So pa saan ka? Mukhang nagmamadali ka ah..." dagdag pa niya...

"Ah... Wa-wala..." sagot ko na lang... Ayoko ngang sabihing sinusundan ko si Tiffany... Kasalanan ko naman e kung bakit nawala s'ya saakin...

"Wala daw... Sinusundan mo lang si Aika e!!! Hahahaha!!!" sabi n'ya saakin... WHAAAAAAT?! Papanong--- Alam kaya niya!? Siguro naman hindi noh!!! Nanghuhuli lang 'to...

"Huh?! HINDI NOH!!!" sabi ko na lang... Takte, mahuhuli pa ata ako... Tapos feeling ko namumula ata ako? Sheteng mukha! >\_\_\_\_< Epekto ni Tiffany ko...

"Haha... Mukamo... Mapula!!! TOMATO!" bigla akong natigilan sa sinabi niya...

"Haha... Mukamo... Mapula!!! **TOMATO!**"

"Haha... Mukamo... Mapula!!! **TOMATO!**"

"Haha... Mukamo... Mapula!!! **TOMATO!**"

Naalala ko si Tiffany ko, nung una kaming nagkameet sa mall...

Tinawag ko s'yang STUPID TOMATO...

Kasi naman, namumula tapos parang t\*nga...

= \_\_\_\_\_ =

Mas lalo ko tuloy s'yang namiss!

Miss ko na si Stupid Tomato...

Miss ko na si Ms. Amazona...

Miss ko na si Tiffany ko...

After 3 seconds, may sumulpot...

Si Maria Ysabelle Khaira Atienza aka MYKA lang pala... Syota ni Lance Udeo Kevin Estrella aka LUKE na seatmate ni Tiffany ko, o kay hahabang pangalan.

Bakit ganun? Palagi na lang may connect kay Tiffany ko...

= \_\_\_\_\_ =

Miss ko na talaga s'ya...

Mayamaya, akmang aalis na sila... Papasok ata ng libabry...

Baka mag-aaral...

Finals na bukas e...

"Sige Tungsten! Baboo!!! Hoho~ Best wishes nga pala sa inyo ni Camella... Don't worry... Ok lang si Aika! :)" paalam ni Danna sabay pasok sa Library...

Huh?

Best wishes?

PUSHAAA! > \_\_\_\_\_ <

Basag moment ka Danna!!!

Pero...

Ok lang daw si Tiffany ko...

Eh? Naman?! In what way?

Lul, alam ko, hindi din...

At kasalanan ko yun...

TT\_\_\_\_\_TT

Sorry Tiffany ko...

Hindi ko naman 'to ginusto e...

Inipit lang ako ni Lola... ;(

Miss na kita... TT\_\_\_\_\_TT

**(End of Flashback)**

"Tungsten... May dinner nga pala tayo nina Daddy ko, Lolo at Lola mo mamaya... Pag-uusapan na daw about OUR wedding... Kelangan ka dun future HUSBAND. Sabin g lola mo..." sino pa ba? E di si Rapist. Pushaa! Magdinner ka mag-isa! Lamunin mo lahat ng pagkain dun! Lamunin ka na ng lupa! >\_\_\_\_\_<

"Ok." Umoo na lang ako... Wala din naman akong magagawa e... Kung bakit ba kasi under ni Lola si Lolo...

Ketagal tagal nawala tapos bigla na lang babalik ng walang pasabi...

**[TCK 11]\* -- The PAST [Let's BRING it BACK.]**

**(Still, Tungsten's POV)**

**[Fast Forward]**

Nandito kami ngayon sa isang restaurant...

SECRETO na lang kung anong name, baka mapuntahan n'yo ako...

Pushaaa = \_\_\_\_\_ =

As what this Rapist has said, dinner nga 'to...

With Lolo Iron, Lola Cassandra and Mr. Sy and Mrs. Sy...

Bakit wala si Papa?

Against s'ya sa marriage na 'to...

Buti pa yung ama ko...

Kakampi ko... >{

Tahimik lang ako...

Pinapag-usapan lang nila yung about sa wedding...

Ikakasal daw kami sa mismong debut ni Camella...

3<sup>rd</sup> week of November...

Secreto ang date...

Baka makapunta na naman kayo e... = \_\_\_\_\_ =

October na ngayon...

Malapit na ang sembreak...

Finals na bukas...

Actually, wala ako sa mood...

Nagtingin-tingin na lang ako sa paligid...

= \_\_\_\_\_ = -> O \_\_\_\_\_ O -> ^ \_\_\_\_\_ ^

Nakita ko si Tiffany!!! >:D

Waaaah!!! S'ya ba yun?!



Oo, s'ya nga!!!

May kasama s'ya, si Ayame ata yung isa...

Tapos may matanda pa...

Si... Si...

Si Atty. Theodore Evangelista! Yung sikat na lawyer na tatay n'ya...

WAAAAAH! > \_\_\_\_ <

Kilala kaya ako ng ama n'ya?

Ni hindi ko lang nga nameet e... Baka hindi... = \_\_\_\_ =

Nagkahiwalay kasi kami agad ni Tiffany...

Nandun sila nakaupo sa may malapit sa bintana ng restau...

Nagkwekwentuhan lang sila...

Siguro family bonding?

Hayyy. Gusto kong pumunta dun... = \_\_\_\_\_ =

Bigla naman tumayo si Ayame... Pupunta ata sa CR?

Yung CR kasi... Malapit sa table namin...

Kung bakit ba kasi ang ganda ng pwesto namin... = \_\_\_\_\_ =

Napatingin s'ya sa akin... Tapos kay Camella... Siguro hindi siya kita ni Camella...

Nginitian ko s'ya... Di man lang ako pinansin...

Bakit ba ang deadma ng babaeng yun?

Magkabaliktad talaga sila ni Tiffany...

Ano naman kayang nagustuhan dun ni Nickel...

Kinakausap na pala ako ni Lolo hindi ko pa alam...

"Apo... So, ok lang sa iyo ang schedule ng kasal?" tanong ni Lolo...

Hindi pa ako nakakasagot bigla ng sumingit si Lola...

"Oo naman... Tatal, wala na din s'yang magagawa..." sabi ni Lola...

Oo nga naman... Kung sabihin kong ayoko magpakasal? May mangyayari ba? Wala naman diba... = \_\_\_\_\_ =

Nakatingin lang sa akin si Lolo...

Biglang dumaan si Ayame...

Tapos na ata mag CR?

"Aba! Hija!" bigla namang tumayo si Lolo...

Napatigil naman si Ayame tapos tumingin kay Lolo at ngumiti...

"Hija... Anong ginagawa mo dito?" tanong ni Lolo...

Teka? Magkakilala sila?

Eeh? Baka... Baka naipakilala na siya ni Nickel...

Bakit hindi ko alam?

"Dinner date with my father and sister po..." sabi naman ni Ayame...

"Ah? So, nandito si Papa mo? Where? Alam mo hija... I want to meet your father AGAIN... He is a very great lawyer..." sabi naman ni Lolo...

Ah ganun? Bastusan?

Pero teka? AGAIN? So meaning nagmeet na sila ni Lolo dati...

Napapatingin na lang sina Mr. and Mrs. Sy kay lolo tapos biglang umimik...

"Mr. Iron? Would you mind? Who is that girl?" tanong ni Mr. Sy...

"Ah... This beautiful young lady... She's Ayame... Nickel's girlfriend and at the same time, she's one of the daughter of Atty. Theodore Evangelista... A very great lawyer..." sabi ni Lolo... Proud na proud...

"Really? You are so beautiful hija... :)" sabi naman ni Mrs. Sy...

Biglang bumulong si Camella...

"Yea, great... She might be beautiful pero I'm more! Tss..." sabi nitong si Camella.. Pero bulong lang... Insecure?

"Thank YOU po..." sabay tingin ni Ayame kay Camella then grin...

Teka? May galit ba 'to kay Camella?

"So where is your father hija? I also want to meet a very great lawyer like him..." sabi ni Mr. Sy...

"There..." sabay turo dun sa kinaroroonan nina Tiffany at nung tatay n'ya...

"Oh... Kapatid mo si Ms. Aika Tiffany Evangelista?!" tanong ni Mr. Sy... Oo, nagulat... Kasi naman... Kaya ako napalipat ng section ng pwersahan kasi alam nila na kami ni Tiffany... Pero ngayon... Wala na... We're over... TT\_\_\_\_TT

"Opo... Diba? Gusto n'yo pong mameet si Papa? Then why don't you join us on OUR table... It's quite BIG you know..." sabi ulit ni Ayame... Teka... Parang iba na ang awra n'ya...

"Sure hija... Tara lipat tayo dun honey... I want to meet this Atty. Theodore Evangelista... He's a great big asset..." sabi ni Mrs. Sy...

WHAAAAAAAT?! Lilipat kami ng silya!?

O\_\_\_\_\_O

"Excuse me Mr. and Mrs. Sy, it's quite late... I need to take a rest na so uuna na akong umuwi..." tapos ayoon, umuna na si Lola... Problema nun?

"Uuna na din po kami ni Tungsten Mommy..." sabi naman ni Camella...

"Mabuti pa nga..." sabi ni Ayame? Though pabulong lang... Pakinig ko pa din...

Siguro nga, mas mabuti pa... Kesa naman nandun ako kasama nila tapos magkakailangan lang... I think we should go... = \_\_\_\_\_ =

Nahihiya din naman ako kay Tiffany e... Matapos ko s'yang lokohin...

Teka? Hindi ko naman s'ya niloko e...

Narape lang ako! TT \_\_\_\_\_ TT

At umuwi na nga kami ni Camella- ang babaeng RAPIST.

Ano kayang nangyayari ngayon dun?

\*\*\*

**(Aika's POV)**

Bakit ang tagal naman ni Ayame? Magsi-cr lang daw...

Ang tagal naman nung bumalik...

Nga pala...

Nagdinner date kami ni Papa!!!

Nagkapagpatayo na kasi ng isa pang Law Firm si Papa e...

Nabanggit ko ba sa inyo? May Law Firm s'ya...

Dati isa lang pero ngayon, DALAWA na!

Astig noh? ^ \_\_\_\_\_ ^

At ayoon nga... Nagcecelebrate kami ngayon! :)

Maya-maya pa dumating na si Ayame at...

O\_\_\_\_\_O

Kasama yung University President na may-ari ng school! Sina Mr. and Mrs. Sy... Tatay at nanay ni Camella. Pati si Lolo Iron, kasama din ni Ayame! Bakit, why? [Redundancy! Hoho~]

Napatayo naman ako at napabow... Ewan ko ba?

Ganun kasi sa school e... Kapag makakasalubong mo ang University Owner/ President kelangang bumow...

"No hija... Don't bow... We are here para makipagmeet kay Atty. Evangelista and we are very much proud na anak ka pala n'ya... You are one of the students in my school right hija? I have seen you around there..." sabi ni Mr. Sy sakin...

Napatunghay naman ako...

"Hehe..." yun lang nasabi ko... Ewan ko ba...

"Hija!" tapos binatukan ako ni Lolo Iron... Ganun?! CLOSE pala kami! Haha.

"Hello po Lolo!!! :D" sabi ko sabay mano... Hehe. Close nga pala kami?

"Musta ka na hija? Gandang bata pa din e..." sabi naman ni Lolo Iron...

"Ok naman po... Hehe... :)" yun lang ang nasabi ko...

Parang kelan lang nung ipinakilala ako ni Tungsten dito kay Lolo Iron... :(

Kami pa nun... TT\_\_\_\_\_TT

Bakit kailangang maalala?

=\_\_\_\_\_ =

"Dad, sina Mr. and Mrs. Sy po... The owner of the school I'm studying at... At ito po si Lolo Iron... Isang SIKAT na scientist! May-ari din po ng school... But mga international schools po..." sabi ko kay Papa...

Tumayo naman si Papa...

"Nice to meet you Mr. and Mrs. Sy..." sabi ni Papa sa mga magulang ni Camella.

Tapos nagshakehands sila...

Wow! Magkasundo?

Well, kami po ng anak niyo hindi (to Mr. Sy).

Maya-maya inayos na ni Papa yung salamin n'ya tapos medyo tinitigan si Lolo Iron...

Parang may inaalala s'ya... Ewan?

"Mr. Corpuz?! Is that you?!" sabi ni Papa sabay hampas kay Lolo Iron...

WHAAAAAAT?! O \_\_\_\_\_ O

Magkakilala sila?

"Yes Atty! :D Buti natatandaan mo pa ako?!" sabi naman ni Lolo Iron... Ok, magkakilala nga sila...

"Long time no see Mr. Corpuz..." sabi ni Papa...

"Kamusta?" at ayoon nga nagkwentuhan na sila pero siyempre umupo muna...

Nakikwento naman din sina Mr. at Mrs. Sy...

Biruin n'yo? Sikat nga pala ang Papa ko! Well, I'm PROUD to be his daughter... :D

Niyaya na din nina Mr. and Mrs. Sy si Papa na kung gusto daw makipag business partners together with Lolo Iron...

Meganun agad?!

So, business meeting pala ito...

Akala ko pa naman FAMILY BONDING na namin!

Pag-iisipan pa daw ni Papa... Syempre... Matalino ata ang papa ko... :D

Pagkatpos nung dinner na yun...

Naging good friends na sina Papa, Lolo Iron at Mr. and Mrs. Sy...

Nakilala daw pala ni Papa si Lolo Iron dati kasi nakuha ng abogado ni Lolo Iron si Papa in the past...

Woow? So simula pa lang, magkakakonek na kami? :D

What a coincidence! :)

Napaisip tuloy ako...

Dapat ako na lang ang kinuha ni Lolo Iron na makaengage ni Tungsten dati tatal close naman pala sila ni Papa! Hoho~ Deh, joke...

Ayan... Si Tungsten na naman... = \_\_\_\_\_ =

**[TCK 11.1]\***

**(Ayame's POV)**

The days had gone so fast that I actually can't remember what happened in the past. Lul. [WHAT an ENGLISH, WRONG GRAMMAR pa!!!  
HAHAHA. Lul.].

Bale, INTRAMS na namin.

Imma graduating...

Sina ate naman, sembreak na...

Tapos na ang finals nila...

Tapos na ang first sem...

Sana makalimutan na din niya si Tungsten noh?

Naaawa na ako kay ate...

Sabi kasi ni Ate Khas, binubully na daw si Ate sa school nila...

Wondering why me and Ate Khas are close?

Kasi naman... Magkasundo kami in a way na may kinalaman kay ate...

Basta... SECRET.

Bale wala naman talagang klase pero may pasok...

Activities lang tatal, 2 weeks na intrams...

BORING. = \_\_\_\_\_ =

Nagtext si BOYFRIEND!

Sino pa? E di si BLOCKMAILER/MONSTER/GANGSTER/STALKER na si Nickel...

You know what...

I think I'm starting to like him...

WAAAAAAH! = \_\_\_\_\_ =

NEVERMIND.

Hindi bagay sa character role ko...

And wait...

Wondering why I'm not mad at him?

Kasi siya ang nagsabi saakin ng lahat...

About kay Tungsten...

Na napilitan lang daw makipag engage kay Camella the BIG FLIRT.

Kasi naman... Nabuntis daw...

Like DUH?! = \_\_\_\_\_ =

So cheap ha... Nagpabuntis pa...

I shouldn't be mad at Tungsten kasi ayaw naman pala niya...

Pero hindi ko mapigilang hindi magalit...

Hindi dahil nabuntis niya si Camella or whatsoever...

Kundi dahil, sinaktan niya si Ate, maybe not Physically but EMOTIONALLY...



Naiinis talaga ako sa lalaking yun...

Next month na daw ang kasal niya dun sa BIG FLIRT na yun...

Nakakaasar...

Nasasaktan yung ate ko...

And I hate to see her being hurt...

At teka, balik na nga sa topic, nagtext na nga yung boyfriend kong MONSTER!

= \_\_\_\_\_ =

Kailangan na naman nito?

\*one message receive\*

\*opening\*

FROM: MONSTER

I'll pick you up later... Date tayo... I miss you... :)

--message ends here--

Nireplyan ko na lang s'ya...

Sabi ko OK.

Yun lang.. Ano pa bang kelangan sabihin...

Ang sweet naman kasi...

>///  
<///>

Maya-maya...

\*bzzzzzzzt\*

\*one message receive\*

\*opening\*

FROM: Ate Khas

Yamee! Punta ka dito sa school grounds n'yo, I'm here! I need to tell you something... It's very important!!! Kasama ko si Kuya Barium mo so please... Now na ha! Now na! Pinagkakaguluan na yung mokong dito! Bago ko pa iicha ang mga schoolmate mo! Hehe... See you! :)

--message ends here-

Huh? Anong ginagawa nila dito?

May sasabihin daw something very important...

Siguro... About kay Ate...

Oyes, again, why wondering Ate Khas and 'Kuya' Barium are together?

Bati na kasi sila and that's all...

So, makapunta na nga sa school grounds...

\*\*\*

**(Khas' POV)**

WAAAAAAH! Sembreak. Hoho~ Ang saya-saya kasi naman...

Kami na ulit ni Barium IRON Corpuz. :)

Well, di naman kami nagbreak at tatal sembreek naman, binati ko na...

Baka mamaya magbreak na kami ng tuluyan. Haha. :)

BTW, nandito kami sa school nina Yamee! Oo, Yame tawag ko sa kanya... Close kami e...

May sasabihin ako sa kanya! URGENT talaga!

Tinanong ko kasi kay Xenon kung pedeng sabihin kay Yamee yung secret namin e sabi naman, OK daw.

So sasabihin ko na habang may oras pa! At habang malayo pa yung kasal nung dalawang hayup. Hoho~

Nakikihayup na din ako Ayame noh? Bati kami e. :D

Nakarating na s'ya sa school gorunds... Grabe naman... Sabi ko Dalian kasi pinagkakaguluhan na si Barium ng mga students dito...

Pagbigye na Khas... Mga bata yan... = \_\_\_\_\_ =

Maya-maya dumating na si Yamee! >:D

Grabe, bakit ang ganda ng batang ito?

Naiinsecure tuloy ako... TT\_\_\_\_\_TT

Buti na lang at may boyfriend na kundi baka nagkagusto pa si Barium dito e...

At buti at si Nickel ang boyfriend...

Kunsabagay... Bagay sila... Parehong BIPOLAR! Haha.

"Ate, ano bang sasabihin mo?" tanong agad n'ya...

Atat? Ganun? ;D

So ayoon nga... Pumunta na muna kami sa canteen ng school nila...

Grabe! Ang ganda!!! Ang ganda-ganda! Mukhang ang mamahal ng pagkain. Haha...

Kunsabagay... International School 'to...

Tapos ayoon... Nilibre na n'ya kami ng pagkain...

Tinanong ko yung price...

Ang sabi naman ni Yamee wag na daw... Kung babayadan ko daw?

Syempre di ko na kinulit, baka mamaya ang mahal nung food tapos kulang pera ko! Lol.

Nag-usap na kami...

Pinalayo ko muna si Barium kasi confidential 'to...

Hindi pa dapat agad n'yang malaman...

Pagkatapos kong sabihin sa kanya...

Ganito lang naman ang mukha n'ya: O \_\_\_\_\_ O

At sabay sabing: "WHAAAAAAAAAAT?!"

Wag kayong mag-alala... Ganyan din yung expression ko nung sinabi ni Xenon...

At siguro, ganyan din ang magiging expression n'yo kapag nalaman n'yo...

Yung ganito oh: O \_\_\_\_\_ O WHAAAAAAAAAT?!

Hoho~

\*\*\*

**(Ayame's POV)**

O \_\_\_\_\_ O WHAAAAAAAAAT?!

Naku, naku... After naming pag-usapan ni Ate Khas ang lahat...

Nagmadali na akong umuwi!

Kailangan 'tong malaman ni ate as soon as possible...

ASAP! As in...

Kung bakit ba naman ngayon lang sinabi ni Ate Khas... = \_\_\_\_\_ =

E di sana, hindi na nalulungkot yung ate ngayon kung matagal na niyang ibinulgar...

Naman oh...

Umuwi na ako sa bahay...

Nandun lang naman si Ate e...

Pagdating ko sa bahay...

Wala pala s'ya... = \_\_\_\_\_ =

Sayang ang pagpapanic ko...

May nabasa na lang ako sa ref namin...

May 'sticky notes' na nakakapit dun e...

Ito yung nakasulat...

*"Ayame Tamia Evangelista! Punta lang akong mall ha... Boring kasi e... Kain ka na lang dyan ha... Nagluto na ako... Kung ayaw mo nung food na niluto ko, order ka na lang! Haha. Sige bunso! Pakabusog! Uwi din ako maya ng konti... ♥"*

Yun lang yung nakasulat...

May puso pa sa dulo... = \_\_\_\_\_ =

Ok, FINE.

Nasa mall naman pala...

Lintayin ko na lang...

\*\*\*

**(Nickel's POV)**

Pagdating ko sa school nina Tammy...

Oyes, Tammy... Yun ang tawag ko sa girlfriend ko at ako lang ang pedeng tumawag nun...

Second name n'ya kasi Tamia... Diba? Ayame Tamia Evangelista...

Yun na nga... Pagdating ko sa school nila...

Nakaalis na daw... Potek. Sabi ko susunduin ko s'ya e... Magdedate kami! Bakit umalis na lang agad... = \_\_\_\_\_ =

Miss na miss ko pa naman din yung babaeng yun!

Pupunta na lang siguro ako sa kanila...

Nakaalis pa ng bahay... Dapat pala dumiretso na lang ako sa kanila...Magkasubdivision kaya kami...

Di man lang nagtext e... Sayang ang gasolina! = \_\_\_\_\_ =

**[TCK 11.2]\***

**(Ayame's POV)**

Hapon na... Dumating ako dito sa amin kanina pang 11am...

5pm na wala pa din si Ate...

= \_\_\_\_\_ =

Hindi naman yun inaabot ng gabi pag nagala mag-isa...

Tawagan ko kaya?

\*Dialing Ate Aika\*

\*Riiiiiiiiiiiiiiiiing\*

Huh? Ano yun? Bakit parang may nagriring...

Tiningnan ko sa ibabaw ng TV...

Yung cellphone ni Ate nandun...

Eek? Ganun? USELESS.

Lintayin ko na nga lang...

Kung bakit ba naman kasi ang tagal-tagal...

Lumabas ako ng bahay... Sa labas ko na lang aantayin...

Maya-maya, dumating si Nickel...

= \_\_\_\_\_ =

Patay.

Nakalimutan ko may date nga pala kami...

Pasensya naman...

Nawala sa isip ko e...

"Bakit di mo ko inintay?" tanong niya... Mukha namang hindi galit...

"Ah... Urgent kasi kaya umuwi agad ako... Sorry..." yun lang nasabi ko... Sorry po... = \_\_\_\_\_ =

"Ok lang... Diyan na lang tayo sa inyo magdate..." sabi naman niya tsaka ako hinila papasok...

Umoo na lang ako.

May atraso ako e... Di ko man lang s'ya naitext... Kakahiya tuloy... = \_\_\_\_\_ =

Nanood lang naman kaming movie...

Kumain ng niluto ni Ate tutal sobrang dami kaya may tira pa ako kanina...

Nagtetris din kami... Naglaban kami... Ang talo may punishment... Kiss daw... Binatukan ko nga...

Ayoon... Tumigil... Kiskis n'ya kaya sa pader... Potek. = \_\_\_\_\_ =

Mga 8pm na din siya umalis... Malapit naman bahay nila dito e...

Sa kabilang street lang...

Ayaw pa ngang umalis...

Antayin na daw dumating si ate para may kasama ako...

Hangswet naman... >///  
<

Di ko nga pinayagan...

Baka mamaya, hinahanap na siya sa kanila ako pa mamura...

Kaya ayoon, pinalayas ko na...

Ano ba yan, ang tagal tagal ni ate... = \_\_\_\_\_ =

May sasabihin pa man din ako...

Nasa loob lang ako ng bahay...

Nanonood ng TV. Boring...

Ano naman kayang oras balak umuwi ng magaling kong ate?

Antagal...

At...

Sa sobrang katagalan...

Nakatulog na ako...

At lumipas ang oras...

\*Riiiiiiing\*

\*Riiiiiiing\*

\*Riiiiiiing\*



Nagising ako sa ring ng telepono...

10pm na pala...

Ano ba yan? Wala pa din si Ate... = \_\_\_\_\_ =

\*Riiiiiiing\*

\*Riiiiiiing\*

\*Riiiiiiing\*

Oo nga pala nagriring yung telepono...

"Hello, sino ka?" Bungan ko dun sa natawag... Ganyan talaga... Ang galang nuh. = \_\_\_\_\_ =

"Ayame Tamia Evangelista? Hahahahaha..." boses ng isang babae... Matanda na ata... Sino naman 'to? Bakit alam ang name ko? STALKER?!

Binaba ko na yung telepono...

Walang kwenta... Tinatanong ko kung sino siya ang sinagot pangalan ko...

Ulul...

= \_\_\_\_\_ =

Nasan na ba kasi si Ate?!

Maya-maya nagring ulit...

\*Riiiiiiing\*

\*Riiiiiiing\*

\*Riiiiiiing\*

Sino naman kaya 'to?

"Hello, sino ka?" yun ulit ang bungad ko...

"Bastos na bata... Anak ka nga ni Theodore... Haha..." yung matanda ulit...

Potek, bastos daw ako... Pakelam nito? Close kami? At pati ngayon kilala na niya si Papa...

Sino ba kasi 'to?! = \_\_\_\_\_ =

"Sino ka?" tanong ko ulit...

"Haha... Nasa akin ang ate mo... hahaha!" sabi nung matanda sabay tawa... Aba? Masaya s'ya?

Pero teka... Si ate? O \_\_\_\_\_ O

Si ate daw nasa kanya? = \_\_\_\_\_ =

Maniwala naman... Baka mamaya ginugood time lang ako nitong matandang 'to...

"Weh?" yun lang ang sabi ko then ibababa na sana kaso...

"Ayame!!! Wag kang makikinig sa matandang yan! Ok lang ako!!! Wag kang pupunta dito!!! Wag!!!" O \_\_\_\_\_ O

Boses ni ate...

"Now what young lady? Contented?" sabi ulit nung matanda...

Waaaaaah! O \_\_\_\_\_ O

Si ate nga nasa kanya!!! Potek!!!

Si ate? Nakidnap!!!

"Anong ginagawa mo sa ate kong matanda ka!?!?! Wag mo siyang sasaktan!!!" sabi ko dun sa matanda sa kabilang telepono...

"Haha... I won't hurt your ate unless you'll follow everything I will say..." sabi niya...

Huh? Nakikipagdeal ba s'ya?

"Unang-una sa lahat... Wag kang magsusumbong sa mga pulis kundi... Patay ang ate mo..." sabi nung matanda...

Napalunok naman ako... = \_\_\_\_\_ =

"Pangalawa... Susunod ka sa lahat ng iutos ko... Madaming susubaybay sa mga gagawin mo kaya mag-ingat ka... Once na gumawa ka ng hindi maganda... Patay ang ate mo..." sabi pa niya...

Napalunok ulit ako... >\_\_\_\_<

"At pangatlo... Wag na wag kang magsusumbong kahit kanino lalo na sa ama mo kung hindi... Mamamatay 'tong ate mo... At isusunod agad kita..."

O\_\_\_\_\_O napalunok na ulit ako...

Ubos na ang laway ko kakalunok! Potek! Sino ba 'tong matandang 'to?!

Kakilala ba namin 'to?! Anong kailangan n'ya?

PERA?! PERA?! o PERA?!

Pero...

Wag daw ako magsusumbong kundi...

Papatayin si ate...

WAAAAAAH! Anong gagawin ko?! >\_\_\_\_<

"Maliwanag ba?" tanong niya...

No choice... Kung ikakabuti ni ate...

Susunod na lang ako...

"Si-sige... Ba-basta... Wag na wag mong sasaktan ang ate ko!" sabi ko sa kabilang linya...

"AYAME WAAAAAG!!!" sigaw ni ate sa kabilang linya...

"Great, then deal... Sige... Tatawagan na lang ulit kita kung anong una mong gagawin... Wag kang mag-alala... Ligtas ang ate mo... Wag ka lang papalya..." sbi nung matanda tapos binaba na yung telepono...

Waaaaaaah! Anong gagawin ko?! >\_\_\_\_\_<

**[TCK 11.3]\***

**(Aika's POV)**

Ang boring sa bahay...

Ako lang ang tao...

Si Papa, tuwing Sunday lang naman yun nauwi...

Si Ayame naman may pasok...

Nagdecide na lang akong pumunta ng mall...

Makapagpalamig na lang...

Paglabas ko ng bahay...

Ok lang naman...

Nakarating ako sa destinasyon ko pero...

Nung pauwi na ako...

WAAAAAH! May nagtakip ng bibig ko tapos may pinaamoy sa panyo...

Naramdaman ko na lang nanghihina ako...

Ramdam ko yung mga nangyayari...

Isinakay ako sa van...

At...

**\*BLACKOUT\***

Nagising ako kasi may humahawak sa mukha ko...

Isang matanda...

WAAAAAH! Sino ka po lola?!!! > \_\_\_\_\_ <

Nakatali yung mga kamay at paa ko sa silyang inuupuan ko...

Wala namang tapal yung bibig ko...

Kaya free akong magsisigaw...

"Gising ka na pala..." sabi nung matanda...

"A-anong? A-anong kailangan n'yo sakin?!" tanong ko dun sa matanda...

"Pasensya ka na neng... Hindi naman dapat ikaw ang ipapadukot ko e... Yun dapat kapatid mo kaso... Ikaw yung naabutan nila... Kaya magpasensyahan na lang tayo..." sabi nung matanda...

"HUH?! Ano bang kailangan n'yo sa akin?!!!" tanong ko pa... Potek!

"Sa'yo wala... Pero sa ama mo meron..." sabi nung matanda...

"Huh? Si Papa?" tanong ko...

"Yes young lady... Sa ama mo... Malaki ang atraso sakín ng ama mo... NAPAKALAKI!" sabi nung matanda... Galit?

"Huh?! Ano pong ginawa sa inyo ni PAPA!? Patawarin niyo na po s'ya kung ano man yung ginawa ni Papa!!! Parang awa nyo na po lola!!! Pakawalan n'yo na ako!!!" sabi ko dun kay lola sabay iyak na... Sana effective... Hoho~

"SHUT UP! Hindi mo alam kung ilang taon ang nasayang ko ng dahil sa ama mo! Ng dahil sa kanya... Nakulong ako! Sampung taon! Sampung taon akong nawalay sa pamilya ko! Sampung taon ako nag-isa! Sampung taon! Naiintindihan mo?! SAMPUNG TAON?!" sabi nung matanda...

Waaaah! Nakailang sampung taon si LOLA?!

LIMA? E di bale, LIMAMPUNG TAON!? Hoho~

WAAAAAAH! Wala ng time para magpaka EASY EASY!!!

May masamang binabalak 'tong si LOLA!!!

WAAAAAAH! TULONG!!!!!! > \_\_\_\_\_ <

Narinig ko na lang s'yang may tinawagan...

Narinig ko pangalan ng kapatid ko so sumigaw ako...

"Ayame!!! Wag kang makikinig sa matandang yan! Ok lang ako!!! Wag kang pupunta dito!!! Wag!!!" yun lang nasabi ko, baka mamaya, papuntahin dito tapos maging dalawa na kaming hostage n'ya! Mabuti na yung nag-iisa ako!!! Wag lang idamay kapatid ko... TT \_\_\_\_\_ TT

Nag-uusap lang sila... Medyo napahina kaya hindi ko na mapakinggan...

Kung ano man ang sinasabi niyan Ayame, please WAG kang magpapadikta!!!

“AYAME WAAAAAG!!!” sumigaw ulit ako... Papansin lang nuh?! Kasi naman! Gutom na ako... = \_\_\_\_\_ =

Maya-maya, ibinaba na ni Lola yung phone call tapos lumapit sa akin...

“Madali lang naman palang kausap ang kapatid mo... haha...” tapos umalis na si Lola! WAAAAAH! Madali talaga yung kausap! Masunurin yun e pero teka lola!!! I’m HUNGRY!!! > \_\_\_\_\_ <

\*\*\*

### **(The Kidnapper’s POV)**

You will see Theodore...

YOU WILL SEE. HAHHAHAHA.

Makikita mo...

Makikita mo talaga...

### **[TCK 12]\* -- WHAT TO DO?! WHAT TO DO?!**

### **(Ayame’s POV)**

Three weeks...

Three weeks na simula nung kinuha nung matandang hanggang ngayon ay di ko pa kilala si ate...

Tatlong linggo na din akong nagsisinungaling sa mga taong nakapalibot sa’kin...

Waaaaaaaaaaaah!!! WHAT TO DO?! WHAT TO DO?!

Hindi ko na alam ang gagawin ko...

Sabi nung matanda tatawag daw s’ya pero simula nung una niyang tawag nung nawala si ate...

Hindi pa din natawag yung matandang kidnapper!

Hindi kaya, baka...

WALA NA SI ATE?!!! O\_\_\_\_\_O

No!!!

Wala din naman akong mapagsabihan kasi sabi nung matanda wag daw ako magsusumbong kahit kanino...

Tatlong linggo na akong nagsisinungaling...

Natapos na ang intrams...

Pati ang sembreak nina ate...

Inenroll ko siya ngayong second sem kasi akala ko makakabalik sya agad pero...

Waaaaaaaah!!! Hanggang ngayon wala pa din akong balita = \_\_\_\_\_ =

Nung unang linggo na wala s'ya, sabi ko may overnight sa kaklase...

Nung pangalawang linggo naman, sabi ko may inattendan na party...

Tapos last week...

Ang sabi ko, overnight ulit... Gagawang project si ate...

Waaaaaaaah! = \_\_\_\_\_ =

Sorry po...

First week of November na...

First week ng second sem nina ate at simula ng Second half ng pagiging graduating ko...

Hindi ko na alam ang gagawin ko...

Hindi ko pedeng sabihin sa kanila...

Papatayin nila si ate... = \_\_\_\_\_ =

Ayokong mawalan ng kapatid ng dahil saakin...

Nawalan na nga ako ng ina ng dahil saakin pati si ate mawawala ng dahil na naman saakin...

AYOKO na! = \_\_\_\_\_ =

Si Mama, namatay s'ya sa panganganak saakin... Kasalanan ko... ;{

At ngayon, hindi ko na hahayaang pati si ate mamatay ng dahil ulit sakin...

Ayoko. Ayoko... = \_\_\_\_\_ =

[REDUNDANT PART lang, Hoho~ paulit-ulit lang ganun?]

Nandito ako sa bahay...

Maaga ako palaging nauwi...

Baka sakaling tatawag yung matanda...

Hindi din ako makagalaw ng ayos kasi pakiramdam ko laging may nakasunod at nakatingin sakin...

Palagi na lang hindi ako mapakali...

Hindi ko na talaga alam ang gagawin ko...

Wala akong pedeng pagsabihan... Madaming nakamatiyag sakin...

TT\_\_\_\_\_TT

Ate sana ok ka lang...

Gagawin ko ang lahat wag ka lang mapahamak...

Nakaupo lang ako sa may dining...

Naghihintay ng tawag...

Napatingin ako bigla sa may lamesa...

May pumatak...

O\_\_\_\_\_O

Butiki?!

Nakatingin sakin yung butiki...

Pushaa... Nainlab? = \_\_\_\_\_ =



Waaaaaaah!!! = \_\_\_\_\_ =

Nagtitigan lang kami nung butiki saka ako umimik...

"Butiki ka naman e... Siguro naman pede akong magshare sayo..." kinakausap ko na yung butiki... No choice... hindi ko na kayang kimkimin...

Nakatingin lang yung butiki... Parang nakikinig...

"Alam mo ba, miss ko na si ate..." patuloy lang ako sa pagsasalita...

"Hindi ko pedeng sabihin sa iba kaya sa'yo ko na lang sasabihin... Hindi mo naman ako naiintindihan diba? Hindi ka naman counted dun sa mga bawal kong pagsabihan..." sabi ko dun sa butiki... = \_\_\_\_\_ = mukha akong tanga... I know right...

"Si ate... May kumuha sa kanya... Matanda... Hindi ko alam kung sino..." patuloy-tuloy lang ako sa pagsasalita... Tingin ko naman nakikinig yung butiki... = \_\_\_\_\_ =

"Wag na wag ko daw sasabihin sa iba kasi paptayin niya si ate... Hindi ko na nga alam ang gagawin ko... Alam mo ba kilala niya din si Papa... Siguro may galit siya kay Papa kaya gumaganti yung matanda..." sabi ko pa...

"Ayoko naman ding sabihin kay Papa kasi baka si Papa kuhanin din nila atsaka, wag na wag ko daw sasabihin sa iba... Mapapahamak si ate... Papatayin nila si Ate... Papatayin nila... Hindi ko na talaga alam ang gagawin ko kasi ang alam ko lang na pede kong maitulong, tumahimik, sumunod at maghintay sa sasabihin nung matandang kidnapper..." sabi ko pa...

"Alam kong namang ganun din ang gagawin mo diba? Kung sakaling malagay sa panganib ang kapatid mo... Susunod ka lang din sa sasabihin nila para walang mapahamak... Diba? Diba?" napapaiyak na ako... Naaawa na ako sa sarili ko... Pati butiki kinausap ko na... TT \_\_\_\_\_ TT

"Para naman akong ewan dito... Sige na butiki... Umalis ka na... Baka patayin ka nila kapag nalaman nilang alam mo na ang lahat..."

S

I

L

E

N

C

E

\*BOOOOOOOOOGSH\*

O\_\_\_\_\_O

May nabasag mula sa likod! Waaaah! Ano yun?!!!! >\_\_\_\_<

WAAAAAH! Baka mga bad guys tapos nakitang sinabi ko sa butiki lahat!!!

Patay ako nito!!! =\_\_\_\_\_ =

Napalingon ako...

Yung vase basag, nasa baba...

Tapos si...

Waaaaah!!! Napakinggan kaya niya? TT\_\_\_\_\_TT

\*\*\*

**(Nickel's POV)**

Ano ba naman yan...

Tatlong linggo na ha...

Tatlong linggo ng weird si Tammy...

Palaging hindi mapakali...

Palaging parang nagworry yung eyes...

Ano bang problema nun?

Tinatanong ko naman...

Ang palaging sagot: "Wala... Wala lang ako sa mood..."

Ganun?

= \_\_\_\_\_ =

Hindi ako naniniwala...

Hindi...

Nag-aalala na ako... Kung may problema s'ya pede naman niyang sabihin sakin...

Makikinig ako...

Pumunta ako sa kanila...

Tataluwing susunduin ko siya palaging nauuna ng umuwi...

Di na nagpapasundo for short...

Nakarating ako sa may kanto ng street...

May nakapark na itim na kotse dun sa may harap ng bahay nila...

Tapos may parang nagmamamasid?

Sino yan?! Stalker ni Tammy?! Naman?! Boyfriend here~ >.<

Hinintay ko munang umalis yung sasakyan... Pushaaa! Anong plate number nun?!!!

Pumasok ako sa loob, wala ng katok-katok...

Susurprise ko sa Tammy... :)

Si Ate Aika naman, naks... uma-'ate' na ako...

Yun nga, si Ate Aika, kaklase ko pa rin pero bakit hindi napasok?

Tinanong ko naman sina kuya Barium kung bakit, di daw nila alam...

Wala nga daw makacontact e... Pero sabi naman daw ni Tammy sa kanila, on vacation pa daw ate niya...

Kaya ayoon, now we all know... Nagbabakasyon pa pala ate niya...

Pagdating ko sa may living room, nakaupo si Tammy sa may dining...

Tapos napapatingin dun sa telepono nila...

Eeh? May hinihintay tumawag ganun?!

Siguro naman hindi...

Maya-maya, nakita ko, may pumatak na butiki...

Muntik na akong mapatawa, sa harap niya pumatak pero pinigilan ko...

Maya-maya pa, umimik na s'ya...

Wala pa rin akong kibo...

"Butiki ka naman e... Siguro naman pede akong magshare sayo..." kinakausap nya yung butiki... Teka? Ano bang nangyayari kay Tammy? Anong isheshare?

Lumapit pa ako ng konti para mapakinggan ko ng malinaw... Chismoso lang e nuh?

Sensya naman... = \_\_\_\_\_ =

Katabi ko tuloy yung antigong vase...

Siguro mahal pa 'to sa buhay ko...

"Alam mo ba, miss ko na si ate..." Ahh... Yun lang naman pala... Miss na niya si ate niya... Eh bakit naman kasi hindi pa sumama magbakasyon?

"Hindi ko pedeng sabihin sa iba kaya sa'yo ko na lang sasabihin... Hindi mo naman ako naiintindihan diba? Hindi ka naman counted dun sa mga bawal kong pagsabihan..." Huh? Anong sinasabi ni Tammy? Hindi ko gets...

"Si ate... May kumuha sa kanya... Matanda... Hindi ko alam kung sino..." patuloy-tuloy lang s'ya sa pagsasalita...

Ano? May ku-kumuha sa ate niya? Matanda?

HUH?

"Wag na wag ko daw sasabihin sa iba kasi paptayin niya si ate... Hindi ko na nga alam ang gagawin ko... Alam mo ba kilala niya din si Papa... Siguro may galit siya kay Papa kaya gumaganti yung matanda..." Tammy... Anong mga sinasabi mo... May kumuha sa ate mo... Yun ba yung problema mo? Dapat sinabi mo sakín para natulungan kita...

"Ayoko naman ding sabihin kay Papa kasi baka si Papa kuhanin din nila atsaka, wag na wag ko daw sasabihin sa iba... Mapapahamak si ate... Papatayin nila si Ate... Papatayin nila... Hindi ko na talaga alam ang gagawin ko kasi ang alam ko lang na pede kong maitulong, tumahimik, sumunod at maghintay sa sasabihin nung matandang kidnapper..." Oh sige, kaya naman pala ayaw ipagsabi kasi... Papatayin daw si Ate? Papatayin si ate? PAPTAYIN?!!! O \_\_\_\_ O

"Alam kong namang ganun din ang gagawin mo diba? Kung sakaling malagay sa panganib ang kapatid mo... Susunod ka lang din sa sasabihin nila para walang mapahamak... Diba? Diba?" napapaiyak na s'ya siguro... Nanginginig na yung boses niya e... Tammy... I'm here for you... Wag kang mag-alala... Tutulungan kita...

"Para naman akong ewan dito... Sige na butiki... Umalis ka na... Baka patayin ka nila kapag nalaman nilang alam mo na ang lahat..." tapos ayoon, siguro umalis na yung butiki... Medyo naguguluhan pa din ako... Ibig sabihin... Tatalong linggo na nga nyang itinatago ang lahat... Tammy... Yun pala ang problema mo... Dapat sinabi mo... Dapat... Kaso, alam ko namang kabutihan lang ng ate mo ang gusto mo kaya siguro tama pa din ang naging desisyon mo kaso...

Haaaay... Napabuntong hininga ako...

At napasandal sa...

\*BOOOOOOOOOGSH\*

O\_\_\_\_\_O

PATAY! = \_\_\_\_\_ =

Nabasag yung vase...

Wala akong pambayad!!!

"Ni-Nickel? A-anong?" tanong ni Tammy...

"Hehe... ^\_\_\_\_^" napasmile na lang ako... Patay!

"Ka-kanina ka pa diyan?" tanong pa niya...

"Ahhh---eh..." di na niya ako pinatapos... Umiyak na s'ya...

Lumapit ako sa kanya...

Umiiyak s'ya... Alam ko... Hindi na niya kaya... matapos kong malaman ang problema niya... Matapos kong malaman...

Kailangan niya ng tagacomfort ngayon...

Kaya naman pala ang weird niya...

Ang laki ng problema niya...

"Ni-Nick... Ka-ka-kanina ka pa ba? \*huk\* Na-riniig mo baa? \*huk\*" tanong niya habang naiyak...

Lumapit na lang ako sa kanya at hinug siya...

Alam ko ang bigat ng problema ni Tammy...

"Narinig ko... Wag kang mag-alala, I'll help you... Tahan na..." sabi ko sa kanya habang nakayakap...

"Nick... \*huk\* wag..." sabi niya...

Huh? Ba-bakit?

"Nick... Wag na... \*huk\* Kaya ko 'to... \*huk\* Ayoko pating \*huk\* mapahamak ka... \*huk\*" naiyak na talaga s'ya tapos maya-maya naramdaman ko, yu-yumakap na rin siya sakin... She's strong yet weak... [Hano daw?!]

"Wag kang mag-alala Tammy... Hindi ko ipapahamak ang sarili ko... Wag ka ng umiyak... Nandito lang ako..." sabi ko then I feel her... She hugged me tighter...

"Nick thank you... But please... Wala kang pagsasabihang iba... Tayo lang dapat... Ayokong mapahamak si ate... Ayoko..." sabi niya habang naiyak pa rin...

"Oo Tammy, tahan na... I'll protect you, no matter what..."

\*\*\*

**(Ayame's POV)**

Si Nickel... Si Nickel nga...

Siya yung putakteng nakabasag nung vase na mukhang antigo pero peke... Hoho~ >;D

Priceless yun! Hoho~

Bakit ba ang saya ko e nasa kapahamakan pa yung ate ko?!

Naman! Kasi naman!!! >///  
<

Kyaaaaaaah!!! Kinomfort ako ni MONSTER BOYFRIEND kanina!!! Waaaaaaah! >///  
<

At eto ngayon... Nandito pa din s'ya...

Sabi ko umuwi pero sabi ba naman dito daw siya tutulog at nakapagpaalam na daw siya sa kanila...

At ngayon nga, nagtatalo kami...

Panira moment talaga... Ang sweet na kanina ngayon nan- away pa...

= \_\_\_\_\_ =

BIPOLAR?

"Umuwi ka na kasi! Ok lang ako dito... Wala namang ibang tao e... Ako lang!" sabi ko sa kanya... Nagiging madaldal na ako... Pushaaa, di bagay sa character role ko... = \_\_\_\_\_ =

"Hindi... Dito lang ako!!! Babantayan kita, diba nga aas I've said earlier, I'll protect you! NO MATTER WHAT!" sabi niya sabay irap... Bakla!!!  
> \_\_\_\_ <

"Umuwi ka na kasi!!!" sabi ko pa... Uwi na monster... Shoo!

"Sige, uuwi na ako.. Bahala ka.. May itim na kotseng nakaparada sa labas... Kanina pa yang umaga... Minamanman ka... Geh... Bye!" sabi niya then inayos na yung sarili niya... Aalis na nga ata! = \_\_\_\_ =

Napatingin naman ako sa may bintana, may itim na kotse nga! TT \_\_\_\_\_ TT

Waaaaaaah!!!

"Huy!!! Joke lang... Dito ka na matulog... Dun ka sa kwarto ni Papa... Dulong kwarto... Haha... Ito naman di na mabiro..." sabi ko sabay puppy eyes... Hooo! Umbra ka... Please?! ;)

"Ok." Yun lang sinabi niya tapos umakyat na sa taas...

At matutulog na nga agad?! Adik...

7pm pa lang kaya... = \_\_\_\_\_ =

**[TCK 12.1]\***

**(Tungsten's POV)**

2 weeks na lang kasal ko na... Pushaaa!!! = \_\_\_\_\_ =

Nandito ako sa garden bahay namin...

Oo, nasa amin ako...

Si Rapist kasi, umuwi muna sa kanila, miss na daw ang nanay at tatay niya kaya ayoon...

Umuwi na lang din ako sa amin..

Tinitingnan ko lang ang mga bituin sa langit...

Kamusta na kaya si Tiffany? :(

Miss na miss ko na s'ya Potek.

3months ng buntis yung Rapist...

= \_\_\_\_\_ =

6 months na lang may anak na ako...

Teka, hindi ko naman feel e...

Rephrase natin...

6months na lang, may anak na ang rapist...

TT\_\_\_\_\_TT

May dumaang falling star...

Sabi nila kapag daw nakakita ka ng falling star, magwish ka daw kasi ang falling star ay isang wishing star...

Eh? Naman? E bakit pabagsak?

Baka mahulog lang din yung iwish ko...

= \_\_\_\_\_ =

Nagwish na lang ako...

'Sana, maging masaya si Tiffany... Sana, maging magkaibigan pa din kami... Sana ok lang s'ya... Sana, sana...'

"Kuya!!! \*hug\*, anong ginagawa mo dito?!" tanong ni Vana... Oo, si Lady Vana... :)



Ang cute talaga nitong kapatid ko! Sarap tirisin...

"Kuya, iniisip mo si ate Aika nuh!!?! Hehe!!! Yee..." sabi sakín ni Vana...

Mind-reader din pala 'to... = \_\_\_\_\_ =

"Kuya, alam mo miss ko na si ate... :( " sabi niya, nagsasalita lang siya, ako naman nakikinig lang...

"Kuya, papuntahin natin dito si ate Aika! Miss ko na s'ya... Please?! Mallig ulit tayong tatlo!!! Please... Please... Please... :( " sabi niya then \*puppy eyes\*. = \_\_\_\_\_ =

Hindi yan uubra neng...

"Alam mong hindi pede..." sabi ko na lang ng hindi nakatingin...

Lumungkot nan g tuluyan ang mukha n'ya...

Kung bakit ba kasi super close nila ni Tiffany... = \_\_\_\_\_ =

K

A

T

A

H

I

M

I

K

A

N

S

I  
L  
E  
N  
C  
E

"Kuya..." tapos sumandal siya sakin...

Inakbayan ko naman 'tong kapatid ko...

Kebata-bata pa ang dami ng drama sa buhay...

6 years old lang kaya 'to... = \_\_\_\_\_ =

"Ano?" tanong ko sa kanya...

"Kuya, gusto ko si Ate Aika... Gusto ko kayong dalawa... Sana si Ate Aika na lang... Gusto ko sa kanya ka ikasal... Gusto ko ako ang ring bearer sa kasal n'yo... Gusto ko talaga siya kuya... Gustong-gusto ko si Ate Aika... Sana si Ate Aika na lang... Sana s'ya na lang..." sabi niya then tumakbo na paloob...

WEIRDO?! Hoho~

Kung alam mo lang Vana... Kung alam mo lang...

Siya din yung gusto ko... ;{

\*\*\*

**(Nickel's POV)**

One week has passed...

One week more, kasal na ni Kuya...

Every other night, sa bahay ako nina Tammy natutulog, except nung Sunday...

Nandun yung tatay niya e...

= \_\_\_\_\_ =

Di ako pede manatili dun...

Pinagtakpan ko pa nga si 'ATE' Aika...

Sabi ko may overnight sa school yung section nila...

At syempre ako naman, nagpapanggap na hindi kaklase...

Nagiging sinungaling na din ako...

4 weeks na ding walang balita kay Aika...

Sabi ko nga kay Tammy, isumbong na namin sa mga pulis kaso...

Ayaw niya... Wag daw... Baka mapahamak ate niya...

Kunsabagay... Araw at gabi nandun yung kotseng itim sa tapat ng bahay nila...

= \_\_\_\_\_ =

Tuwing pupunta nga ako sa kanila, sa backdoor ako nadaan...

Mukha tuloy akong magnanakaw... = \_\_\_\_\_ =

Bale, Wednesday na ngayon...

Next Wednesday na yung kasal nina Kuya Tungsten at Camella...

Official Holiday nga sa school e...

Inannounce na wala daw pasok yung araw na yun...

Bale, sa school lang namin...

Sina Camella kasi ang may-ari nun...

Nandito ako ngayon sa may school grounds nina Tammy...

Yun yung field sa school nila...

Field na may mga upuan...

Mahirap idescribe pero astiig...

Susunduin ko s'ya tatal early class dismissal naman...

Halos puro babae ata ang napasok dito...

= \_\_\_\_\_ =

Pinagtitinginan na tuloy ako...

Tinext ko na s'ya kasi naman, konti na lang at mapaplibutan na ako ng mga babae...

Tammy help!

"Hi, I'm Trizia and you are?" sabi nung babaeng lumapit sakín sabay abot ng kamay... Ok, sabihin na nating maganda pero... Ang kapal ng make-up... Ganito ba ang mga students dito? Parang si Tammy lang ang matino...

"SECRET." Yun lang ang sinabi ko saka tumingin sa ibang direksyon...

"You're so suplado huh? Haha... I think I'm gonna like you for that..." sabi nung Trizia daw... Eh? = \_\_\_\_\_ =

"Huy..." tapos biglang may tumabi sa'kin...

Si Tammy pala... Napasmile na lang ako...

"Girl ang gwapo!!!" sabi nung isa...

"Yea right..." sabi pa nung isa...

"Hey NERD!!! Boyfriend mo?!" tanong nung sino nga ba 'to? Trisa? Tirzy? Trizy?

"Yea?" sabi ni Tammy sabay hawak sa kamay ko... >///  
<

"You see this? (sabay pakita nung kamay namin) This guy I'm holding is MINE so back off Trizia... I'm warning you... ;P" Sabi ni Tammy sabay hila na sakín...

"URGH!!!!!!!!!" sabi nung Trizia pala...

Namula naman ako dun... PROUD si TAMMY!!! Boyfriend n'ya ako!!! Wooo! Improving na talaga kami!!! ^\_\_\_\_\_^

Nung makalayo na kami papuntang parking area...

"Tammy..." umimik na ako... ang tahimik e...

"Yea?" nakahawak pa rin siya sa kamay ko...

"Kaaway mo ba yun?" tanong ko... Para kasing ang init ng dugo ni Tammy dun e...

"Not so..." sabi naman niya tapos playing deadma na naman...

BIPOLAR nga 'tong babaeng 'to...

Sumakay na kami sa kotse ko...

Tapos umuwi agad sa bahay nila...

Baka sakaling tumawag na yung matandang kidnapper daw...

"Nick..." sabi niya... Oo, Nick na ang tawag niya saakin... NICK\* ;)

"Yes Tammy?" tanong ko...

"Sa susunod wag ka dun maghihintay sa school grounds..." Huh?

"Huh? Bakit?" tanong ko sa kanya...

S

I

L

E

N

C

E

"Madami naaligid sa'yo..." sabi niya then namula...

O\_\_\_\_\_O

Selos?!

^ \_\_\_\_\_ ^

### [TCK 12.2]\*

#### (Ayame's POV)

Ano ba yan?! Isang buwan ng wala si Ate!!! = \_\_\_\_\_ =

Nag-aalala na talaga ako! Kung magsumbong na nga kaya ako sa mga pulis?

Eek. E kaso pag nalaman nung kidnapper baka patayin n'ya si Ate!!!

Isang linggo na lang...

Kasal na nina Camella at Tungsten...

May hindi pa ako nasasabi kay ate!

Yung gusto kong sabihin mula pa nung araw na nawala s'ya...

Yung sinabi sa akin ni Ate Khas...

Kailangang makuha ko si Ate dun sa Kidnapper ngayong linggo...

Kailangang umabot siya sa kasal...

Kasama ko ngayon si Nickel aka NICK.

Palagi naman e... = \_\_\_\_\_ =

Pero hindi naman ako nagsasawa sa mukha...

Ang cute kaya! Wooow. Landi. Di bagay sa character role...

Kaya yon tuloy, pinagkaguluhan pa sa school kanina...

At ang nangungunang nanlalandi?

Yung mortal enemy ko, si Trizia...

Waaah. = \_\_\_\_\_ =

Yun yung nagpasimuno ng pagtawag sa school ng CAMPUS NERD...

Siya kasi ang CAMPUS QUEEN...

Hayst. Pake ko ba?

= \_\_\_\_\_ =

Back to the very own topic...

ATE nasaan ka na?!

As usual, umuwi kami agad sa bahay...

Baka sakaling tumawag yung matanda...

Pero...

Lumipas na naman yung gabi...

Wala pa din...

Don't lose hope Ayame... Don't lose hope...

[A/N: End of chapter. Hoho~ ANG HABA nuh?! Sensya, wala na akong maidagdag... PARDON. ^.^v]

**[TCK 12.3]\***

**(The Kidnapper's POV)**

Tomorrow is a special day...

Tomorrow will be the best day ever...

Wag kayong mag-alala, buhay pa ang bihag...

But don't worry...

Soon...

She'll die...

\*\*\*

**(Ayame's POV)**

Waaaaaaah! Bakit ang bilis lumipas ng mga araw?!

Bukas na!!!

Bukas na!!!

Bukas na yung kasal nina Camella at Tungsten at hanggang ngayon...

Wala pa din si ate! > \_\_\_\_\_ <

Yung kidnapper hindi man lang natawag!!!

HYPER?! SORRY!!! I'm FREAKING!!! = \_\_\_\_\_ =

Tatlong araw na akong halos walang tulog...

Binabantayan ko talaga magring yung telepono...

Please, matandang kidnapper, tumawag ka na!!!

Naiiyak na ako... TT \_\_\_\_\_ TT

Ate, sana ok ka lang... Magpapakabait na ako, bumalik ka lang!!!

.

.

.





After a minute...

“Waaaaaaaah!!! Tama na!!!! TAMA NA!!!!!!!!!!!!!! Hahahahaha!!!!!!!!!!” boses ni Ate sa kabilang linya...

O \_\_\_\_\_ O ?

“Satisfied? Haha... See? She’s fine...” tapos ayoon... Ibinaba na nung matanda...

Bakit natawa si Ate?

Nakidnap na nga siya... Kung makatawa pa... WAGAS!

Ako naman dito mamamatay na sa pag-alala tapos si Ate tuwang tuwa pa dun!

WEIRDO! = \_\_\_\_\_ =

Susunod na lang ako sa matanda... Baka mamaya saktan pa ulit niya si ate...

\*\*\*

**(Aika’s POV)**

Staying alive! HAHAHAHA! BUHAY pa ako!

At...

Miss na miss ko na ang pamilya ko!!! = \_\_\_\_\_ =

Mga kaibigan ko! At mga Kaklase ko!!!

At si...

= \_\_\_\_\_ =

Nevermind...

WAAAAAAAAAH!

Lintik na aso yun!!! Tumalon sakin! Napahagpak tuloy ako! HAHAHAHA! Manghimud ba naman?! ^ \_\_\_\_\_ ^

Mukha ba akong buto?! = \_\_\_\_\_ =

Bale, nandito pa din ako sa poder ng mahiwagang lola na kidnapper...

Hindi naman n'ya ako ginugutom, nilalason, pinapahirapan or whatever...

Bati kaya kami! :)

Madalas nga kaming maglaro ng chess e...

At one time she discussed something pa nga e...

There are three moves daw para ma "MA-TE" / maCHECKMATE ang kalaban...

Unang una daw, watch their moves...

Pangalawa, Find a target...

At pangatlo, PAK! Sugod! Kainin ang chess piece. :)

Ang galing ni Lola nuh?! :D

Pero still... May mga oras pa ding super sungit niya...

Hindi ko alam kung bakit...

Para na ngang may sayad na ewan...

Well, bahala s'ya...

Basta ako, feeling safe...

SAFE NGA BA?! = \_\_\_\_\_ =

\*\*\*

**(Ayame's POV)**

"Nick..." nandito si Nickel... Obvious ba? = \_\_\_\_\_ =

"Tammy?" para kaming mga engz. Walang maitopic. Teka... Oo nga pala! Sasabihin ko tumawag na yung kidnapper!

"Nick, tumawag na yung kidnapper kanina..." sabi ko sa kanya...

"Eh? Anong sabi?" yun lang ang tanong niya.

“Sumunod lang daw ako sa kanya... Ibabalik niya si ate...”

“Ano bang pinapagawa sa’yo Tammy? Naku, mag-iingat ka ha... Pag may nangyari sayong masama...”

“WAAAAAAAAAH! Think POSITIVE! Sapakin kita e... = \_\_\_\_\_ =” lintek na lalaki ‘to... Mapapahamak agad ang nasa isip...

At ayoon nga, magkasama lang kami ni Nickel Boy...

I can’t stop thinking...

Bukas na... Tomorrow is the day...

Ate, mapapatawad mo naman ako kung hindi ko na nasabi sa’yo diba?

Marami pa naman d’yang iba...

Aw. = \_\_\_\_\_ =

Pero, konsensya ko ‘to e...

KONSENSYA...

Si Xenon kasi... Wew. Kung maka ‘Xenon’, parang close lang kami...

Kasalanan pati ni ate Khas... Hindi agad sinabi...

Hindi agad nila sinabi yun e!!!

Pati ako nakokonsensya...

Nagsisimula na akong maawa kay ‘Kuya’ Tungsten...

Hindi ko alam pero...

Hindi dapat matuloy ang kasalang yun...

Pero paano ko sila pipigilan kung si ate nasa pahamak?

“Tammy? Anong iniisip mo? Is there something bothering you?” tanong ni Nickel Boy...

“Wa-wala... Hehe... Nag-aalala lang ako kay ate...”

“Kay ‘Ate’ Aika? Magiging ok lang s’ya... Just pray...” tapos na poker face siya = \_\_\_\_\_ =, parang ako lang e nuh?

“Sana nga...”

Sana nga...

Pag naligtas ko si Ate...

Maging masaya pa rin siya kahit na wala na si Kuya...

\*\*\*

**(Khas' POV)**

Miss me guys? Hahaha... >:D

Just wanna share...

Tuesday today...

Bakit hindi ako pumasok?

May date kasi kami ni Barium babe...

Hoho~ :))

Anong reason? Yun nga... May date kami! Haha.

We'll ditch just to date...

Astig right?

We super love each other kasi...

Hahahaha! Ang adik ba?! :)

Iniintay ko lang s'ya...

Sa kakaintay ko...

May dumating na invitation...

Ang nakaprint sa envelope, 'Corpuz-Sy Nuptial'

Wew? Invited kami?!

Naks naman... Nag-abala pa sila...

Natouch tuloy ako! >\_< RAWR! >.<

Pupunta ba kami?!

Si Aika naman kasi, on vacation pa daw...

Napasarap naman ata ang sembreak nun noh?!

Nag-enroll pa hindi din naman napasok...

Kamusta na kaya ang bruha... >);

Miss na namin yun e... TT\_\_\_\_\_TT

Nagbakasyon, hindi man lang nagsama...

Solo flight e...

Well... Me? I'm still thinking...

Pupunta ba ako?

Nandun naman kasi for sure si Barium...

Ano ba?!

Pag pumunta ako para ko na ring ipinagkalulo ang friendship namin ni Aika Tiffany...

HEH! Bahala na nga...

=\_\_\_\_\_ =

\*\*\*

### **(Barium's POV)**

Papunta na sana ako kina Khas...

May date kami ngayon...

Bwahahahahaha!

May nakalimutan pala ako kaya naman bumalik ako sa kwarto ko...

Nakalimutan ko yung gift ko sa kanya...

Monthsary kasi namin. XD

Bale, ganito yung arrangement ng room pagdating mo ng second floor...

Yung hagdan nasa gitna ok?

Pag-akyat mo ng hagdan, mula sa left, kwarto ni Nickel then Vana then Master's Bedroom...

Mula naman sa right, kwarto ko, kwarto ni kuya tapos 2 guests room...

Yun lang ang maiishare ko... XD

For short, hindi ganun kalaki ang bahay namin! :)

Bahay ng normal na tao lang.

Kinuha ko na yung gift...

Sana magustuhan 'to ni Khas babe. ;)

Pababa na sana ako kaso nakita kong bukas yung pinto ng guest room...

Ang alam ko yun yung ginawang kwarto ni lola e...

Ayaw n'ya daw kasi sa bahay ni lolo Iron, mag-aaway lang sila...

Pinuntahan ko para isara kasi ganun talaga...

HAHAHA. >:D

Baka mamaya kung sinong makapasok at may mawala kung sino pang pagbintangan diba?

Lumapit ako dun sa may pinto...

"Keep her secure, dapat walang makaalam kung nasaan s'ya... Understand?!" sabi ni lola, parang may kausap sa phone...

"Yes, don't talk to her... Bayaan n'yo s'ya... Pupunta ako diyan mamaya..." sabi pa niya tapos nag end call na ata then may tinawagan ulit...

Teka, teka... Ano daw?!

= \_\_\_\_\_ =

Nakaka 'op' naman...

"This is what you're going to do... Tomorrow morning, at exactly 9am, you should be on the Birds of Paradise St., Greenwoods Subdivision... Last house from the left... May dadating na package dyan sa house niyo this night... Wear whatever is inside!!! UNDERSTAND?!"

Huh? ? \_\_\_\_\_?

Ano daw?

9am. Birds of Paradise St., Greenwoods Subdivision, Last house from the left? May Package pa?

Tapos susuutin daw kung anong nasa package...

Pagkatapos nun, ipinatong na ni lola yung phone sa table tapos tumawa...

Baliw. = \_\_\_\_\_ =

Kung hindi ko lang 'to lola, iisipin ko malaki ang sayad nito...

Umalis na ako... Takte, may tao naman pala dun, effort pang magpunta para sarhan...

Kung anu-ano pa tuloy napakinggan ko...

= \_\_\_\_\_ =

Umalis na din ako pagkatapos nun...

Sino naman kayang katagpuan ni lola bukas ng ganun kaaga at sa mismong oras pa ng kasal ni kuya...

Baka naman ka 'amiga' tapos padamit pa...

WHO KNOWS?

### **[TCK LAST MOMENTS]\* -- The Kidnapper Herself [FINALE PART 1]**

**[A/N:** Malayo pa sa katotohanan, wag kayong mag-alala... Hoho~ Ayoko lang lagyan ng TCK 13, ayoko ng number 13 e, MALAS! Hahaha. >:D]

#### **(Lady Cassandra's POV)**

You will see Mr. Theodore Evangelista...

Tomorrow is the destined date that will end your existence...

Don't yah worry Atty... Not only you but also the lives of your two daughters.

YOU WILL ALL SEE.



Yes, I am the kidnapper, so?

Have problems with that?

Ako lang naman ang kumuha sa anak ng 'GREAT LAWYER' na yun...

I'm gonna kill them all!!!

Lemme first tell you a story.

The past, the reason, the history of my revenge...

The cause on why I'm so in to kill that very great atty...

He is the reason...

The reason of my imprisonment...

It was then ten years ago...

I'm on States alone...

My husband, sons and apos decided not to follow me because of their personal reasons...

To manage our business to be exact...

I was involved in an illegal society or specifically saying, an underground society...

Hindi ko alam na isang illegal na group of dealers ang aking nasalihan that's why I'm really confident that there's no harm at all...

Until one day... Someone arrested us...

I'm innocent... I know to myself...

Wala akong alam back then...

For short, I'm actually a victim too...

So there, I called up my husband Iron...

I told him about what happened and told him not to tell anyone...

Sinabi ko din sa kanya na kumuha s'ya ng isa sa pinakamagagaling na abogado na kilala niya for me to get out of that f\*ckin' jail...

I'M INNOCENT!

Dumating naman si Iron together with the said great lawyer...

"He is Atty. Theodore Evangelista hon... He is a very great lawyer... Wala pa siyang naipapatalo na kaso... He can help you..." sabi ni Iron.

"Hi Mrs. Lady Cassandra Corpuz, I'm Atty. Evangelista..." tapos nagkakilanlan na nga kami...

Atty. Theodore Evangelista is the youngest lawyer then, he's just 30 years old...

I know him because he is popular not only in the Philippines but also here in States...

Maybe, you are wondering why I'm not having my trial in the Philippines?

It's because my case is one of the very massive and complex cases...

The court decided to have my trial here in States... Baka daw kasi tumakas ako at magtago pag sa Pilipinas...

I assured that this lawyer could help me in my case but...

Sadly... During my trial... He did fail...

I thought he was a good lawyer at all pero...

Bakit hindi niya ipinanalangin ang kaso ko?

He is a living catastrophe...

HE IS.

Ng dahil sa kanya...

I was imprisoned for about 10 years...

It's all his fault...

10 years akong nakulong ng walang kasalanan...

Para na rin akong nabuhay sa wala...

Iron left me imprisoned but promised me to visit every month...

At ngayon...

Ngayong nakalabas na ako...

This is my revenge Mr./Atty. Evangelista...

YOU WILL SEE...

You'll all see...

Nakasama ko pa dapat ng matagal ang pamilya ko kung hindi ka pumalpak...

You don't know how my life worked without my family...

Ipaparanas ko sa'yo lahat...

Lahat-lahat...

Tomorrow is your day...

Say goodbye to everyone...

\*\*\*

**(Lolo Iron's POV)**

= \_\_\_\_\_ =

Kawawa naman si Apo...

Ikakasal sa hindi niya mahal...

Pero nabuntis niya e...

Panagutan niya!

Pero...

Bakit parang...

Mas gusto ko yung anak ni 'Kumpareng Evangelista' e...

Yung si Aika...

Tingin ko naman mabait ang batang yun...

For short, boto ako dun...

Kung bakit ba naman napaka URGH! nitong si Tungsten e!!! = \_\_\_\_\_ =

Wala na akong nagawa...

May pruwera kaya...

Yung anak ni Mr. Sy, may pinakitang susku!

Litrato nilang dalawa ng aking apo...

Nakahiga sa isang kama, hubad!

Susko naman... Muntik na akong atakihin nun e!

Tungsten, now I conclude...

You really are a living disaster!!!

Magsawa ka... Panagutan mo yan...

Face your consequences...

\*\*\*

**(Aika's POV)**

Si Lolang kidnapper nandito na ulit...

May dala s'yang big box...

Tapos may lamang white dress...

Para saan naman kaya yun?

"Here, maligo ka na! Suutin mo yan..." utos niya sakin...

Nga pala, hindi na ako nakatali or whasoever...

Inilipat niya kasi ako sa isang room e...

Tapos, nilolock na lang niya para daw hindi ako makatakas...

Why I'm not screaming for help?

Mapapaos lang ako noh...

SOUND PROOF kaya yung room!

= \_\_\_\_\_ =

Sinunod ko na lang siya...

Baka mamaya, patayin pa ako nito ng wala sa oras...

Kahit lola na 'to, kidnapper pa rin 'to noh...

**[TCK LAST MOMENTS]\* -- HIS DECISION, HER REVELATION [FINALE PART 2]**

**(Tungsten's POV)**

Nakapagdecide na ako...

AYOKO!

Ayokong maikasal sa babaeng yun!!!

Putakte!!! Pede ko namang sustenuhan na lang yung bata e!!!

Bakit nga ba kailangan pang ikasal?!

Para happy family?!

P\*ta!

Sinong magiging masaya sa ganung set up?!

Siya lang makikinabang nun noh!!!

Hindi ako papayag!!!

Kay TIFFANY lang ako dapat ikasal!!!

Sa kanya lang!!!

Kay tagal kong nanahimik, ngayon ako'y babangon at lalaban ng muli!!!

HAHAHA. Madrama ba?

Aba, lintik na author yan ng story ko! Masyado ginive importance yung ibang character! Ako kaya bida dito!!!

AKO KAYA!!!

Hindi si Ayame o Nickel!!!

Supporting lang yun e!!!

Maggawa ka nga ng story nila!!!

Tapos sa story nila, damihan mo ang POV ko!!!

Epal sa story ko e! Nilamon na ng POV nila ang kabuuan ng kwento namin ni Tiffany!!!

Buwisit!!!

Pa'no pa kami magkakahappy ending nito?!

[**A/N:** Nababaliw na ho si Tungsten... Nandamay pa oh! = \_\_\_\_\_ = HELLO?! Kung talagang mahal na mahal na mahal na sukdulang mahal mo si Tiffany, dapat matagal mo na yang ginawa! Lul! = \_\_\_\_\_ = Hoho~ Dinamay mo pa ako... ^.^v Peace]

= \_\_\_\_\_ =

Umalis na ako ng bahay...

Hindi alam ni Rapist...

Bahala s'ya!!!

Pupuntahan ko ang Tiffany ko!

Kahit ipagtabuyan pa ako nun, dun lang ako kasi...

Dun ako sasaya... ;(

Hindi sa isang rapist na katulad niya!!!

= \_\_\_\_\_ =

Ni wala nga akong nararamdamang lukso ng dugo mula dun sa tiyan niya!

Buwisit na buntis! = \_\_\_\_\_ =

Sorry po...

Kasi naman, kung hindi niya ako nirape, mabubuo ba yun?!

Ano siya katulad ni Virgin Mary? = \_\_\_\_\_ =

Hindi na talaga ako nagdalawang isip...

Umalis na ako...

Nilayasan ko siya...

Magpakasal ka mag-isa bukas rapist!!!

= \_\_\_\_\_ =

\*\*\*

**(Ayame's POV)**

Kaaalis lang ni Nick...

Kasal daw kasi ng kapatid niya bukas...

Yea, I know right... = \_\_\_\_\_ =

Biglang nagring yung phone...

"Hello?" sagot ko, siguro si Kidnapper 'to... = \_\_\_\_\_ =

"This is what you're going to do... Tomorrow morning, at exactly 9am, you should be on the Birds of Paradise St., Greenwoods Subdivision... Last house from the left... May dadating na package dyan sa house niyo this night... Wear whatever is inside!!! UNDERSTAND?!" sabi ni Lolang kidnapper...

Waaah! = \_\_\_\_\_ =

Di na niya ako pinaimik...

Pagkatapos nun, she hanged up...

= \_\_\_\_\_ =

Susunod na lang ako...

Yun lang naman pala ipapagawa niya e...

EASY!

Naku ate... I'll protect you...

No matter what...

"Ding-dong" tunog ng doorbell...

Siguro ito na yung package na sinasabi...

Sosyal! Padamit pa ako ni lola...

Lumabas na ako...

Ano kayang klaseng damit yun...

Teka?

Baka naman hindi damit ang nakalagay!



Baka BOMBA!!! O\_\_\_\_\_O

Nakuh!!!

Unti-unti kong binuksan yung pinto...

Lumapit sa may gate at...

O\_\_\_\_\_O

A---a---anong?!

\*\*\*

**(Tungsten's POV)**

Nakarating na ako sa bahay nina Tiffany! Grabe. Miss ko na talaga siya!!!

=\_\_\_\_\_ =

Nagding dong ako...

Sana naman siya ang magbukas ng gate para sakin...

Pero...

Bakit ganun?!

Bakit itong si Ayame ang nagbukas?!

Badtrip naman oh! =\_\_\_\_\_ =

Gulat na gulat pa ata siya...

SHOCKING ba?!

= \_\_\_\_\_ =

Kung hindi lang kita magiging sister-in-law in the near future, nasapok na kita e...

"Ate mo?" tanong ko agad...

"Anong ignagawa mo dito?!" tanong niya...

"Nasan ang ate mo?" tanong ko ulit...

"Look, wala siya dito kaya pede ba, umalis ka na..."

"Nasan siya? Sabihin mo..."

"Pede ba, wala siya dito, she's on a vacation kaya pede ba ulit, umalis ka na... Diba kasal mo bukas?! Umalis ka na!!! At magpakasal ka na!" pagkatapos nun, sararhan na sana niya yung gate pero pinigilan ko...

"I'll wait for her..." sabi ko tapos pumasok na sa loob ng bahay nila... Feel at home lang nuh?! Hahaha!

"Tsk. Fine, bahala ka... As if she'll arrive... = \_\_\_\_\_ =" sabi niya then pumasok na din...

Two hours na... Dumating ako sa kanila, 6pm, 8pm na oh...

Nandun lang ako sa living room nila... Bakit ang tagal ni Tiffany? :(

Nagbakasyon nga ba s'ya? TT \_\_\_\_\_ TT

Si Ayame naman, nanonood lang ng TV, parang walang pakialam sa kin kahit mapanis ako dito...

"Hey..." I approached her...

Tumingin lang siya tapos nanood na ulit... = \_\_\_\_\_ =

Ano bang nagustuhan dito ni Nickel? Pareho sila... WEIRD!

Di ko na lang kinausap... Maya-maya, may nagdingdong... Waaaah! Baka si Tiffany na 'to... Makapag-ayos nga...

Tatayo na sana si Ayame, kaso pinigilan ko sabi ko ako na lang ang sasalubong sa kung sino mang nagdingdong... ^ \_\_\_\_\_ ^

Hello Tiffany!!! :D

Lumabas ako ng pinto tapos dumiresto sa gate pero...

Pagdating ko dun wala namang tao...

May package lang...

Eh? Big box...

Ano naman kayang laman nito...

Binasa ko yung note, *'Ayame Tamia Evangelista (9am. Birds of Paradise St., Greenwoods Subdivision, Last house from the left)'*

= \_\_\_\_\_ =

Ang gabi-gabi, may papackage pa...

Ano yun? May ka eyeball s'ya?!

Sumbong ko 'to kay Nickel eh...

Dinala ko na lang yung package dun sa loob... Nagulat naman siya...

"Here..." sabay lagay ko dun sa may side table na katabi nung inuupuan niyang sofa...

"Thanks..."

Yun lang... Napakadeadma naman nito...

= \_\_\_\_\_ =

Bakit ba ang suplada nito?

"Ayame..." sabi ko bigla, ewan ko ba... May gusto akong sabihin e...

Tumingin lang ulit siya but this time she answered...

"Bakit?"

"So---sorry..." Urgh. Kailangan kong magsorry... Alam ko, nasaktan ko ate niya but... Mahal ko talaga si Tiffany... Kaya nga ako nandito e... Para sa kanya...

"For what?" sabi niya then tumingin na ulit sa TV.

"Sa lahat... For hurt---"

"No need... Alam mo, ako dapat magsorry sa'yo... I've been unfair..." sabi niya then pinatay na yung TV.

Huh?

A----ano bang sinasabi niya?

"You didn't hurt my ate... I know you're not going to do things just to hurt her..." sabi niya then started to stare at me as if we're having a deep conversation.

"Siguro, it's time para malaman mo..." sabi niya then she started to talk long...

Ano? Anong dapat kong malaman?

Whaaat? ? \_\_\_\_\_?

\*\*\*

**(Ayame's POV)**

Dumating na yung package...

Si 'Kuya' Tungsten naman, hindi ko maipagtabuyan...

>:{

Waaaaah! He really loves my ate...

Alam ko, hindi niya gusto si Camella...

Mali ako nung una kasi...

Kasi...

Siguro kelangan ko na ding sabihin sa kanya...

Baka sakaling mapigilan ko pa yung kasal diba?

Pero... Pa'no pag si ate... Pag si ate ay---

Urgh. Wag naman sana! = \_\_\_\_\_ =

Dinala niya na yung package then he started to talk...

Nakikinig lang ako then nagreply na sa mga kung ano-anong sinasabi niya...

Waaah. He said 'sorry', no 'Kuya' Tungsten...

Don't tell me your sorry...

I'm the one who should tell you that...

Lalo akong nagi-guilty...

No please... No...

But... Still... I can't take this anymore...

I think I need to tell him everything...

It's not too late...

Kaya nga siya nandito diba... Para kay ate kasi...

Ayaw niya kay Camella...

WAAAAAAH! = \_\_\_\_\_ =

Sasabihin ko na ba...

Sige, sasabihin ko na...

"You didn't hurt my ate... I know you're not going to do things just to hurt her..." I know, naguguluhan siya... He doesn't know what I am talking about...

"Siguro, it's time para malaman mo..." nakikinig lang siya with a curious face...

"What is it?" tanong niya...

"Let me finish talking ok? Mamaya ka na magreact... And if you're going to react... Pede wag OA?" yun lang ang sinabi ko...

Tumango-tango naman siya...

'Kuya' Tungsten is really serious.

I can feel it... He really loves my ate...

\*\*\*

**(Tungsten's POV)**

She started talking...

Mamaya daw ako magrereact...

Wag daw OA.

Ok fine, I will not...

"It's about Xenon... Before he left... May sinabi siya kay Ate Khas..."

Nakikingig lang ako... Ano namang kinalaman nun sa amin ni Tiffany?

"It is about kuya Xenon having a one night stand with Camella..."

Ah... Yun pala...

Pero...

HUH?!

O \_\_\_\_\_ O

WHAAAAAAT?!

Ok, wag OA. = \_\_\_\_\_ =

Mamaya ang react...

"Sabi ni Xenon, the night they do it... Lasing daw si Camella and the reason is that, you, keep on ignoring her..."

"Kasi naman daw, pinalabas na ni Camella na may nangyari sa inyo pero ayaw mo pa din sa kanya..." she continued...

"Tinawagan daw niya si Xenon because she is fully drunk... Hindi niya kayang umuwi mag-isa... Dumating naman si Xenon and decided to bring Camella home... Home at Camella's Condo..."

"So? Anong meron?!" di ko na napigilang magsalita... I sense it...

"Let me finish it first ok?" sabi niya then tumango na lang ako...

"The night Xenon brought Camella home is the night Camella lost her virginity..."

Huh? O \_\_\_\_\_ O

But---

"Don't react... I know naguguluhan ka..." sabi pa ni Ayame.

"About the pics... Nakita na yun ni Xenon before pa may mangyari sa kanila, siguro naset up ka ni Camella days before they actually did it pero hindi na lang pinansin yung mga pics ni Xenon kasi that time naman daw, you are super inlove with my sister so malamang daw, blackmail lang yung pics. kasi, alam naman daw ni Xenon na hindi mo yun magagawa..."

"So what do you mean?"

Hindi ko siya maintindihan, ano bang gusto niyang sabihin?

Nung may nangyari sa amin ni Camella naano na siya ni Xenon o baka naman---

"Simple lang... Nothing happened between you and Camella and the baby Camella is bringing is not yours! It is Xenon's... SLOW!" sabi niya then siring... = \_\_\_\_\_ =

Sumiring ba naman pero... HUH?! O \_\_\_\_\_ O

"You can react now..." sabi niya then nagsmile...

"WHAAAAAT?! O \_\_\_ O But---"

"Hindi mo pa din naiintindihan? You retard... So slow..."

O\_\_\_\_\_O.

Magkapatid nga sila!

Tawagin ba naman daw akong RETARD! >\_<

Tumango na lang ako, slow nga pala ako noh =\_\_\_\_\_ =

Pasensya naman... Ikaw ba naman sabihan na yung ipapakasal sayo dahil nabuntis mo e hindi naman pala talaga ikaw ang ama nung ipinagbubuntis... =\_\_\_\_\_ = ANG GULO! ANG LABO!

"Sige, mas simpleng explanation... Yung pictures, sabihin na lang natin na... Nakita yun ni Xenon before something happened to them... Mas simpleng explanation? Looking way back at the date the pics were taken... Camella took the pictures a week before may nangyari sa kanila ni Xenon... At nung may nangyari sa kanila... Xenon found out that Camella is still virgin... So meaning, wala talagang nangyari sa inyo kasi, si Xenon ang nakaano kay Camella! At yung mga picture na magkatabi daw kayo sa bed, malaking palabas lang... Gets mo na?! WALANG NANGYARI sa inyo! PINIKOT ka lang niya!!!" sabi niya at...

\*processing...\*

\*processing...\*

\*processing...\*

-TING!

O\_\_\_\_\_O

Meaning, hindi ako ang ama?!

WAAAAAAAAAAAH! ^\_\_\_\_\_^

Bigla kong nayakap si Ayame ng wala sa oras!!!

Hindi ko mapigilang mapangiti sa mga napakinggan ko! Ang GAY ko naman ata!!!

Pero?! WAAAAAH! May rason na ako para umurong sa lintek na kasal na yun!!!

Kung bakit ba naman kasi ngayon lang sinabi ni Ayame!!!

"Kuya Tungsten... Stop hugging me, I can't breathe..." sabi niya pero nakayakap pa rin ako kay sister-in-law! Ang saya!!! :D Hindi pa ako magkakaanak!!! Hoho~ >:D

Biglang bumukas yung pinto...

“Kuya?”

**[TCK LAST MOMENTS]\* -- The Casanova’s Night. [FINALE PART 3]**

**(Ayame’s POV)**

WAAAAAH! = \_\_\_\_\_ =

Akala ko magagalit si Kuya Tungsten kasi...

Ngayon ko lang sinabi pero...

Ang weird! Natuwa pa siya!!!

At sa sobrang tuwa niya, niyapos niya ako!!!

WAAAAAH!!! Hindi tuloy ako makahinga!!!

Bumukas yung pinto...

“Kuya?”

WAAAAAAH! Si Nickel Boy... Naku!!!

Binitawan na ako ni Kuya Tungsten...

“What are you doing here?! Why are you hugging MY GIRLFRIEND?!” tanong niya then lumapit sakin and checked me... = \_\_\_\_\_ = OA ng boyfriend ko... Sapakin ko ‘to e...

“May nalaman lang siya...” sabi ko kay Nick...

“Ano? About Ate Aika?! Eh bakit mukhang masaya pa siya? May paghug pa sa’yo?! Masaya pa siya na----” pinutol ko yung sasabihin ni Nickel...

WAAAAAH! Kasi naman yung Ate ko nga pala!!! = \_\_\_\_\_ =

Naalala ko, nasa kidnapper pa nga pala!!!

“Hindi!!! Tunge...” sabi ko kay Nick, hindi nga pala nito alam yung about kay Xenon at Camella. = \_\_\_\_\_ = Akala naman niya ang sinabi ko kay Kuya Tungsten, nakidnap si Ate! Naku, another problem... TT \_\_\_\_\_ TT



Tumingin ako kay Kuya Tungsten... Parang...

WAAAAAAAH! Yung mukha niya ganito oh... >(<

"MAY HINDI PA BA AKO NALALAMAN?!" waaaaaaah! Kuya Tungsten!!! Nakakatakot ka! :((((

Bigla na lang nagring yung telepono...

Ako yung sumagot syempre... Baka yung kidnapper e! TT\_\_\_\_\_TT

"Hello?"

"Ayame, don't forget tomorrow, ipapaalala ko lang sa'yo... Wag mong sasabihin sa iba... UNDERSTAND?!" tapos binaba na niya yung phone...

WAAAAAH!!! WHAT TO DO?! WHAT TO DO?!

Ibinaba ko na yung phone then tumingin sa kanila...

"NOW WHAT AYAME?! May hindi ka pa ba nasasabi saakin?!" sabi niya then started walking towards me...

Naku po...

Si Nickel nakatanga lang! Lintek na boyfriend! Walang kwenta! Takot ata sa kuya?! TT\_\_\_\_\_TT HELP!

"Ka—kasii..."

Getting closer... Kuya Tungsten is getting closer...

WAAAAAAAH! >\_\_\_\_\_<

"FINE!!! I'll say it!!! My sister, she's kidnapped!!! She's not on a vacation! She is not SAFE! I don't know if she's still eating! Having enough rest or what?! I don't know!!! One month na s'yang nawawala!!! And yea?! The one who called, it's the kidnapper and she's asking me not to tell anyone about my ate because she going to kill her!!!" sabi ko then hindi ko na napigilan... I started to cry...

"Wha---whaaat?! Where is she?!" tanong ni kuya Tungsten, now he is panicking...

"I can't tell you... She's going to kill her If I tell you..." still I'm crying...

"LOOK AYAME! There's no time! I need to save her!" –Kuya Tungsten.

"Kuya, stop it, you're not helping!" sabi naman ni Nick tapos agad akong tinayo at dinala sa taas...

Sorry kuya Tungsten... I'm sorry...

I can't tell you... I'm afraid she might kill my sister...

I'm sorry...

\*\*\*

**(Tungsten's POV)**

Naiwan ako sa sala...

Pushaa! Nakidnap si Tiffany!!! Pushaaa!!!

Anong gagawin ko?!

Si Ayame, oo... Natatakot siya sa kaligtasan ng ate niya kaya hindi niya sabihin pero...

Si TIFFANY ko yun e!!! Kailangan ko siya iligtas!!!

P\*ta!!! Nasaan ba kasi siya?!

Napaupo na lang ako sa sala...

Thinking on where my life is...

Tiffany is my life... I can't afford to lose her...

Not now or forever...

Ngayon pang alam ko ng palabas lang pala ang lahat...

Kailangan ko siyang Makita...

Sino naman kayang kikiidnap sa kanya at...

Ano naman kayang rason?!

Napatingin ako sa side table...

Nandun yung package...

Naalala ko yung note...

Binasa ko ulit yung note, *'Ayame Tamia Evangelista (9am. Birds of Paradise St., Greenwood Subdivision, Last house from the left)'*

Kahinahinalang note...

Ayame? Sa ganitong sitwasyon...

Mag-aabala pang pumunta sa kung saan kung alam naman niyang yung ate niya ay----

TEKA.

PAUSE.

Tingin ulit sa note...

*'Ayame Tamia Evangelista (9am. Birds of Paradise St., Greenwood Subdivision, Last house from the left)'*

Hindi kaya...

***Birds of Paradise St., Greenwood Subdivision, Last house from the left...***

This place is the...

Hindi na ako nag-atubili pang pumunta...

P\*ta! Goodluck na lang saken!

Kung sino mang dumukot kay Tiffany, humanda ka sakin!!!

Babasagin ko mukha mo!!! Pushaaa!!! >\_\_\_\_\_<

Walang kasiguraduhan, pumunta ako dun sa lugar...

Isa yung abandunadong subdivision e kaya naman naconclude ko agad na baka yun na nga yung lugar...

Pushaaa! Tiffany hintayin mo ko!!! Ililigtas kita!!! >\_\_\_\_\_<

\*\*\*

### **(Aika's POV)**

Naligo na nga ako as what the LOLA KIDNAPPER has told me...

Grabe, ang ganda naman nitong dress... Kulay puti e... :)

I love white na!

Nandito lang ako sa kwarto ko...

Naks feel at home... =\_\_\_\_\_ =

Hinde, what I mean is nandito ako sa kulungan ko...

Blah, para naman akong baboy!!!

Basta nandito ako sa sa isang kwartong soundproof!

Lord, help me...

Padalhan mo naman ako ng savior kahit ngayon lang... TT\_\_\_\_\_TT

Nasa may bintana ako...

Mula dito, kita yung labas... Nasa isa ata kaming subdivision?

WAAAAAAAAAH! Miss ko na sina Papa, Ayame, Khas, Danna, Myka, Luke, Tyrone, Barium, Nickel, Vana, Lolo Iron, Tito Magz at si----

= \_\_\_\_\_ =

Nevermind... Hindi naman ako siguro iniisip nun...

Asa pa... Ikakasal na yun noh and they will live happily ever after after after after after and after at after pa kaya nito buhay pa ako!!!?

> \_\_\_\_\_ <

E di sila na...

Pero Aika...

Bakit ka BITTER?!

Masakit noh?!

Potek! Masakit nga!!! = \_\_\_\_\_ =

Hindi ko alam kung kelan kasal nila...

Ang alam ko lang ngayong November...

Sa mismong birthday ni Camella...

Siguro, naikasal na sila...

TT \_\_\_\_\_ TT

Tungsten, I hate you...

Mambubuntis ka na nga lang hindi pa----

Eep. Wala akong sinasabi!!! = \_\_\_\_\_ = >//////////<

Wala talaga akong mapakinggan, mapalabas, mapaloob...

Wala naman kasi akong kasama dito sa kwarto ko e...

Kumpleto 'tong kwarto...

May kama, may bintana, may pinto, may ilaw, may sofa pa nga e, meron ding banyo, may mini ref pa nga.. Dun ako nakuha ng food...

Yun lang...

Malaki yung kwarto infareness...

Yung bintana naman nakalock...

May lock na kanya kaya kahit sliding hindi mo mabubuksan...

Nasa labas yung lock e... Swertehan na lang kapag may nakapagbukas...

Basta, It's complicated. HAHA. :)

Ayan. Kamusta na kaya ang FB ko?

= \_\_\_\_\_ =

Wala lang, bigla lang pumasok sa utak ko...

Napatingin ako sa relo, oo may wall clock dun sa kwarto...

10pm na pala, makatulog na...

Bahala na kung bukas kung anong mangyayari...

5 minutes...

10 minutes...

15 minutes...

20 minutes...

30 minutes...

WAAAAAAAH! Bakit hindi ako makatulog?! = \_\_\_\_\_ =

Excited para bukas?!

Tsk. Tsk...

\*tok\*tok\*tok\*

Huh? Ano yun?

O\_\_\_\_\_O

Tingin sa bintana...

WAAAAAAH! May anino!!! May mumu!!!

Napataklob ako ng kumot... Takte, Aika, wala lang yan!!!

\*tok\*tok\*tok\*

Napatingin ulit ako, this time, may anino...

Papasok!!! Papalapit sakin!!! WAAAAAAH!!!

Takte, kahit anong sigaw ko dito, walang makakarinig kasi...

SOUNDPROOF ang kwartong 'to!!!

TT\_\_\_\_\_TT

Lola Kidnapper HELP!

Waaaah! Tama ba namang dun humingi ng tulong sa kidnapper?!

TT\_\_\_\_\_TT

Umipod lang ako ng umipod...

Potek!!!

\*PAK!\*

WAAAAAAAAAH! Ang sakit!!! Nahulog ako!!! WAAAAAAAAAH!!! TT\_\_\_\_\_TT

Lumapit yung anino tapos...

MADILIM! Hindi ko siya Makita!!! Potek!!! Sino ka?! TT\_\_\_\_\_TT

Hinawakan niya yung kamay ko then pulled me up...

Huh?

His touch...

I can feel him...

Hindi ako pedeng magkamali...

Nung nakatayo na ako...

He pulled me closer...

Closer to him...

WAAAAAAAAAAH! >///  
<

He's hugging me now...

Pushaaa!!!

>/////////<



Mapula na! Mapula na!!!

One last thing so that I can prove he is he...

Isa na lang!!!

Then he started talking...

"Tiffany ko..."

O\_\_\_\_\_O

Nakahug lang siya sakin...

As if nothing happened, nothing happens and nothing will happen or about to happen...

Waaaah. = \_\_\_\_\_ = Lintek, what's happening?!

I can't help myself...

I don't know why...

I hugged him back...

I feel safe in his arms...

Kahit na alam kong mali...

Mali kasi... Nagmumukha akong ----...

May asawa na siya... Magkakaanak na sila...

Ako? Ka----

"I miss you..." napakalas ako sa yakap niya...

Hindi pede... Hindi...

"Anong ginagawa mo dito? = \_\_\_\_\_=" tanong ko kunwari walang hug kanina...

Tiffany BAD! Si Tungsten yan oh! >:(

I miss you daw!!!

Waaah! Tungsten, I MISS YOU TOO! Pushaaa!!!

Kung alam mo lang!!! Hayooop!!!

= \_\_\_\_\_ =

"I'm here to save you..." tapos lumapit ulit siya sakin... >///  
<

"I'm not gonna let you go again... Not anymore..." then he hugged me na ulit...

WAAAAAH! Pushaa! Ilayo niyo ang lalaking 'to! MAPULA na!!! MAPULA na!!!

"You're blushing... Stupid..." sabi niya at...

O \_\_\_\_\_ O

S-stu? Stu what?!

Hindi na ako umimik... Pushaa. Bakit ganun? Madilim na't lahat! Kita pa rin niyang nagblush ako...

E ano naman?! = \_\_\_\_\_ =

Taken na siya...

Iniwang niya ako kasi nakabuntis siya...

At ngayon, magpapakasal na siya...

Hindi ko nga alam kung kasal na siya o hindi pa...

Pero, bakit siya nandito?

Paano niya nalaman?

Umupo na ako sa kama ko, naks! Feeling kwarto ko talaga e...

Kumalas na ulit ako sa hug niya...

Si Tungsten, PAASA...

PAASA!

"Umalis ka na..." sabi ko sa kanya...

Umalis ka na Tungsten...

Umalis ka na...

Baka madamay ka pa...

"No..." tapos lumapit ulit siya... >/////////<

Tae, wag kang lumapit!!! Natutukso ako!!!

"Tiffany, una sa lahat... Sorry..." nagsasalita lang siya, ako naman, nakikinig...

Bahala ka, magsalita ka if you want...

Kung maeexplain ka, sulitin mo na kasi bukas...

Hindi ko alam pero parang...

"Sorry for not letting you know... About the engagement... About the party... About everything..." sabi niya, ako naman, itong napakatraydor kong luha, wala na, traydor nga! Pumatak e... = \_\_\_\_\_ =

"Sorry kung hindi ko nasabi sa'yo kasi that day..." sabi pa niya...

Yung araw na yun, first monthsary dapat namin...

May surprise daw siya sa kin...

Wag kang mag-alala Tungsten, nasurprise mo ako...

Yea, great...

WAAAAAAH! Traydor na luha!!! Pushaaa! TT \_\_\_\_\_ TT

"Nung araw na yon... Biglaan ang lahat... Hindi ko alam..." sabi pa niya and then he is sobbing? O\_\_\_\_O

"Tiffany, ang tanga tanga ko..." buti alam mo... = \_\_\_\_\_ =

"Pumayag ako dun sa condition nila kasi... Napilit lang ako... Tiffany ko... Ayoko kay Camella..." weh?! Kung ayaw mo, bakit mo binuntis!!! Makating lalaki!!! = \_\_\_\_\_ =

"Umalis ka na..." sabi ko sa kanya...

"Let me finish my story first..." wow! STORY pala ha!? Ano 'to BED TIME STORY! Pampatulog?! Pampabangungot o what?!

"Tungsten, umalis ka na... I don't wanna see you anymore..." TT \_\_\_\_\_ TT

Nasabi ko yun? :(

"Hindi ako aalis dito, makinig ka muna sakin!!!" O-M. Now he's scary!!! O \_\_\_\_\_ O Nakupo!!! Yung traydor kong luha, tumigil na, natakot din ata!!!

"Fine, I'll listen, but after you finished your STORY, umalis ka na ha!" sabi ko then umupo na...

Nakakabuwisit na nakakatakot naman 'tong lalaking 'to... = \_\_\_\_\_ =

Tumingin lang siya sakin sincerely...

I can see it in his eyes...

"Wala akong alam sa mga nangyari... Hindi ko ginusto yun... Yung nangyari samin ni Camella, the pictures... Tiffany... Palabas lang lahat ng yun... Walang nangyari samin! WALA. WALA. WALA! Kasi, ang ama ng baby na nasa tiyan niya, hindi ako! Si Xenon!!! Siya!!! Kaya ako nandito kasi hinanap kita... Miss na kita kasi... Mahal kita... Tiffany, I never stop loving you... I just stopped showing it... ngayon, pinapaalis mo ko... FINE! I'll go kung yan ang gusto mo... I'll go..." tapos ayon, lumapit na siya dun sa bintana... WAAAAAAH! O \_\_\_\_\_ O Aalis na nga!!!

Hindi ko alam ang gagawin ko, masyado akong nashock sa mga narinig ko...

Pero bakit parang ang gulo... WAAAAAH!

"Tungsten, dito ka lang! Pushaa naman oh... Akala ko ba mahal mo ako!? Eh bakit ka aalis?! Tunge!!!" tapos lumapit ako sa kanya... I hugged him from the back... Nakatalikod siya e...

Humarap naman siya sakin...

^ \_\_\_\_\_ ^ -siya.

Ako? TT \_\_\_\_\_ TT

"Tunge? Ako? TUNGE?! Ikaw tunge! HAHAHA! Ikaw?! liwanan ko dito?! Tunge!!! Diba nasabi ko na kanina, nagpunta ako dito kasi ililigtas kita?! TUNGE! Tara na nga!!! Kung di lang kita mahal!" tapos pumunta na kami dun sa may bintana kung saan siya dumaan kanina...

Tungsten: O \_\_\_\_\_ O

Ako: = \_\_\_\_\_ =

"Oh? Ano? Akala ko ba ililigtas mo ko?" tanong ko sa kaniya...

"Ka—kasii Tiffany ko... Ano e..." sabi niya tapos humarap sakin...

"Ano?"

"Yung bintana e... Nakalock na ulit... = \_\_\_\_\_ = Sorry..." sabi niya tapos pumunta dun sa kama...

Huh? O \_\_\_\_\_ O

WHAAAAAT?!

"ANO?!" sabi ko then pinilit kong buksan yung bintana kaso, nakalock na nga!!!

Waaaah! Tungsten, TUNGE!!! = \_\_\_\_\_ =

No choice... Pushaaa...

Lord, nagpadala ka nga ng savior... Palpak naman... = \_\_\_\_\_ =

Thank you po ha...

Umupo ako sa tabi niya...

"So anong gagawin natin Mr. Knight in shining armor ko?" tanong ko sa kanya... Hindi naman inis kasi... Biruin niyo, nageffort din naman siya noh...

"Matutulog..." WHAAAAT?! O\_\_\_O = \_\_\_\_\_ =

"Ano?! Akala ko ba ililigtas mo ako? Bakit ka matutulog?" tanong ko...

"Tiffany ko naman e... Halika nga..." tapos hinigit niya ako sa tabi niya... Napahiga na din ako... Waaah! >/////<

Nakahiga na kami parehas...

Biglan niya akong hinug...

"Tiffany, wag ka munang maingay ha?! Wala na tayong magagawa, we're locked..." sabi niya then he pulled me closer, pusha... And closer...

I can feel his breathe now...

Ambango! >///<

Parang nung una lang na hiningahan lang niya ako...

Waaah!

"You're blushing..." sabi niya then nagsmile...

WAAAAAAAH! >///<

"Tiffany ko, can we stay like this for awhile?" tanong niya...

>///<

"Tunge! Kita mong nasa danger zone pa tayo tsaka tingin mo, pinapatawad na kita? Hindi pa noh! Iligtas mo muna ako! Papatawarin kita... :P" sabi ko sa kanya then waaaaah! He pulled me closer, again! >/////<

"Iligtas naman kita e... Just please, can we stay like this for awhile..." sabi niya then he started kissing my forehead... Waaah!

Hindi na ako umimik... I can feel his touch everywhere...

LOL. JOKE. Hoho~ >:D

"Hey, kung ano man yang binabalak mo, SAPAKIN kita! You like?!" sabi ko then sinapok ko nga... Waaah! Nanananching na e! >/////<

"Malisyosang Tomato... Tiffany naman e, tingin mo gagawin ko yun sayo?! No way... I respect you..." then he kissed me on my lips, waaah! Smack lang nga e! Kabitin !!!! >///  
<

Pushaa, ano bang nangyayari sakin...

Tungsten naman kasi!

"Tiffany ko..." he said.

"Yea?" waaaah! Bati na ba kami?! >///  
<

"Tulog na tayo?" tanong niya...

"Ayoko nga, waaaah!" sabi ko, wala lang... Lintek na lalaki 'to, di ba 'to kinakabahan? Anytime, pedeng may pumasok sa pintong yun oh (point sa pinto ng kwarto), pa'no pag nakita kami?!

"Bakit naman?! Minsan na nga lang kita makakatabi pag tulog ayaw mo pa!!! KJ!!!" sabi niya then nagpout...

Pushaa, Tungsten, saka ka na magpout!

Lintek na Knight in Shining Armor na 'to, walang kwenta... = \_\_\_\_ =

KJ daw ako?! Tunge Tungsten... Bahala ka nga diyan!

Tumayo ako sa kama, buwisit na Tungsten...

KJ pala ha, :P

Mag-isa ka dyan...

## [TCK LAST MOMENTS]\* -- PRANK CALL? [FINALE PART 4]

### (Tungsten's POV)

Pumunta na nga ako dun sa '*Birds of Paradise St., Greenwood Subdivision, Last house from the left...*'

Pagdating ko dun, nagmanman muna ako... Para akong secret agent e... = \_\_\_\_\_ =

Nakita ko may dumungaw dun sa bintana... WAAAAH! Si Tiffany yun ah!!!

Dali-dali akong pumunta sa may ladder na nasa gilid nung bintana! Dun ako dadaanan...

Pagkadating ko dun sa may taas, parang tunge, yung lock ng bintana nasa labas... Pasadya?!

Nakita ko naman si Tiffany, nakabalot ng kumot... Siguro malamig sa loob...

Pagkaunlock ko nung bintana, isinara ko ulit...

Lumapit ako kay Tiffany...

Nalaglag siya sa kama! O \_\_\_\_ O

Teka, alam ba niyang----

At ayoon nga, alam n'yo na ang mga nangyari kanina, nagdrama ako ok?

Miss ko na ang Tiffany ko e!!! ^ \_\_\_\_\_ ^

Hanggang sa nasabi ko na sa kanya ang lahat... At YES!

Bakit ang bait talaga ni Tiffany? Bati na agad kami...

How lucky I am to have this girl...

She is my life...

She really is...

At ayoon na nga, napakatunge ko nga pala, mag eescape na sana kami kaso, nakalock na yung bintana... Kasi naman e, Tungsten, ang stupid...  
= \_\_\_\_\_ =

Nagdecide na lang akong matulog, wala na din naman kaming magagawa e...

Para rin kung sakaling may mga masasamang loob na kumuha kay Tiffany, I'm full of energy na ulit para maipagtanggol ko siya...

Gets n'yo ba?!

Ito namang si Tiffany, madamot! Nagmomoment pa kami kanina bigla na lang tumayo... Nasabihan ko kasing KJ. Sorry naman...

Pumunta siya dun sa may bintana...

Ramdam ko siya... She's missing her family badly...



Lumapit ako sa kanya tapos hinug siya mula sa likod...

O sige, ako na ang dakilang mangyayapos! Bakit? Gusto niyo yapusin ko din kayo e! HAHAHAHA. Ibalik ang \*Handsome Laugh\* >:D

"Kamusta na kaya sila... I miss my dad, my sister, my friends, everyone... I miss the outside world (Wow, PBB?!)"... sabi ni Tiffany sabay sniff...

>:(

I feel her... She needs comfort...

"Tiffany ko... Ok lang sila..." yun lang ang nasabi ko...

"Hinahanap kaya nila ako?" tanong niya...

Aba, loko pa 'to e... Syempre! Hinahanap siya at si Ayame nga, pautas na sa pagtatago sa kanya kasi, kapag may nakaalam, papatayin siya! Teka, sasabihin ko ba? = \_\_\_\_\_ =

Wag na lang siguro...

"Oo naman... You see, hinanap kita oh... and I found you..." sabi ko then I kissed her sa cheek... Nakatalikod pa rin siya sakin...

I can see, she's blushing... Why is she keep on blushing whenever I do those things? Kinikilig?! Naman?! ^ \_\_\_\_\_ ^ Dadalasan ko pala!!!

"Tungsten, why are you so sweet?" tanong niya saka napasmile...

"Pa'no bang hindi magiging hindi... If my sweetness is the only way to show how much I love you..." sabi ko then I hugged her to the tightest...

"Nak nang!!!" O \_\_\_\_\_ O She cussed?!

"Tiffany ko galit ka ba?!" tanong ko sa kanya...

"No."

"Then why did you cussed?" tanong ko...

"Pa'no bang magiging hindi... If my cussing is the only way to show my THANK YOU?! :)" she said then faced me...

Now we're face to face...

"Tungsty..." O \_\_\_\_ O Waaah?! She called me Tungsty? ^ \_\_\_\_ ^

"Yea?" papresko lang. Hahaha! >>D

"Thank you and..." nag tiptoe siya then wishpered...

"I love you... Still, I too never stopped it... I just chose to hide it..." then after nun kiniss niya ako sa cheek...

>////////>

"STUPID TUNGSTEN! Haha! BLUSHING! ;P" sabi niya then pumunta na ulit dun sa kama, umupo siya dun sa may gilid...

Teka? Nagblush ako?! Yuck! I'm so GAY! >/////<

"Teka, Mr. Tungsten Iron Corpuz..." sabi niya while I'm walking towards her...

"What?" tanong ko...

"How did you know na nandito ako?" tanong niya...

"Ah... It's Ayame..." O \_\_\_\_ o Waaah. Patay, nadulas ako!

"Huh? What about my sister at te—teka... Pa---Papanong----"

"Ok, Tiffany, don't panic, sasabihin ko sa'yo lahat ok..." sabi ko then I started to talk...

\*\*\*

**(Aika's POV)**

"Ok, Tiffany, don't panic, sasabihin ko sa'yo lahat ok..." sabi n'ya then he started to talk...

"Kanina, I was on your house, looking for you... Sabi niya you are in a vacation pero ewan ko ba, hindi ako naniwala e... I waited for you... At ayoon nga, nandun lang ako at si Ayame nandun din lang... May nagdoorbell then akala ko ikaw na yung dumating so sabi ko ako na lang ang sasalubong but... Hindi nga ikaw at isang package yung dumating na may note..." sabi niya, ako naman nakikinig lang...

"Dun sa package, may Nakalagay na... 'Ayame Tamia Evangelista (9am. Birds of Paradise St., Greenwoods Subdivision, Last house from the left)' ... Di ko na lang pinansin kasi, akala ko wala lang yun... But then, may ipinagtapat siya sakin, yung about nga kay Xenon at Camella... Then after that I hugged her kasi, natuwa ako... Na wala talagang nangyari sa'min... Na may pag-asa talagang maging tayo pa... Pero dumating si Nickel..." he said...

"What happened?" tanong ko.

"He shouted at me like, bakit natutuwa pa ako sa nalaman ko... Naguluhan ako kanina kasi parang may hindi pa ako alam so I asked Ayame right a way..." sabi niya the he sigh...

"Biglang may tumawag sa inyo... I don't know who... Pero sa expression ni Ayame, she's worried... She really is... Siguro yung kidnapper..." he said while holding my hand... Yes, he held my hand...

"Sinabi niya sakin... I forced her to tell me 'bout everything... At ayoon nga sinabi niya... But... She didn't tell me where you are so, I tried the street in the package I had seen kaya ako napapunta dito... Sabihin na nating, no choice at, who the hell would think na yung kapatid mo nawawala tapos ikaw may gan pang makipag eyeball... Naghinala ako dun sa package kaya nagpunta ako dito..."

"So, it means? Alam ni Ayame kung nasaan ako?" tanong ko sa kanya...

"Yea, maybe... At siguro, the kidnapper threatened her not to tell anyone... At siguro by tomorrow, magkikita sila nung kumuha sa'yo kasi there is a certain date and place in the package... Sinadya..." sabi niya...

"Tungsten you must stop her!!!" I told him... Ayaw kong madamay si Ayame... Ayoko...

"Tiffany I can't... You see, we're locked..." sabi niya in a low voice...

"Tungsten..." now I'm crying... Yung kapatid ko... She's insane... Bakit s'ya nakipagdeal dun sa matandang yun... BAKIT?! Because she really loves me? Well I do love her too at ayoko siyang madamay dito kaya, she must not go... She MUST NOT...

"Stop crying Tiffany, I know we will be safe soon... Please stop... Malaki na si Ayame, she can manage herself... Let's trust her..." sabi niya then hugged me again... AGAIN!? O \_\_\_\_O Waaaah. Tungsten... = \_\_\_\_\_ = I need you now... I really do so thank you...

\*\*\*

### **(Lady Cassandra's POV)**

8am, need to get ready... one more hour... Haha... Let's see what Atty. Theodore can do...

\*dialing someone\*

"Hello, Good Morning... Atty. Evangelista's Law Firm, how may I help you ma'am/sir?" the girl from the other line answered...

"Can I speak to your boss? Tell him I'm his friend..." I replied...

"Wait ma'am, I'll just transfer the call to his office..."

.PHONE CALL HOLD.

Haha... You will see Theodore...

YOU WILL SEE...

\*\*\*

**(Atty. Theodore's POV)**

"Sir, call has been transferred. Friend of yours daw po..." sabi ng aking secretary...

"Ok, thanks..." I answered my employee...

.  
. .  
.

"Hello, Atty. Evangelista on the line? Who's this?"

"Hello, Atty... Haha... Remember this voice?" from the other line.

"Ahm. No? Who is this? Can you just please answer now? I'm a busy person..."

"Really then? Magiging busy ka pa kaya kapag nalaman mong bihag ko ang MGA anak mo?!" sabi nung nasa kabilang linya.

What? O\_\_\_O

"Who is this?! Are you trying to make PRANK CALLS?! Well, please stop this nonsense or else, Imma put you in JAIL!" I answered back...

"HAHAHA. No need Atty., nanggaling na nga ako dun e... And it's all because of you... Hahaha... 9:30am, in that time, kailangan mong mahanap ang mga anak mo... Pag hindi mo sila nakita, say goodbye to them... HAHAHA! Wag kang magsasama ng iba o magsusumbong sa pulis, I have an eye on you... Once you break my rule, your daughters will die... UNDERSTAND?!"

Then she hanged up the phone...

What time is it...

8am, 1 and 1 half more! No, my daughters! But...

What if... It's just a prank call?!

Tumawag ako sa bahay...

Urg. No one is answering! Aika, Ayame! Where are the both of you?!

Hindi ko alam kung sinong tumawag...

Naipatalo ko ang kaso niya?!

Who's that?!

Pero... Isa lang naman ang napapatalo kong kaso e... Yung kaso ni...

